



March 2016

Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-Komiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya

Sharon Rose D.R. Aguila
Philippine Normal University

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Aguila, S.R.D.R., Bandril, L.T., & Peña, E.L. (2016)

Pagsusuri sa mga obra maestrang isina-komiks: tungo sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan sa antas sekundarya
(Master's Thesis, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/403

**PAGSUSURI SA MGA OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS:
TUNGO SA PAGBUO NG PAMANTAYAN SA PAGSUSURI NG
PANTULONG NA KAGAMITAN SA ANTAS SEKUNDARYA**

TESIS

**Iniharap sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at
Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro
PAMANTASANG NORMAL NG PILIPINAS
Daang Taft, Maynila**

**Bilang Bahaging Katuparan sa Pangangailangan sa Pagtatamo ng Titulong
MASTER SA SINING NG EDUKASYON
SA PAGTUTURO NG FILIPINO**

ni

SHARON ROSE D.R. AGUILA

Marso 2016

TALAAN NG NILALAMAN

	PAHINA
PAHINA NG TITULO	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
ABSTRAK	iii
PASASALAMAT	vi
PAGHAHANDOG	viii
KABANATA I - ANG SULIRANIN AT ANG KALIGIRAN NITO	1
1.1 Panimula	1
1.2 Batayang Konseptwal	9
1.3 Paradigma ng Pag-aaral	31
1.4 Paglalahad ng Layunin	34
1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral	35
1.6 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral	37
1.7 Kahulugan ng mga Terminolohiya	38
 KABANATA II - MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL	 40
2.1 Mga Kaugnay na Literatura	40
2.1.1 Ang Panitikan sa Loob ng Kulturang Popular	40
2.1.2 Ang Kultura ng Komiks Bilang Panitikang Popular	46
2.1.3 Ang Komiks at ang Kaligirang Pangkasaysayan Nito	49

2.1.4	Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Komiks	
	Bilang Pantulong na Kagamitan	53
2.1.5	Mga Simulain at Pananaw sa Pagpili at Pagbuo ng	
	Pantulong na Kagamitan	56
2.2	Mga Kaugnay na Pag-aaral	62
KABANATA III - PAMARAAN AT PANGANGALAP NG DATOS		82
3.1	Disenyo / Pamaraan ng Pananaliksik	82
3.2	Mga Kalahok	83
3.3	Mga Instrumentong Ginamit	83
3.4	Mga Hakbang sa Pag-aaral	83
KABANATA IV – PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS		87
4.1	Mga Sinuring Bersyon ng mga	
	Obra Maestrang Isina-komiks	87
4.2	Pagsusuri ng mga Obra Maestrang Isina-komiks	89
4.3	Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks	
	Bilang Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya	114
4.4	Ebalwasyon sa Binuong Pamantayan sa Pantulong na Kagamitan	115
4.5	Rebisyon ng Binuong Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks	
	Bilang Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya	118

KABANATA V – BUOD, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON	119
5.1 Buod	119
5.2 Mga Kinalabasan ng Pag-aaral	120
5.3 Kongklusyon	127
5.4 Rekomendasyon	129
 MGA SANGGUNIAN	 131
 APENDIKS	 137
A Pabalat ng mga Obra Maestrang Isina-komiks na Ginamit sa Pagsusuri	137
B Mga Tiyak na Datos ng mga Sinuring Obra Maestrang Isina-komiks	142
Kombinasyon ng Salita at Larawan	143
Uri ng Transisyon ng mga Pangyayari	158
Mga Diyalogo / Usapan	167
Mga Salaysay (<i>Captions</i>)	177
Pananaw (POV)	192
Estilo	200
Mga Kuwadro (<i>Frame</i>).....	222

C	Pamantayang Nabuo sa Pagsusuri ng mga Obra Maestrang Isina-komiks Bilang Pantulong na Kagamitan (Unang Burador)	248
D	Liham sa mga Ebalweytor ng Binuong Pamantayan	253
E	Ebalwasyong Papel sa mga Guro at mga Eksperto sa Larangan ng Komiks	255
F	Talahanayan ng mga Ebalweytor	258
G	Pamantayang Nabuo sa Pagsusuri ng mga Obra Maestrang Isina-komiks Bilang Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya (Pinal na Kopya)	261
RESULTA NG AUTHENTICITY TEST		267
CURRICULUM VITAE		268

MGA TALAHANAYAN

Bilang 1	88
Bilang 2	90
Bilang 3	93
Bilang 4	95
Bilang 5	96
Bilang 6	98
Bilang 7	100
Bilang 8	102
Bilang 9	104
Bilang 10	107
Bilang 11	109
Bilang 12	111
Bilang 13	116

PASASALAMAT

Sa bahaging ito ay nais ipaabot ng mananaliksik ang walang hanggang pasasalamat sa mga nasa likod ng katagumpayan ng pag-aaral na ito:

SA AKING MGA BUTIHING TAGAPAYO, Prop. Lolita T. Bandril at Estrella L. Peña, dahil sa kanilang paggabay na tulad ng ina at sa pagbabahagi ng di matatawarang karunungan at suporta upang mabuo ang pananaliksik na ito;

SA AKING MGA NAGING PANELISTS, Dr. Niña Christina L. Zamora, Dr. Voltaire M. Villanueva at Prop. Joel C. Malabanan, dahil sa kanilang kabutihan, patuloy na suporta at mayayamang mungkahi upang mapaunlad pa ang pananaliksik na ito;

SA MAHAL NA DEKANA, Dr. Zenaida Q. Reyes, sa malugod na pagtanggap sa aking pinaghirapang pananaliksik at maisakatuparan ang pagtatapos sa Master sa Sining ng Edukasyon sa Pagtuturo ng Filipino;

SA MGA EKSPERTO SA LARANGAN NG KOMIKS, G. Dino Agor, G. Richard Benito, higit kina G. Edgar Bercasio, G. Karlo Cesar Cordero at G. Randy Valiente, dahil sa kanilang mainit na pagtanggap at walang pagdadalawang-isip na paglalaan ng oras upang ibahagi ang kanilang kahusayan sa kaugnay na larangang naging sentro ng aking pag-aaral;

SA MGA GURONG EBALWEYTOR, G. Brenson Y. Andres, Bb. Katrina Paula V. Ortega, Bb. Shiela E. Gito, G. Dennis Van B. Grospe, Bb. Edberly T. Maglangit, Bb. Mirriam Joy L. Perdigon, G. Mercidita F. Sanchez, Bb. Jenevieve A. Soliman, G. Joana Marie R. Sy at Bb. Angela Francia Timan, na taos-pusong nagbigay ng kanilang panahon upang magsagawa ng pagtataya para sa ikauunlad ng pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan bilang mahalagang awput ng aking pag-aaral;

SA MGA MAHAL KONG GURO, mula sa aking naging propesor noong ako ay nasa kolehiyo pa lamang sa PNU hanggang sa aking pagkuha ng degri na walang kapaguran sa pagbabahagi ng kaalaman at nagbigay ng natatanging inspirasyon upang lalo akong magsumikap sa pagkakamit ng aking pangarap na maging edukador;

SA MGA MINAMAHAL NA KAIBIGAN, ang mga taong nasa likod ng aking tagumpay, mga kasamahan sa UPIS, aking bebes, Pakajep, Tropang Isaw sa SSLQC, mga kaibigang Deparonians lalo na kina Allan-Von Malaki at Jennifer Abrantes na nagbigay ng moral na suporta at dasal para matapos ang pag-aaral na ito;

SA PINAKAMAMAHAL KONG PAMILYA, ang aking DADDY, MOMMY, MELVIN, KUYA NOEL, BABYGURL, DAN, NAYNAY at KITI, na kailanman ay hindi tumigil na maniwala at magtiwala sa akin, sa walang kapantay na pagmamahal at pag-aaruga na kanilang ibinibigay;

At higit sa lahat, sa **PANGINOONG DIYOS** na nagbigay ng buhay at lahat-lahat sa akin...

MARAMING-MARAMING SALAMAT!

- Sharon Rose

Para sa

Aking Amang Panginoon

Kapag Siya ang kumilos, walang hindi maaayos;

Daddy Peter, Mommy Cel, Naynay, mga Kapatid – Kuya Noel, Babygurl, Dan, Kiti

Sa inyong piling, wala na akong mahihiling;

At sa minamahal kong **Melvin**

Panghahawakan ang mga pangarap na magkasama tayong bubuuin...

Ang pag-aaral na ito ay para sa **INYO...**

Abstrak

MANANALIKSIK :	Sharon Rose D.R. Aguila
PAMAGAT :	Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-Komiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya
MAHAHALAGANG KONSEPTO:	Elemento at Aspekto ng Komiks Kombinasyong Salita-Larawan Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Motibasyon sa Pagbasa Obra Maestra Pantulong na Kagamitan
DEGRI :	Master ng Sining sa Edukasyon Dalubhasa sa Pagtuturo ng Filipino
MGA TAGAPAYO :	Lolita T. Bandril Estrella L. Peña

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga obra maestrang isina-komiks na magsisilbing gabay sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya. Naging batayan sa pagsusuri ang teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na Kombinasyong Salita at Larawan (*Word-Picture Combinations*) kung saan pumapaloob ang iba't ibang ugnayan ng salita at larawan sa komiks, gayundin ang transisyon ng mga pangyayaring magpapalutang sa kasiningang taglay ng naturang babasahin. Binigyang-tuon din sa pagsusuri ang mga simulain nina Gimena (2011) at Valiente (2009) kaugnay sa mga elementong pangnilalaman at teknikal na aspekto ng komiks na kinabibilangan ng banghay, tauhan, diyologo o mga usapan, salaysay (*caption*), pananaw o POV (*point of*

view), tema, estilo, pahinasyon at mga kuwadro. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito, nilikom ng mananaliksik ang lahat ng bersyon ng mga obra maestrang isina-komiks na nakasulat sa wikang Filipino. Sa pagsusuri, natuklasan ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga bersyon. Kabilang sa mga pagkakatulad ng mga ito ang magkaagapay na paggamit ng mga salita at larawan sa pagpapalutang ng *effects* at mensahe ng kuwento, ang mga katangiang taglay ng mga pangnilalamang elementong nasuri sa bawat komiks gaya ng banghay, tauhan, paggamit ng pananaw sa ikatlong persona at tema. Ilan naman sa mga pagkakaibang nasuri sa mga komiks ang iba't ibang estilo ng mga awtor sa paghabi ng mga diyalogo at salaysay, pagpili ng mga tayutay na gagamitin at iba pang kagamitang wika na nakapaloob sa mga usapan, paraan ng paglilipat ng eksena o transisyong biswal, maging sa teknikal na aspekto gaya ng pahinasyon at iba't ibang kuha sa mga kuwento upang ipakita ang mga mahahalagang pangyayari mula sa orihinal na akda.

Matapos ang pagsusuri, ginamit itong gabay ng mananaliksik upang makabuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan na magagamit ng guro sa antas sekundarya kung saan isinaalang-alang ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa (*Theory of Motivation in Reading*) nina Guthrie at Wang (2004), maging ang pangkalahatang prinsipyo sa pagbuo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001).

Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, napili ang sampung (10) guro sa Filipino na nagtuturo sa antas sekundarya at limang (5) eksperto sa larangan ng komiks upang mag-ebalweyt sa binuong pamantayan. Mula sa ibinigay na ebalwasyon, nirebisa ang pamantayan na nagsilbing awtput ng pag-aaral.

Batay sa mga naging resulta, iminungkahi sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga babasahing gagamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Makatutulong ito upang mapiling mabuti ang mga supplementaryong materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral tungo sa pagpapalawak at pagpapayaman ng mga aralin, maging sa mga manlilikha ng komiks sa pagtiyak ng kaangkupan nito sa target na mambabasa.

KABANATA I

ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

1.1 Panimula

Hindi na mabilang ang pagbabagong dulot ng teknolohiya na tunay ngang masasalamín sa kasalukuyang panahon. Isa sa pinakamalaking pagbabagong ito ang pagkakaroon ng iba't ibang makabagong paraan ng pagkuha ng impormasyon. Marami na at patuloy pang dumarami ang mga sanggunian na siyang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkuha ng mga kinakailangang kaalaman para sa kanilang pagkatuto. Maliban dito, isinasaalang-alang din ang mga bagay o gawain na maaaring magbigay ng motibasyon sa kanila upang magkaroon ng kawilihan sa pag-aaral.

Sa anumang asignatura, iba't ibang kagamitan ang siyang nililina upang makatulong nang lubusan sa mga edukador maging sa mga magulang para maisakatuparan ang layunin ukol sa ganap at epektibong pagkatuto ng isang mag-aaral. Sa mga guro sa wika at panitikan, napakahalagang magkaroon ng maraming alternatibong kagamitan na pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto lalo't higit sa paglinang ng mga makrong kasanayan. Kabilang sa mga kasanayang ito ang pagbasa. Sa gawaing ito, mahalaga na maipagpatuloy ang kawilihan sa mga makabuluhang akdang pampanitikan bilang pundamental na bahagi ng ating kultura at

buhay. Hindi ito nararapat na alisin bilang salamin ng ating mga kaugalian, saloobin at paniniwala.

Ang identidad ng pagkatao tulad ng pagka-Pilipino ay nakikilala rin sa pamamagitan ng sariling panitikan. Dahil dito, maaaring sabihin na hindi kumpleto ang isang bansa, kung walang panitikan. Ayon kay Rubin (2001), ito ay walang kamatayan at mapalad ang mambabasa sa kasalukuyan sapagkat nababasa niya ang iba't ibang pagbabagong nagaganap di lamang sa daigdig na ginagalawan niya kundi maging sa daigdig ng nakalipas na panahon. Itinatampok sa panitikan ang buhay, kaugalian, mga karanasan at kalagayan ng lipunan o pulutong ng mga taong naghahari sa kinauukulang panahon. Salamin ito ng kaligayahan, ng kalungkutan, ng pakikibaka, ng pagbabago, ng pagkakasundo at ng pag-unlad. Samakatuwid, larawan ng sangkatauhan ang panitikan. Kinakailangang mapanatili ang kagandahan at kasiningan nito na siyang maipapamana sa mga susunod na henerasyon. Higit itong makatutulong sa pag-unlad ng isang bansa sa bawat panahon na pinagdaanan nito at daraanan pa sa hinaharap. Kapag hinayaan itong mawala, halos magiging katumbas na rin ito ng pagsasantabi sa ipinamanang yaman at kultura ng bayan. Sang-ayon ito sa mga ibinigay na dahilan ni Panganiban (1979) kung bakit mahalagang pag-aralan ang Panitikang Pilipino. Hindi na dapat humantong pa sa puntong wala nang masumpungang kariktan sa panitikan ang mga mag-aaral at mawala ito nang tuluyan dahil sa kawalan ng kakayahang umunawa nang malaliman sa mga binabasang akda at kawalan din ng interes na tuklasin ang mensaheng inihahatid nito. Para naman kay Baytan (2014), upang matulungan ang mga mag-aaral na mapahalagahan

ang lawak at lalim ng Panitikang Pilipino o anumang uri nito, kinakailangang maipaunawa sa kanila kung paano ito tunay na nakapagdudulot ng kapakinabangan sa loob at labas ng silid-aralan.

Sa aklat ni Badayos (2008), inilahad na ang mga mag-aaral na may taglay na maraming karanasan ay inaasahang magkaroon ng higit na pag-unawa at pagkalugod sa daigdig ng imahinasyon na nilikha ng mga akdang pampanitikan. Nangangahulugan itong ang mga uri ng akdang pampanitikan ay nagpapaigting sa ugnayan ng mga karanasan ng mambabasa sa mga pangyayari, tauhan at mga sitwasyong inilalahad. Upang maging lubusan ang pag-unawa sa isang teksto, kailangang ang dating kaalaman ng tagabasa ay maiugnay niya sa kanyang kakayahang bumuo ng konsepto at kasanayan sa pagpoproseso ng mga impormasyong masasalamain sa teksto. Ganito rin ang paniniwala ni Lalunio (1996) na ipinagpapalagay na ang pagbasa ay pag-unawa. Kung walang pag-unawa, walang pagbasa. Gayunman, hindi lamang sa pagkuha ng kahulugan ng mga nakalimbag na sagisag pumapasok ang pag-unawa. Nagaganap ito sa isang aktibong proseso kung saaan nagkakaroon ng ugnayan ang dating kaalaman at ang impormasyong nasa teksto na siya namang lilikha ng bagong impormasyon.

Ayon kay Bernales (2009), sa pagbabasa nagiging ganap ang pagkatao ng isang nilalang sapagkat nagiging sapat ang kanyang kaalaman, kaligayahan at kasiglahan sa pakikisalamuha sa mga kapaki-pakinabang na gawaing nagpapaunlad sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan. Naglahad naman si Umaly

(1998) ng tatlong pangunahing dahilan sa pagbabasa ng anumang nakalimbag na materyal at una na rito ang pagkuha ng impormasyon. Ikalawa, sa kagustuhang maglibang o maaliw; at ikatlo, upang mapaunlad ang sariling pamumuhay. Kinakailangan ng isang indibidwal ang mga natatanging kaalaman sa pagdedesisyon, pagtugon sa mga suliranin, gayundin sa pagtuklas at paggawa ng mga bagong bagay sa malikhaing paraan. Ang lahat ng ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagbabasa kung saan sinabi rin ni Ferret (1996) na ang pagbasa ay pundasyon ng pagkatuto at ng iba pang kasanayang nililintang nito. Kapag ang mga mag-aaral ay lubusang nahikayat sa pagbabasa ng mga makabuluhang akda lalo na ng mga akdang pampanitikan, yumayaman din ang kanilang kasanayan sa pakikinig at nagiging aktibo sa mga talakayan at iba pang gawaing pangklase.

Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Ennis (1986) na ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay hindi masasabing namamana lamang kundi sadyang nalilintang sa isang tao. Bawat mag-aaral na may iba't ibang antas ng kasanayan ay may kakayahang makakuha at makapagpamalas ng mataas na lebel ng kasanayang pampag-iisip kung mabibigyan lamang ng mga natatanging babasahing lilintang sa kanilang mga isipan. Sa huli, ang mag-aaral bilang mambabasa rin ang siyang huhusga at mamimili sa uri ng babasahing nais niya at matuto sa kumportable at kawili-wiling paraan. Sa puntong ito, kailangang magbigay ang guro sa kanyang mga mag-aaral ng mga patnubay sa pagtataya sa antas ng kahirapan sa pagbasa ng isang teksto upang mapaghusay ang kakayahang umunawa ng mga akda at makapaglaan ng sapat na oras sa pag-aaral. Sang-ayon din sa pananaw ni

Reis et al. (2009), ang mga gurong nagnanais na matulungan ang kanilang mga mag-aaral upang maging masigasig sa pagbabasa ay nararapat lamang na maging pamilyar sa iba't ibang uri ng babasahin. Kaugnay sa pamimili ng aklat na ipababasa, sinabi ni May (1990) na mainam kung makahahapan ang guro ng maraming aklat na kinapapalooban ng mga tekstong madaling mauunawaan ng mga mag-aaral at makapupukaw ng kanilang interes habang pinatatalas ang kakayahang mag-isip. Kabilang sa mga tekstong ito na nakapagpapayaman ng isipan ang matutuklasan sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng pagpapabasa ng maraming akdang pampanitikan, naniniwala si Belvez (1981) na matutulungan nito ang mga mag-aaral upang magkaroon ng mayayamang karanasan, kasanayan, pag-uugali, kawilihan, saloobin at mga pagpapahalaga.

Sa kasalukuyang panahon, ang iba't ibang *genre* ng panitikan ay kakikitaan na rin ng maraming pagbabago na sumasabay sa nagbabago ring panlasa ng henerasyon ngayon. Ito ang dahilan kung bakit kailangang pagtuunan ng pansin ang pag-aaral ng kulturang popular na siyang sumasaklaw sa malawak na impluwensiyang hatid ng modernisasyon. Bunga nito, sumilang ang isang mukha ng panitikan na patuloy ring nililintang habang pinag-aaralan- ang Panitikang Popular.

Sa aklat ni Tolentino (2004), tinukoy ang panitikan at kulturang popular bilang mahalagang salik ng ating konsepto ng karanasan. Nangangahulugan itong ang pagkatuto natin sa panitikan at kulturang popular ay may malalim na sinasabi tungkol sa ating relasyon sa realidad, lipunan at ating pagkatao, kung ano ang mismong karanasan natin sa

mga ito. Nilinaw na ang eksperimental sa panitikan ay hindi lamang paglikha ng bagong walang nakakaunawa. Kailangang iugnay ng eksperimental ang luma at bago sa panitikan at karanasan. Maging sa larangan ng edukasyon, isinasaalang-alang ang pagpili ng mga kagamitang aangkop sa mga bagong kalakaran at sistemang umiiral na bagama't nakaangkla pa rin sa mga lumang kalakaran ay may pagsisikap na mapaunlad ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Isa sa mga lawak na pinagtutuunan ng pansin ay ang pagtuturo ng panitikan at kung paano maipapasok ang kapakinabangan sa kulturang popular bilang bahagi ng eksperimentasyon sa pag-aaral ng mga bagong *genre* ng panitikan. Ayon kay Maramba (2006), ang mga mag-aaral sa henerasyong ito ay sadyag pilit na tumutuklas ng mga babasahing tutugon sa hinahanap ng kanilang panlasa. Maliban sa mga aklat at mga sangguniang matatagpuan sa silid-aklatan, ang mga mag-aaral ay madali na ring nakapangangalap ng mga itinuturing na *best sellers* sa pamamagitan ng *E-books* sa *internet* o pagtungo sa iba't ibang *bookstore* upang hanapin ang mga uri ng napapanahong babasahin para sa kabataan.

Sa aklat ni Reyes (1997), isa sa itinuturing na kabilang sa saklaw ng Panitikang Popular ang *komiks*. Inilahad niya rito na hindi lahat ay tinitingnan ang komiks bilang lehitimong anyo ng panitikan ngunit sa kabila ng mga batikos na inabot nito mula sa mga intelihente, mga edukado, at ng mga taong nasa tuktok ng lipunan, ang mga komiks ay minsang nagsilbing kawing na nag-uugnay sa milyon-milyong mambabasa. May taglay

itong kapangyarihan na ipabatid sa mga tao ang iba't ibang senaryo na may katotohanan hindi lamang sa imahinasyon kundi sa aktuwal na buhay ng mga Pilipino.

Naniniwala rin si Reyes (1997) na ang komiks ay uri ng panitikan na puno ng pangako at posibilidad tungo sa pagpapatindi ng kamalayan ng nakararaming Pilipino tungkol sa karanasan sa buhay. Ang babasahing ito- kombinasyon ng *best seller*, magasing pampelikula, kalipunan ng maikling kuwento, magasing pambabae, kalipunan ng mga artikulong hinalaw sa mga magasin sa ibang bansa at ordinaryong buhay sa bayan ang inaabangan ng lahat halos ng uri ng tao. Kung uugatin ang kasaysayan ng komiks sa Pilipinas, matutuklasan na ito ay nagkaroon ng “ginintuang panahon” noong 1970 sapagkat mula sa sinimulang gamit nito bilang suplemento lamang sa mga magasin tulad ng *Liwayway*, nagkaroon ng ebolusyon ang komiks sa tema, porma at gamit na naging daan upang higit itong tangkilikin bilang isang makabuluhang babasahin. Kaugnay nito ay kinilala rin si Tony Velasco bilang “Ama ng Industriya ng Komiks” sa kanyang mga natatanging ambag sa pagpapalago sa naturang industriya tulad pagtatatag niya sa *Ace Publications* na naglathala ng sumusunod: *Pilipino Komiks*, *Tagalog Komiks*, *Hiwaga Komiks*, *Espesyal Komiks*, *Kenkoy* at *Educational Classic Komiks*. Maraming pang tao ang kinilala sa indutriya ng komiks tulad nina Francisco Reyes at Don Ramon Roces.

Gayunpaman, ang pagbabalik ng interes sa komiks ay tumagal lamang hanggang sa simula ng taong 1990. Nagsimulang mahumaling ang mga Pilipino sa ibang anyo ng

paglilibang na dulot ng modernisasyon at makabagong teknolohiya. Isa na rito ang patuloy na lumalaganap na paggamit ng *Internet*.

Sa kabilang banda, dumating man sa puntong bumagsak ang industriya ng komiks, hindi pa rin lubusang maiaalis ang tatak na iniwan nito sa mambabasa sapagkat hanggang sa kasalukuyan ay nagagamit pa rin ang komiks sa paghahatid ng impluwensiyang makapagpapabago sa kaisipan o paniniwala, o kaya'y sa pagpapatupad ng isang layunin. Isa na rito ang paggamit ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtalakay ng mga obra maestrang itinuturo sa antas sekundraya. Maliban sa pagsusuri sa sining ng pagbuo ng komiks, ang matutuklasan sa pag-aaral ay magsisilbing gabay upang makapili ng mga angkop na babasahing tulad ng komiks sa pagpapadali ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang akda. Hindi ito nangangahulugan na isasantabi ang paggamit ng mga orihinal na anyo ng isang obra maestra, bagkus ay magiging katuwang ang mga karagdagang babasahin upang higit na maging mayaman ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

1.2 Batayang Konseptwal

Sa pag-aaral na isasagawa kaugnay sa pagsusuri ng mga obra maestrang isina-komiks, ang sumusunod na simulain at pananaw ang magiging batayan.

1.2.1 Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Komiks

Nagbigay si Mc Cloud (1993; 2006) ng pitong paraan ng pag-uugnay ng salita at larawan upang makabuo ng mga natatanging *effects* sa paglikha ng komiks. Ang mga ugnayang ito ay may dulot na kapangyarihan sa pagpapabatid ng impormasyon at mensahe. Kabilang sa mga ugnayang ito ang sumusunod: *word-specific*, *picture-specific*, *duo-specific*, *intersecting*, *interdependent*, *parallel* at *montage*.

Ang *word-specific* ay may kinalaman sa mahalagang gampanin ng paggamit ng salita kung saan ang kaugnay na larawan ay bahagya lamang ang inihahatid na impormasyon sapagkat higit na pinalulutang ang mga nakasulat na pahayag. Sa kabilang banda, ang *picture-specific* ay kabaligtaran lamang ng naunang ugnayang binanggit sapagkat dito ay dominante ang paggamit ng larawan. Sa *duo-specific*, ang paggamit ng salita at larawan ay magkatimbang lamang sa paghahatid ng mensahe kung kaya't alinman ay maaaring pagkunan ng impormasyon.

Sa *intersecting*, ang paggamit ng mga salita at larawan ay kapwa naghahatid ng impormasyon kung saan ang ilang bahagi ay nagkakaroon ng *overlapping*. Ang *interdependent* na ugnayan ay nagpapakita ng magkaagapay na paggamit ng mga salita at

larawan na nagkakaroon ng *overlapping* sapagkat ang impormasyong inihahatid ng mga salita at larawan ay parehong kailangan sa pag-unawa sa buong mensahe. Sa *parallel*, ang paggamit ng salita ay walang tuwirang kaugnayan sa larawan bagama't posibleng magkasama ito sa iisang kuwadro. Sa *montage*, ang mga salita ay bahagi mismo ng larawan. Hindi na kinakailangang gumamit ng hiwalay na *balloon*. Isinasagawa ito sa istylistikong paraan upang makapagkahatid ng mensahe.

Sa mga ugnayang ito, makikita ang magkatimbang na gampanin ng mga salita at mga larawan sa epektibong pag-unawa sa nilalaman ng komiks. May mga pagkakataong dominante ang paggamit ng mga salita sa isang kuwadro, kung minsan naman ay nangingibabaw ang paggamit ng mga larawan sa paghahatid ng mensahe. May ilan ding bahagi kung saan magkaagapay ang larawan at mga salita samantalang sa iba pang bahagi ay matutunghayan ang malayang representasyon ng isang larawan o mga salita sa paghahatid ng mensaheng nasa kuwadro.

Kasama rin sa mga tinalakay ni Mc Cloud (1993; 2006) ang hinggil sa pagbuo ng transisyon sa komiks na tumutukoy sa paglilipat ng eksena patungo sa isa pa. Ang pagsasara (*closure*) ay napakahalaga upang makabuo ng transisyon sa komiks. Kabilang sa mga transisyon na tinalakay ang sumusunod: transisyon ng sandali (*moment-to-moment*), transisyon ng aksyon (*action-to-action*), transisyon ng tema (*subject-to-subject*), transisyon ng eksena (*scene-to-scene*), transisyon ng aspekto (*aspect-aspect*) at *non-sequitur*. Ayon kay Mc Cloud (1993; 2006), ang mga transisyong ito ang

pinakasistematikong paraan ng paglalahad ng daloy ng mga eksena na ginagamit ngayon sa komiks.

Ang unang transisyon na transisyon ng sandali (*moment-to-moment*) ay maituturing na tulad ng *animation* kung saan malumanay o *smooth* ang galaw ng isang inaantabayanan sa eksena. Bagaman nakapagpapabagal ang transisyong ito sa daloy ng kwento dahil sa maikling pagsasarang ginagamit, napatataas naman nito ang lebel ng pagkasabik ng bumabasa sa unti-unting pagpapakita ng susunod na mangyayari. Kaugnay nito, maaaring abutin ng napakaraming pahina ang isang maikiling kuwento. Ang impluwensiyang ito ay pawang nagmula sa mga Kanluraning *superhero comicbooks* at *Japanese manga*.

Ang transisyon ng aksyon (*action-to-action*) ay nagpapakita naman ng galaw na mula sa isang eksena patungo sa kahihinatnan nito. Pumipili lamang ang ilustrador ng isang tiyak na sandali sa kabuuang aksyon kung kaya naman sa bawat kuwadro ay napalalawak na ang banghay habang patuloy na sinusundan ng mambabasa. Madalas gamitin ang ganitong transisyon sa mga *comic strips*.

Sa kabilang banda, ang pagtatampok ng mga pangyayari sa transisyon ng tema (*subject-to-subject*) ay hindi mabagal at hindi rin mabilis. Ipinakikita nito ang *linear* na daloy ng mga kaganapan kung saan sa pagsasara ng tagpo ay nagkakaroon ng pagpapalitang-anggulo na madalas ay sa pagitan ng dalawa o higit pang mga tauhan. Sa

naturang pagpapalitan ng anggulo, nasusunod ng mambabasa ang perspektibo ng bawat tauhan sa pangyayari na may kinalaman pa rin sa iisang ideya o kaisipan.

Katulad ng transisyon ng tema, ang transisyon ng eksena (*scene-to-scene*) ay kabilang din sa tinatawag na “*linear path of storytelling*”. Sa komiks, nagiging mabilis o *fast-paced* ang daloy kapag ginagamit ito sapagkat hindi gaanong idinidetalye ang mga eksenang palamuti o pampahaba lamang ng kuwento. Sa pamamagitan din ng transisyong ito, napatatakbo ang mga kaganapan sa “pagtalon” mula sa partikular na panahon o lugar patungo sa susunod na may kaugnayan pa rin sa naunang kaganapan.

Sa transisyon ng aspekto (*aspect-aspect*), ipinakikita sa bawat kuwadro ang pagtakbo ng panahon. Dito ay nakokondisyon ang mga mata ng mambabasa na tumingin sa iba’t ibang lugar, ideya o senaryo sa layuning makapag-*set* ng *mood* at maipadama ang kinalalagyang estado ng mga tauhan. Malimit gamitin ang transisyong ito sa mga *Japanese comics* na sinusunod na rin sa mga *American comic books* sa kasalukuyan.

Sa non-sequitur, ipinakikita ang mga tagpo o eksenang walang lohikal na relasyon sa isa’t isa. Gayunpaman, sinabi ni Mc Cloud (1993; 2006) na ang transisyong ito ay nagagamit pa rin sa mga komiks sa eksperimental na paraan at kung minsan pa ay nagbibigay ng kakaibang *humor* sa isang kuwentong rasyunal.

Sina Gimena (2011) at Valiente (2009) ay nagbigay naman ng mga gabay hinggil sa mga prinsipyong isinasaalang-alang sa mga pangnilalamang elemento at maging sa mga teknikal na aspekto ng komiks. Kabilang sa mga pangnilalamang elemento ang sumusunod:

Banghay

Ang banghay (*plot*) ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa loob ng kuwento mula sa simula hanggang wakas. Dito makikita ang tunggalian o suliraning magpapakilos sa mga tauhan.

Dalawang Uri ng Banghay

- *Character oriented*

Ang *character oriented* ay ginagamitan ng *character sketch* kung saan ang banghay (*plot*) at ang malaking problema ay umiikot sa tauhan.

- *Plot oriented*

Ang mga tauhan sa *plot oriented* ay gumagalaw depende sa kinabibilangan nilang milyu at sa pangangailangan ng kuwento. Ang problema ay nakabatay sa milyu at daloy ng kuwento na binibigyang solusyon ng pangunahing tauhan.

Tauhan

Ang tauhan ay tumutukoy sa mga karakter na kumikilos sa loob ng kuwento. Sa komiks, may isa o dalawang pangunahing tauhan na gumagalaw at nagsasalita ayon sa kanilang mga katangian at pagkatao. Maliban dito, may iba pang mga pantulong o sekundaryang tauhan na nagsisilbing suporta upang higit na maging makulay at magkaroon ng buhay ang kuwento sa pamamagitan ng kanilang mga ugnayan sa isa't isa.

Mga Uri ng Tauhan

- Tauhang Lapad (*Flat*)

Ang tauhang lapad ay walang pagbabago at may tipikal na katangiang taglay o *stereotype* na karakter.

- Tauhang Bilog (*Round*)

Karaniwang nagtataglay ng malalim na pag-iisip ang tauhang bilog na siyang masasalamang sa pagkilos at pagsasalita. Hindi madaling matukoy o makilala ang ganitong uri ng tauhan sa pagtataglay niya ng iba't iba katangian. Kinakailangang tuklasin ang kanyang tunay na karakter habang umuunlad ang kuwento di gaya ng lapad na tauhang litaw na litaw kaagad ang mga katangian sa simula pa lamang.

- Tauhang Istatiko (*Static*)

Ang mga tauhang istatiko ay may katangiang napananatili o di nagbabago sa kabuuan ng kwento.

- Tauhang Dinamiko (*Dynamic*)

Maituturing na buhay at nagbabago ang mga tauhang dinamiko. Ang mga pagbabagong ito sa personalidad at pagkatao ay maaaring dulot ng mga pangyayari na kung saan ay nabibigyan siya ng pagkakataong maliwanagan sa isang sitwasyon o di kaya ay umusbong o masira ang paniniwala sa isang bagay.

Diyalogo o mga Usapan

Nagsisilbing tinig ng karakter ang diyalogo o mga usapan na inilalagay sa loob ng *balloon*. Ito rin ang mga bagay na nagpapakilala sa katauhan at tumutulong nang malaki sa salaysay (*caption*) upang sagutin ang mga tanong na sino, ano, kailan, saan, bakit at paano. Natutukoy ang relasyong mayroon ang mga karakter sa pamamagitan ng mga usapan. Kaugnay nito, ang mga diyalogo sa komiks ay higit na maikli at direkta. Hindi na rin sinasabi ng mga karakter ang mga pangyayaring nakalarawan sa bawat kuwadro.

Mga Diyalogo o Usapan sa Loob ng Kuwadro

- Ordinaryo o Normal (*Ordinary / Normal*)

Ang diyalogong ordinaryo o normal ay karaniwang paglalahad lamang ng nararamdaman at pagsasabi ng nais sabihin at gustong malaman kung kaya kaswal lamang ang pananalita.

- Malakas na Tinig / Pasigaw (*Yell / Shout*)

Ginagamit ang malakas na tinig / pasigaw sa tuwing emosyonal ang eksena o nangangailangan ng matinding emosyon ang karakter.

- Pansarili (*Self*)

Nakatuon ang diyalogong pansarili sa itinatampok na tauhan. Maaaring ito ay monologo, pagkausap sa sarili o pagkondisyon sa isang emosyon. Sinasabi sa pamamagitan ng isip ang diwa at kaisipan ng kuwento.

- Pabulong (*Whisper*)

Kalimitang ginagamit ang pabulong na diyalogo sa mga tahimik na eksena upang makapag-set ng romantikong pagkakataon, kapag ayaw ng tauhan na may makarinig sa kanyang mga sinasabi maliban sa kanyang kausap o kaya'y ang sarili lamang ang nais makarinig ng sariling pahayag. Ginagamit din ito sa mga misteryo o katatakutang tema upang mapalutang ang *mood* o emosyon ng mga tauhan.

- Mahina (*Weak*)

Ang *weak balloon* ay ginagamit kung mahina o nanghihina ang nagsasalita, maysakit o malapit nang mamatay. Maaari rin ito gamitin ng isang karakter na malungkot, nagdurusa o wala ng ganang mabuhay.

- Usapan sa Telepono (*Telephone Conversation*)

Sa usapan sa telepono, *one way* lamang ang makikitang pag-uusap sa kuwadro maliban na lamang kung gagawin itong *split frame* upang ipakita ang dalawang tauhang nag-uusap sa magkabilang linya ng telepono. Kung nais namang isang tauhan lamang ang bibigyang-diin, ang kausap sa kabilang linya ay gagamitan ng *telephone conversation balloon*.

- Sa ere (*On Air*)

Sa pamamagitan ng *on air balloon*, malalaman ng mambabasa na ang nagsasalita ay napakikinggan sa radyo.

Salaysay (*Caption*)

Ginagamit ang salaysay (*caption*) upang maipaunawa sa mambabasa ang damdamin, kaisipan at mga pangyayaring inilalarawan sa bawat tagpo. Sinasabi rito ang mga hindi tuwirang masabi ng mga tauhan. Pang-ugnay rin ito sa pagpapatuloy ng susunod na eksena. Hindi ito dapat habaan, maliban kung ang salaysay mismo ang nagpapatakbo ng mga eksenang nagaganap at walang diyologo. Sa modernong pagsusulat ngayon ng iskrip, madalang nang gumamit ng ganito ang mga manunulat. Sa halip, mas pinatatakbo nila ang mga eksena sa pamamagitan ng mga larawan.

Pananaw o POV (*Point of View*)

Ang pananaw o *point of view* ng kuwento ay nagmumula sa bidang tauhan. Maaari rin itong gamitin sa kahit anong tauhan depende sa gagawing paglalarawan.

Iba't ibang Uri ng Pananaw

- Unang Persona

Sa unang persona, ang nagkukuwento ay karakter din sa kuwento. Ginagamit nito ang panghalip na *ako* o *tayo*.

- Ikalawang Persona

Sa ikalawang persona, pinatutungkulan ng nagsasalaysay ng *ikaw* o *kayo* ang kausap kaya ang pakiramdam ng mambabasa ay kasama siya sa kuwento.

- Ikatlong Persona

Mas madulas ang daloy ng pagkukuwento sa ikatlong persona sapagkat nakikita ng nagsasalita ang lahat ng nangyayari. Ginagamit nito ang mga panghalip na *siya*, *niya*, *nila*, *sila*, *kanya* at *kanila*.

Tema

Ang tema ay tumutukoy sa pangkalahatang ideya na siyang nag-uugnay sa lahat ng elemento upang mapalutang ang kabuluhan ng kuwento sa komiks. Dito rin nakapaloob ang kaisipang nais iparating ng manunulat sa mga mambabasa.

Estilo

Tumutukoy ang estilo sa natatanging paraan ng pagsusulat kung saan isinasaalang-alang ang iba't ibang inobasyon sa anyo ng komiks maging ang nilalaman ng kuwento. Kalimitan ay simple lamang o payak ang estilong ginagamit sa pagsusulat ng komiks batay sa presentasyon, maging ito man ay drama, kuwento ng pag-ibig, katatawanan, aksyon, pantasya o katatakutan. Natural at madulas (*fluid*) ang mga diyalogo ayon sa takbo ng kuwento. Kung sa simula pa lamang ay maganda na ang presentasyon, madadala na ito hanggang sa wakas ng kuwento. Mahalagang maging

magaan, nauunawaan, may malinaw na punto at makapag-iiwan ng tatak sa isipan ng mambabasa ang kabuuang kuwento sa pinagsanib na estilo ng pagsusulat at paggawa ng ilustrasyon.

Para naman sa mga teknikal na aspekto ng komiks ay kabilang ang sumusunod:

Pahinasyon

Ang pahinasyon ay tumutukoy sa bilang ng pahinang bumubuo sa isang komiks. Kalimitang binubuo ang isang maikling kuwento ng 3-4 na pahina. Ang kuwentong tapusan na may 13-17 ay itinuturing ding maikling kuwento. Ang isang *full length novel* ay may 28-32 na pahina. Para sa nobelang itinutuloy ang bawat kabanata, nagtataglay naman ito ng 4 na pahina bawat labas. Ang *standard* na bilang ng ganitong nobela ay 50-60 kabanata subalit maaaring lumagpas ng 100 kabanata. Nakadepende ang dami ng kabanata sa pagtangkilik ng mambabasa.

Kuwadro (*Frame*)

Ang bawat eksena sa komiks ay hinahati-hati at ikinukuwadro na nagsisilbing dibisyon. Sa kuwadro (*frame*) na ito iginuguhit ng ilustrador ang mga larawan. Ang isang malaking kuwadro ay binubuo pa ng mas maraming kuwadro ayon sa itinakdang haba o sukat para sa isang kuwento.

Iba't Ibang Kuha ng Kuwadro

- *Flashback*

Iba ang kuwadro ng *flashback* sa ordinaryong daloy ng istorya. Makikita ang kaibahan ng isang *flashback scene* dahil malabo o *blurred* ang pagkakaguhit dito. Maaari ring *distorted* o kaya ay itim at puti (*black and white*) lamang ang kulay. Ginagamit ang *flashback* bilang alaala ng tauhan na may kinalaman sa takbo ng kasalukuyang daloy ng kuwento.

- *Foreground*

Sa *foreground*, nasa unahan ang karakter at malapit sa mambabasa. Ginagamit ito para sa pagbibigay ng pokus at diin sa karakter. Ang pokus ng diyologo ay nasa tauhang nagsasalita sa kuwadro.

- *Background*

Sa *background*, makikita naman sa hulihan ang karakter. Ginagamit ito para sa mga dramatikong eksena kung kaya binibigyan ng diin ang milyu. Inilalarawan din dito ang kaugnayan ng tauhan sa milyung ginagalawan. Ipinahahayag nito ang mga panloob na suliraning may kaugnayan sa milyu at klase ng mundong kinabibilangang ng tauhan.

- *Panoramic view*

Buong kuwadro (*whole frame*) ang kuha sa *panoramic view*. Malawak ang nasasakupang milyu, o ang kabuuan ng milyung ginagalawan ng mga tauhan. Maging ang oras at temperatura ay maaaring maipakita nito na siya ring nagiging daan upang mai-set ang *mood* ng milyu.

- *Aerial view o bird's eye view*

Ang kuha ay mula sa itaas o ere ng isang panlabas na eksena (*exterior scene*) pagdating sa *aerial view o bird's eye view*. Ginagamit ito para bigyang-diin kung ano ang nakikitang eksena mula sa itaas pababa at para maipakita ang kabuuan ng nasa ibabang bahagi ng eksena. Maaari ring gamitin ito sa panloob na eksena (*interior scene*) na may mataas na lugar.

- *Symbolical*

Ang kuha na *symbolical* ay may inihahayag na eksena o pangyayaring hindi direkta. Gayunman, kailangang may malinaw na kaugnayan ito sa kuwento.

- *Ground / worm view*

Ang kuha sa *ground / worm view* ay mula sa lupa pataas o paakyat para bigyan ng diin kung ano ang mga makikita mula sa ibaba papaitaas ng eksena.

- *Silhouette*

Sa *silhouette*, maiitim o madidilim ang ilustrasyon upang maitago ang identidad ng tauhan at upang makapaghatid ng misteryo sa eksena.

- *Partially seen*

Ang layunin ng kuhang *partially seen* ay ang hindi maipakita nang buo ang karakter. Sa halip, nagbibigay lamang ito ng *hint* kung sino ito. Maaaring may itinatago muna at hindi pa inilalantad lahat. Isa ring teknik

ang paggamit ng *partially seen* na kuha upang iparating na ang isang tauhan ay may dalawang pagkatao, isang mabuti at isang masama.

- *Insert*

Ang *insert* na kuha ay isang maliit na kuwadro na nakapaloob sa isa pang mas malaking kuwadro upang maipakita ang tungkol sa tauhang nakapaloob dito at ang kaugnayan nito sa kabuuan. Itinatanghal dito ang tauhan na may nakikitang iba o nasa loob ng isang pangyayaring nagaganap sa isang malaking kuwadro.

- *Out-of-scene*

Sa *out-of-scene*, wala sa kuwadro ang karakter ngunit may diyalogo siya. Ang diyalogo niya ang nagpapatunay na kasali siya sa eksena.

- *Favored shot*

Ginagamit naman ang *favored shot* upang bigyan ng mas pabor na anggulo ang isang tauhang may higit na mahalagang eksena. Sa pamamagitan nito ay maaari ring maipakita nang mabuti ang ekspresyon ng mukha ng tauhan.

- *Close-up shot*

Sa *close-up shot*, malapitan ang kuha ng mukha sa kuwadro upang maipakita ang emosyon ng tauhan o bigyang-diin ang kanyang mukha. Kung milyu o bagay naman ang binigyan ng *close-up shot*, pagbibigay ito ng diin at katangian ng milyu o ng mismong bagay.

- *Extreme close-up*

Malapit na malapit ang kuha sa *extreme close-up shot* para maipakita ang mas masidhing emosyon o maghatid ng mas matinding diin.

- *Full shot*

Sa pamamagitan ng *full shot*, maipakikita sa kuwadro ang buong katawan na magpapakilala sa pisikal na katauhan ng tauhan. Mailalarawan dito maging ang paraan ng pananamit, tindig, *aura*, at paraan ng pagkilos na may kinalaman sa nangyayari sa paligid at sa kanyang milyu.

- *Medium shot*

Kalahati ng katawan ang kuha at kadalasan, isa hanggang dalawang tauhan ang nasa loob ng kuwadro sa *medium shot*. Nagbibigay halaga sa relasyon o ugnayan ng dalawang tauhan ang kuhang ito. Minsan ay nangyayari ito sa mga komprontasyon o mga *face-to-face scenes*.

- *Semi-full shot*

Bagaman hindi buo ang kuha sa *semi-full shot*, lagpas naman sa kalahati ang binibigyang pokus nito. Kadalasan ay nakatuon ito sa isang karakter lamang upang bigyan ng kaugnayan ang tauhan sa milyu at kung ano ang ginagawa o iinisip ng tauhan. Makikita sa *background* ang ginalawang milyu. Sa kabilang banda, maaari ring magpalit ng eksena o kabuuang pagbabago sa milyu ang gagawin kung kinakailangan sa kuwento.

- *With musical notes*

Sa kuhaang may *musical notes*, maaaring kumakanta ang tauhan o may *background music* sa paligid. Ginagawa ito upang maipakita ang musikalidad sa eksena.

- *Distance shot*

Malayo ang kuha sa *distance shot* upang bigyang-diin ang paggamit sa milyu o ang kabuuan ng milyu. Maaaring tuldok lamang ang pagkakaguhit sa tauhan ngunit nakikita ang buong milyu. Kaugnay nito, maaaring ang lugar ay ipakita bilang *starting point* at *ending point* ng kuwento.

- *Long shot*

Sa *long shot*, ang kuwadro ay ginagamitan ng mas malayong kuha upang magpakita ng agwat o pagdistansiya ng tauhan sa milyung ginagalawan.

- *Print / sign*

Ang *print / sign* ay hindi kasama sa diyalogo ng karakter, ngunit nakasulat ito sa malalaking letra.

- *Voice over*

Ang *voice over* ay pagpapakita ng boses ng nagsasalitang karakter bagaman hindi siya makikita sa kwadro.

- *Split frame*

Sa *split frame* ay may nagaganap na dalawang eksena sa iisang kuwadro para ipakita ang dalawang magkasabay na pangyayari sa magkaibang milyu.

- *Change angle / another angle*

Ginagamit ang *change angle / another angle* hindi upang magpalit ng milyu kundi upang magpalit ng anggulo na may iisang milyung ginagalawan ang tauhan o mga tauhan.

- *Montage*

Ang *montage* ay isang malaking kuwadro na maaaring *whole page* o *half page*. Naglalaman ito ng maraming kuha upang ipakita ang magkakaugnay na bagay sa isang kuwadro sa magkakaibang panahon at milyu.

- *Series of shots*

Sa *series of shots*, ipinakikita ang magkakasunod na pangyayari, magkakaugnay na bagay na nangyayari sa isang milyu at pagkakataon.

- *Superimpose*

Ang kuhang *superimpose* ang nagpapakita o nagpapaangat sa pangunahing tauhan o *central character*.

- *Interior shot*

Sa *interior shot*, nangyayari ang eksena sa loob gaya ng bahay, silid, opisina, sinehan, *mall* at iba pa.

- *Exterior shot*

Sa kabilang banda, ang mga eksena sa *exterior shot* ay nangyayari sa labas ng bahay gaya ng kalsada, *playground*, parke at iba pa.

- *SFX*

Ang *SFX* ay tumutukoy sa mga tunog o *sounds* na nagbibigay-diin sa mga pangyayari sa eksena.

- *Transformation of image*

Ang *transformation of image* ay kuhang madalas ginagamit sa mga pantasya o *horror stories* dahil sa elemento ng pagpapalit ng anyo ng isang tauhan.

- *Dream sequence*

Ang *dream sequence* ay kuhang nagpapakita na ang isang eksena ay panaginip at hindi totoong nagaganap. Maaaring *black and white* ito kapag may kulay ang komiks o *deformed* ang anyo. Maaari rin itong *insert frame* sa isang taong natutulog sa loob ng kuwadro.

- *Changed time*

Sa *changed time*, makikita sa pamamagitan ng timpla ng kulay ang pagbabago ng panahon. Nangangahulugan ito ng hindi pagkilos o pagkaka-*freeze* ng tauhan sa loob ng kuwadro habang ang oras naman ay kumilos.

Ang mga nabanggit na ugnayan ng mga salita at larawan, transisyon ng mga eksena, mga elemento at aspekto ng komiks ang siyang tinitingnan sa pagsusuri ng kasiningang taglay ng komiks. Maaaring magkaroon ng pagkakatulad at pagkakaiba ang mga ito depende sa uri o *genre* ng komiks kung kaya maiuugnay ang lahat ng nabanggit sa pagtuklas sa kasiningan ng isang saklaw ng panitikang popular.

1.2.2 Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa

Sa pagdebelop ng anumang kagamitang pampagtuturo o pantulong na kagamitan, iba't ibang teorya ang sinisikap na maisaalang-alang upang makamit ang pinakamataas na antas ng pagkatuto. Kaugnay nito, ang motibasyon ng mag-aaral ay malaon nang ikinakabit sa epektibong pagkatuto. Ayon kay Weiner (1990), ang motibasyon ay kasabay na natatamo sa pagkatuto habang ang antas ng pagkatuto ay nagsisilbi namang indikasyon ng motibasyon. Bagaman sa umiiral na instruksyong pangklase ay itinuturo ang mga kasanayan sa pagkilala at pag-unawa ng mga konseptong nakapaloob sa mga aralin, kung hindi sapat ang motibasyon ng mag-aaral lalo na pagdating sa pagbasa, hindi rin magaganap ang potensyal na kasanayang panliterasi. Samakatuwid, upang maging matagumpay na mambabasa ang mag-aaral, mahalaga ang pagkakaroon ng kakayahan at kagustuhang bumasa.

Isa sa mga teorya ng pagkatuto sa pagbasa ay ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa (*Theory of Motivation in Reading*) kung saan inilahad nina Guthrie at Wang (2004) ang mga panloob (*intrinsic*) at mga panlabas (*extrinsic*) na salik na nakaaapekto sa

motibasyon ng mag-aaral upang magbasa. Kabilang sa mga panloob na salik ang sumusunod:

1. Kuryosidad (*Curiosity*) – kagustuhan ng mag-aaral na matuto ng mga bagong kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa
2. Kabahagi (*Involvement*) – ang lebel ng pagiging kabahagi ng mag-aaral habang nagbabasa
3. Preperensya sa Mapanghamong Materyal (*Preference for Challenge*) – kagustuhan ng mag-aaral na mahamon ang sariling kakayahan sa pamamagitan ng pagbabasa

Sa kabilang banda, ang panlabas na salik ay kinapapalooban ng sumusunod:

1. Kompetisyon (*Competition*) – pagnanais ng mag-aaral na mahigitan ang iba sa pamamagitan ng pagbabasa
2. Pagkilala (*Recognition*) – kagustuhan ng mag-aaral na tumanggap ng pagkilala sa kahusayang bumasa
3. Marka (*Grades*) – paghahangad ng mag-aaral na makakuha ng mataas na marka sa pagbasa
4. Pagsunod (*Compliance*) – pagbabasa ng mag-aaral bilang bahagi ng kahingian sa isang asignatura
5. Sosyolohikal (*Social*) – pagbabasa ng mag-aaral dulot ng mga interaktibong pakikipag-ugnayan na kinasasangkutan ng gawaing nangangailangan ng pagbabasa ng mga partikular na aklat o anumang babasahin

Sa kabuuan, ang panloob na motibasyon ay positibong maiuugnay sa kakayahan ng mag-aaral na magbasa. Ayon pa kay Guthrie at Wang (2004), ang mag-aaral na nagtataglay ng panloob na motibasyon ay higit na makapagtatamo ng mayaman at malalim na pagkaunawa at pagpapahalaga sa binabasang materyal, gayundin sa pagdebelop ng kasanayan sa pagbasa.

Ang kaibahan sa pagitan ng mga panloob at panlabas na salik ng motibasyon sa pagbasa ay naghudyat ng konklusyong mahalagang maisaalang-alang sa paglikha at maging sa pagsusuri ng mga babasahing magsisilbing pantulong na kagamitan sa pagpalalawak ng aralin.

1.2.2.1 Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Pantulong na Kagamitan

Ang ganap at epektibong pagkatuto ang pangunahing layon ng guro sa kanyang pagtuturo. Dahil dito, sadyang napakahalaga ang patuloy na pagtuklas ng mga bukal ng kaalaman at kagamitang magsisilbing daan upang matamo ang positibong pagkatuto sa kasiya-siyang paraan. Ang pagiging pamilyar sa mga kagamitang pampagtuturo at kung paano mailalapat o maiaangkop ang mga ito sa iba't ibang sitwasyon at pagtalakay sa mga aralin ay mahalagang taglayin ng isang guro upang matiyak ang mayamang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, nararapat ding gabayan ng guro sa paggamit ng kagamitan ang kanyang klase upang magkaroon ng maayos na direksyon ang pagtuturo. Maisasagawa ang mga ito kung sa umpisa pa lamang ng aralin ay matukoy na ang mga inaasahang bunga at kung paano isasagawa ang bawat layunin. Sa pamamagitan nito,

makabubuo at makapipili ang guro ng epektibong kagamitan at mga pagsasanay na may kaugnayan sa gawaing pagkatuto at magdudulot ng natatanging karanasan para sa mga mag-aaral.

Nagbigay si Lardizabal et al. (2002) ng ilang mahahalagang patnubay sa pagpili at pagbuo ng mga pantulong na kagamitan kabilang ang sumusunod:

1. kaangkupan ng materyal sa itinakdang paggagamitan nito
2. pagiging akma ng materyal sa kakayahan ng mga mag-aaral
3. kalidad ng materyal

Ilan pa sa mahahalagang prinsipyo kaugnay sa pagdisenyo ng pantulong na kagamitan ang ibinahagi naman ni Tomlinson (2001). Ito ay ang sumusunod:

1. nakatutulong sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral
2. nakahihikayat sa epektibong paggamit ng wika ayon sa konteksto
3. nagbibigay kahandaan sa mga mag-aaral sa paksa o araling tatalakayin
4. nakahihimok sa mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing magpapayaman ng kanilang pagkatuto

Mula sa mga simulain at pananaw na nabanggit, inaasahang masusuri ang mga obra maestrang isina-komiks at sa huli ay makabubuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks na magsisilbing gabay sa pagpili ng angkop na suplemental na babasahin sa pagtuturo ng obra maestra sa antas sekundarya.

Makikita sa paradigma ng pag-aaral ang mga pinagbatayang teorya, simulain at pananaw upang epektibong masuri ang ugnayan ng mga salita at larawan, transisyon ng mga pangyayari, mga pangnilalaman elemento at maging ang teknikal na aspektong taglay ng mga obra maestrang isina-komiks. Sa ilalim ng teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na Kombinasyong Sailta-Larawan (*Word-Picture Combinations*), inilahad ang mga pinakasistematikong paraan ng pagsasama ng ilustrasyon at teksto sa isang kuwadro gayundin ang paglilipat o pagpapalit ng mga eksena. Kaugnay sa malalim na pagsusuri ng mga pangnilalamang elemento, inisa-isang tingnan ng mananaliksik ang mga katangian ng banghay, tauhan, diyalogo, salaysay, pananaw, tema at estilong ginamit sa mga nalikom na bersyon ng bawat obra maestrang isina-komik, gayundin ang pahinasyon at kuwadro para sa teknikal na aspekto sang-ayon kina Gimena (2011) at Valiente (2009).

Sa proseso ng pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan, iniugnay ang implikasyon ng mga bahaging sinuri upang mahikayat na magbasa ang mag-aaral batay sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa (*Motivation Theory in Reading*) nina Guthrie at Wang (2004). Mahalagang matiyak na ang mag-aaral ay nahihikayat na pag-aralan at suriin ang mga obra maestrang tinatalakay dulot ng mga panloob na salik ng motibasyon kung saan isinasaalang-alang ang kanilang kuryosidad, pagiging kabahagi at preperensya sa mapanghamong materyal.

Upang matugunan ang panloob na salik ng motibasyon sa pagbasa, isinaalang-alang bilang bahagi ng krayterya sa pagsusuri ang pangkalahatang prinsipyo sa pagbuo at

pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001). Binibigyang-diin sa nabanggit na prinsipyo ang kaangkupan ng materyal sa itinakdang paggagamitan nito, pagiging akma sa kakayahan ng mag-aaral at kalidad ng materyal.

Tiniyak din sa binuong pamantayan na sa pagsusuri ng anumang komiks na gagamitin bilang suplemental na babasahin, dapat na makatulong ang naturang materyal sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral, sa kanilang paggamit ng wika ayon sa konteksto, paghahanda sa araling tatalakayin at pagsasangkot sa kanila sa mga gawaing pampagkatuto.

Sa mga lunsarang ito ng pag-aaral, nabuo ang awtput na pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo sa antas sekundarya.

1.4 Paglalahad ng Layunin

1.4.1 Pangkalahatang Layunin

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga obra maestrang isina-komiks na magsisilbing gabay sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya.

1.4.2 Mga Tiyak na Layunin

Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral ay ang sumusunod:

1. Malikom ang mga komiks na maaaring magamit sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya.
2. Masuri at mailarawan ang mga komiks ng apat na obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya batay sa teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na *Kombinasyong Salita-Larawan (Word-Picture Combinations)*, gayundin ang mga elemento at aspekto ng komiks batay sa mga simulain nina Gimena (2011) at Valiente (2009).
3. Makabuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks na angkop bilang pantulong na kagamitan sa pagtalakay ng mga obra maestra sa antas sekundarya batay sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), maging ang mga simulain at pananaw sa pagdisenyo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001).

1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral

Inaasahan na ang pag-aaral na ito ay makapag-aambag sa sumusunod:

1.5.1 Sa mga Mag-aaral

Mahalagang malinang ang kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga naaangkop at mga makabuluhang babasahin tulad ng mga obra maestra. Sa kasalukuyang panahon, laganap na ang iba't ibang gawaing pumupukaw sa kanilang interes at marami sa mga ito ang pinag-uubusan nila ng lakas at panahon. Nararapat lamang na matanim sa kanilang mga isipan ang kahalagahan ng maunawa at mapanuring pagbasa para sa higit na epektibong pagkatuto. Maaaring maging gabay ang pag-aaral na ito sa kanilang pagtuklas sa kagandahan ng panitikang Pilipino na repleksiyon ng mayamang kultura ng bansa.

1.5.2 Sa mga Guro

Sa tulong ng pag-aaral na ito, ang mga guro ay maaaring magkaroon ng pagkakataon upang manguna sa pagtataguyod ng panitikan at makahikayat ng mga mag-aaral upang mahalin ang pagbabasa ng mga makabuluhang akda at babasahin na bahagi pa rin ng araling tinatalakay. Mahalagang tulong ang pag-aaral na ito sa mga guro ng wika at panitikan sa pagpapayaman ng panitikang Pilipino partikular na sa larangan ng pagsusuri ng isang saklaw ng lumalaganap na panitikang popular- ang komiks. Maaari rin itong maging gabay ng guro sa pagpili ng angkop na kagamitang magiging kaagapay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

1.5.3 Sa mga Tagaplano ng Kurikulum

Ang mabilis na pag-usad ng panahon na dulot ng modernisasyon ay hindi maiiwasang makapagdulot ng napakaraming pagbabago sa lipunan. Gayundin, ang mga pagbabagong ito ay lubusan na ring nakakaapekto sa sistema ng edukasyon sa bansa. Sa bawat pagbabagong ito, napakahalagang matiyak pa rin ang positibong pagbabago upang maiangat ang kalidad ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang mahuhusay na kagamitan.

Sa mabisang pagkakamit ng hangaring ito, isinasaalang-alang bilang mahalagang salik ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng interes upang matuto at magkaroon ng malalim na pag-unawa sa kanilang mga binabasa. Makatutulong ang pag-aaral na ito upang makabuo ang mga tagapagplano ng kurikulum ng isang organisadong sistema kaugnay sa pagpili at paggamit ng mga pantulong na kagamitan batay sa mga target na kasanayan.

1.5.4 Sa iba pang Mananaliksik

Habang patuloy na nadaragdagan at lumalawak ang mga dati ng usapin sa edukasyon, mahalagang maging bukas ang mananaliksik sa mga posibilidad ng inobasyon sa pagtuturo at mga umiiral na kalakaran sa pagbuo at pagpapatupad ng kurikulum sa mga paaralan. Sa puntong nabanggit, makatutulong ang pag-aaral na ito upang mahikayat din ang iba pang mananaliksik na magsagawa ng katulad na pag-aaral na magsisilbing gabay sa paglikom, pagsusuri at pagtuklas ng mga pantulong na

kagamitan sa pagtuturo tungo sa pagpapayaman ng anumang disiplinang pang-edukasyon.

1.6 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa deskriptibong pagsusuri sa mga piling komiks ng apat na obra maestrang itinaturo sa antas sekundarya na nakasulat sa wikang Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga naturang komiks batay sa teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na Kombinasyong Salita-Larawan (*Word-picture Combinations*), transisyon ng mga pangyayari at ayon sa mga simulain at pananaw kaugnay sa mga pangnilalamang elemento at mga teknikal na aspekto ng komiks na inilahad nina Gimena (2011) at Valiente (2009).

Isinasaalang-alang din Teorya ng Motibayon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004) maging ang mga simulain at pananaw sa pagdisenyo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001) upang mailapat sa pagbuo ng sariling pamantayan sa pantulong na kagamitan tulad ng komiks para sa antas sekundarya.

1.7 Kahulugan ng mga Terminolohiya

Ang sumusunod sa salita ay nilikom ng mananaliksik at binigyang-kahulugan bilang gabay sa mga mambabasa:

- **Kagamitang Pampagtuturo / Kagamitan sa Pagtuturo.** anumang karanasan o bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng katotohanan, kasanayan, saloobin, palagay, kaalaman, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, dinamiko at ganap ang pagkatuto (Abad, 1996)
- **Komiks.** katawagang likha sa Pilipinas na panumbas sa salitang Ingles na *comics*; anyo ng panitikang popular na gumagamit ng mga salita at biswal upang maihatid ang mensaheng nakapaloob sa kuwento; kalimitang gumagamit ng mga salitang madaling maunawaan kung kaya't tinatangkilik ng masa
- **Kulturang Popular.** tumutukoy sa uri ng kulturang namamayani o tinatangkilik kabilang ang mga bagay na kinahihiligan at kinagigiliwan sa kasalukuyan; maaaring may kinalaman sa malaganap na adbertismo, mga produktong ginagamit, uri ng libangan, paraan ng pananalita, pinanonood at maging binabasa
- **Obra Maestra.** mga piling akdang pampanitikan na itinuturo sa antas sekundarya kabilang ang sumusunod: *Ibong Adarna (korido)*, *Florante at Laura (awit)*, *Noli Me Tangere (nobela)* at *El Filibusterismo (nobela)*
- **Pangnilalamang Elemento.** tumutukoy sa mga bahagi ng komiks na nagpapakita sa lalim ng kaisipan o mensaheng nais iparating ng kuwento; kinabibilangan ng

banghay, tauhan, diyalogo o mga usapan, salaysay (*caption*), pananaw o POV (*point of view*), tema at estilo (Gimena, 2011; Valiente, 2009)

- ***Panitikang Popular.*** kabilang sa mga saklaw ng kulturang popular; mga anyo ng panitikan na nagtataglay ng mga makabagong pagdulog, pamamaraan at estilo kung saan pumapaloob ang mga napapanahong sanaysay, mga awitin, komiks, magasin, kontemporaryong dagli, at iba pang paraan ng komunikasyon sa *social media*
- ***Pantulong na Kagamitan.*** anumang gamit, bagay o makinaryang ginagamit ng guro bilang karagdagang tulong sa pagbibigay-linaw sa araling tinatalakay; may layuning gawing mas buhay at kawili-wili ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto

KABANATA II

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

2.1 Mga Kaugnay na Literatura

Ang panitikan at ang kultura ay hindi na mapaghihiwalay. Magkaugnay ito sa pagpapayaman ng ating mga paniniwala at pagpapahalaga. Sa layuning maipakita at maipaunawa sa mga mag-aaral ang kagandahan ng isang aralin tulad ng panitikan, napakahalagang magampanan ng guro ang tungkuling maging daan sa pagtuklas ng mas maraming bukal ng karunungan.

Sa kasalukuyang panahon, malinaw pa ring masasalamín sa panitikan ang mga karanasang bumubuo sa iba't ibang aspekto ng ating pagkatao. Sa pag-uugnay ng mga karanasang ito, nagiging mahalagang salik ang modernisasyon na siyang lumilikha ng mga hindi maiiwasang pagbabago sa kultura ng kasalukuyang henerasyon.

2.1.1 Ang Panitikan sa Loob ng Kulturang Popular

Ang panitikan at kultura ay magkaugnay kung kaya masasalamín sa panitikan ang anumang pagbabagong hatid ng modernisasyon at industriyalisasyon sa ating kultura. Nagbigay si Storey (1993) ng iba't ibang pagpapakahulugan ang ibinigay sa kulturang popular batay sa magkakaibang perspektibo. Unang binigyang depenisyon ang terminong “popular” kung saan sinabi ni Williams (1963) ang apat na pangkalahatang kahulugan

nito sa kasalukuyan: *gusto ng maraming tao, nakababang uri ng gawain, isang gawaing sadyang inilaan upang tangkilikin ng mga tao, at kulturang sadyang binuo ng mga tao para sa pansariling hangad.*

Kaugnay nito, tinalakay niya ang hinggil sa estruktura ng pandama (*structure of feelings*) upang magkaroon ng higit na pang-unawa sa ugnayan ng bago at luma sa panitikan. Inoorganisa ng estruktura ng pandama ang pag-unawa natin at kung paano tayong naapektuhan ng pagkakaugnay sa mga saklaw ng kultura tulad ng panitikan. Para kay Williams (1963), may tatlong larangang bumubuo sa estruktura ng pandama at sabay-sabay ang pagkakaroon ng iba't ibang larangan sa estrukturang ito. Nagiging batayan ng ating pagkakaugnay sa panitikan at kultura ang mga larangang lumikha rito na siyang nagdedetermina sa ating produksyon at pagtanggap sa produkto ng kultura.

Ang unang larangan ay ang namamayani (*dominant*) na tumutukoy sa kultura ng naghaharing kaayusan. Pinanatili nito ang namamayaning estruktura ng pandama. Sa panitikan, dito masusumpungan ang mga tala o ang listahan (*canon*) ng mga itinuturing na dakilang akda at manunulat maging sa kalakaran ng pagsulat.

Ang ikalawang larangan ay ang latak (*residual*) na tumutukoy naman sa lumang kultura. Bagama't ito ay sinasabing luma, paulit-ulit itong masusumpungan at hindi mawala-wala sa patuloy na pagtangkilik ng mga tao. Sa panitikan, ito ang mga tradisyong

bahagyang malaganap sa ilang lugar o sektor. Sa kalakaran ng pagsulat, ito ay tumutukoy sa mga papayaong kalakaran gaya halimbawa ng pagsulat ng epiko.

Ang ikatlong larangang tinatawag na umuusbong (*emergent*) ang siyang nagbabadyang bago na maaaring pumalit sa namamayaning kaayusan. Sa panitikan, ito ang panitikang sektoral, rehiyonal ng pambansang demokrasya, teknolohikal at kulturang popular. Bumabalikwas ito sa namamayaning estruktura ng pandama tulad ng pagkontra sa namamayaning kalakaran sa pagsulat. Dito maaaring pumaloob ang reporma sa namamayaning kalakaran sa panitikan. Halimbawa nito ang pagkakaroon ng panitikan sa *website* at komiks na itinuturing bilang mga alternatibo.

Inungkat ni Lowenthal (1961) na ang kulturang popular ay isang dati ng usapin na pinagtatalunan (*old dilemma*) ng mga kritiko at hanggang sa modernong panahon ay patuloy na pinag-uusapan. Sa positibong pananaw sa kulturang popular, tinitingnan ito bilang daan sa patuloy sa pag-unlad ng sosyolohikal na aspekto ng indibidwal. Sa kabilang banda, kinukuwestiyon ang maaaring maging epekto nito sa kondisyong mental at moral ng indibidwal sa labis at patuloy na pagtangkilik sa iba't ibang uri ng gawaing panlibangang nasa ilalim ng kulturang popular.

Tinalakay naman ni Gans (1974) ang pinakamahalagang pagtataya kaugnay sa panlasa ng publiko sa kultura. Kinakailangang magsimula ito sa puntong ang panlasa sa kultura ay batay sa kung ano ang pinipili ng mga tao; hindi ito mamamayani kung hindi

tatangkilikin. Ibig sabihin, ang kultura ay hindi maaaring mataya nang hindi ikinokonsidera ang publikong tatangkilik dito. Nangangailangan ding isama sa konsiderasyon ang edukasyon ng publikong pumipili sa partikular na inihahain ng kultura. Ang natamong edukasyon ang pinakamainam na maaaring maging batayan sa pagbuo ng pamantayan. Dahil dito, makikita na ang panlasa ng tao ay naapektuhan ng kanyang pinag-aralan gayundin ng kulturang kinamulatan.

Nagsagawa si Guins (2005) ng pagtalakay tungkol sa iba pang depenisyon ng “popular” batay sa *New Universal Dictionary*. Ito ay ang sumusunod:

1. sang-ayon sa pangkalahatang publiko
2. angkop sa mga pangangailangan, kaparaanan at panlasa o pang-unawa ng pangkalahatang publiko
3. may pangkalahatang saklaw sa kasalukuyan
4. karaniwang nagugustuhan at tinatangkilik

Mula sa mga pagpapahalagang ito, makikitang tuluyan nang nawala ang ideyang tumutukoy “sa tao” (*the people*) at sa halip ay nahalinhan ito ng “pangkalahatang publiko” (*the general public*). Ang kultura ay hindi lamang limitado sa partikular na grupo ng tao kundi umuusbong ito sa pagtangkilik ng higit na malaking saklaw o ang pangkalahatang publiko.

Sang-ayon din kay Reyes (1997), inugat na ang puno't dulo ng kulturang popular ay karaniwang maiuugnay sa paglawak ng impluwensiya ng teknolohiya, sa matinding komersyalisasyon at madaliang reproduksyon ng mga manifestasyon ng kultura. Kabilang dito ang mga magasin, komiks, radyo, telebisyon, at gayundin ang moda ng damit, mga awitin, mga patalastas at mga bagay sa isang maunlad na lipunan.

Walang sadyang maituturing na pagkakaiba ang kultura para sa iilan at kultura para sa nakararami sapagkat sa loob at labas man ng sistemang kolonyal, namamamayani ang kulturang nauunawaan ng nakararaming mamamayan.

Sa Pilipinas, hindi limitado ang konsepto ng Kulturang Popular sa pagpasok lamang ng teknolohiya. Sa halip, tinitingnan itong higit na nakatutulong sa pag-unawa sa mga karanasan, sa ugnayan ng kasalukuyan at ng mga tradisyon at kumbensyong nabuo at pinagyaman noong mga nakaraang taon.

Ayon kay Reyes (2002), ang maraming bagay ay nararapat suriin sa larangan ng kulturang popular sapagkat ang iba't ibang saklaw at mga katangiang taglay nito ay bunga ng masalimuot na proseso ng paglikha ng kahulugan ng mga mamamayan. Nangangahulugan ito na ang mamamayan ay bahagi ng proseso sa pagbuo ng partikular na kamalayan ng isang indibidwal sa loob ng isang sistemang namamayani ang pagkakaiba sa pagitan ng magkakaiba ring estado sa lipunan.

Binigyang-tuon ni Strinali (1995) ang kahalagahan ng kulturang popular sa modernong panahon kung saan makikita ang magkaibang anyo at anggulong tinitingnan ng mga kritiko. Una, dahil ang kulturang popular ay tinitingnan bilang negosyo na nakatuon lamang sa kita, nais ng mga naturang kritiko na ilugar ito sa nasyonalismong kilusang bumabalikwas sa interes ng kapitalista at kolonyalismo. Sa isang banda, hinahanapan din ng mga kritiko ang kulturang popular ng kasiningang nagmumula sa tradisyong pampanitikan at kultural.

Sa kabilang banda, binigyang-pansin ni Tolentino (2004) ang panitikang popular bilang isang aspekto ng kulturang popular. Bagama't nilinaw niyang ang pagtalakay ng panitikang popular ay hindi hiwalay sa kulturang popular, binanggit ni Tolentino (2004) ang mga partikular pa ring katangian ng panitikang popular. Isa na rito ang pagiging pinakahuli o yaong pagturing dito bilang pinaka-*low technology* sa mga larangan ng kulturang popular kung ihahambing sa iba pang anyo ng *media* tulad ng telebisyon, sine, *computer* at iba pa. Gayunpaman, sa lahat ng saklaw ng kulturang popular, sa panitikan makikita ang kasaysayang palaging maiuugnay sa kasalukuyan.

Ayon kay Tolentino (p.32; 2004):

“Walang bago sa panitikan, nagkakaroon lamang ng bago sa paglugar sa panitikan sa mga partikular nitong kasaysayan at lipunan. Walang bago sa panitikan, nagiging bago at luma ito sa paglugar sa iba’t ibang kondisyon ng pagsulat, paglikha, pagbasa, diseminasyon at pagpapakaranasan sa panitikan.

Nagkakaroon lamang ng bago sa paglagay sa panitikan sa mas angkop nitong hulmahan, kung saan ito mas lubos na magkakasya.”

Ang mga aklat na tumatalakay sa ugnayan ng kultura at panitikang popular ay bahagi ng pag-unawa sa kabuuan ng pag-aaral na ito. Mula rito ay mag-uugat ang isang saklaw ng panitikang popular na sa panahong kasalukuyan ay humahanap din ng lugar upang makapaghatid ng kasaysayang nakalarawan- ang komiks.

2.1.2 Ang Kultura ng Komiks Bilang Panitikang Popular

Bawat indibidwal ay tumutuklas o nag-iisip ng iba't ibang gawaing mapaglilibangan – sadyang bahagi na ito ng sistema ng isang tao. Maaari itong maisagawa sa pamamagitan ng pamamasyal, panonood o pagbabasa. Maging ang simpleng pakikipag-usap ay isa na ring gawain na pampalipas ng oras. Sa Pilipinas, bago pa man magsimula ang kolonisasyon, may mga anyo na ng libangan na maituturing na tradisyon at yaman ng kultura. Ang pagpapalitan ng mga bugtong, salawikain, pakikinig ng mga alamat, kuwentong-bayan, epiko at mito ay ilan lamang sa mga gawaing kinagiliwan ng mga ninunong Pilipino. Nagiging masigla rin ang mga pagkilos habang sinasaliwan ng pag-awit ang paggawa.

Nang maganap ang kolonisasyon, sumabay rin ang pag-usbong ng iba't ibang sibilisasyong hatid ng banyagang mananakop.

Ayon kay Reyes (1970), ang sibilisasyong dala ng mga Amerikano sa Pilipinas ay nakatuon sa pagkakamit ng buhay na progresibo, batay sa rasyunal, siyentipiko at obhetibong perspektibo. Sa puntong ito, ang kaisipang tradisyunal ng mga Pilipino ay unti-unting napalitan ng inilalakong modernisasyon na naghahain ng higit na kaunlaran sa iba't ibang aspekto.

Mula sa pagbubugtungan, salawikain, awitan, pagbabasa at pakikinig ng mga kuwento, alamat, epiko at mito, sumilang ang iba't ibang gawain at materyales na dulot ng modernisasyon. Kasama na rito ang lumaganap na babasahin gaya ng *pocket book*, magasin, mga nobelang Ingles at mga komiks.

Sa mga babasahing nabanggit, ang komiks ay isa sa mga maituturing na kabilang sa panitikang popular na hindi matatawaran ang naging kontribusyon sa lipunang Pilipino. Para kay Gimena (2011), isang “social phenomenon” ang eksistensiya ng komiks sa loob ng humigit anim na dekada. Naging daluyan ito ng napakaraming konsepto ng “social norm”. Dahil dito, tumatak ang mga di malilimutang tauhan o karakter na tinangkilik ng marami. Ito rin ay naging hulmahan o modelo ng mga bagong manunulat na lumilikha ng panibagong karakter sa bawat henerasyon. Samakatuwid, naging repleksiyon ang komiks kung ano ang uri o antas ng kamalayan mayroon ang mambabasang Pilipino sa pamamagitan ng mga naisulat na akda. Napatunayan ding ang pagbabasa nito ay hindi lamang isang mabisang uri ng paglilibang, bagkus ay naging epektibong tagapagpalaganap at tagapaglinang ng wika at kaisipang Pilipino noon.

Naging behikulo rin ang komiks upang matutong magbasa ang mga kabataan at maging ang mga nakatatandang hindi nabigyan ng pagkakataon upang makapag-aral nang pormal. Nahasa ang kanilang isipan na magkaroon ng malawak na pang-unawa at mapahalagahan ang mga aral na kanilang nakukuha sa pagbabasa nito.

Bilang karagdagan, marami sa kanila na komiks ang naging sanhi upang magising ang kamalayan sa dalawang uri ng sining na nakapaloob dito – ang sining ng pagsulat at sining ng pagguhit. Naging daan nila ito para mahasa ang kanilang mga talento patungo sa iba pang larangan o midyum na may kaugnayan din sa sining.

Ayon kay Valiente (2007), ang kultura ng komiks ay binubuo ng mga manunulat at dibuhista na napakalawak ng imahinasyon. Ang pagiging malikhain ng mga tagakomiks ang nagpagalaw maging sa mga bagay na walang buhay. Ipinakita rito ang mga hindi nakikita ng iba at nakalikha ng mga bagay mula sa wala. Sa pagsasama-sama ng mga elemento sa pagsulat at pagguhit, ginalugad ng komiks ang iba't ibang dimensyon, ipinakita na bukod sa mundong ginagalawan ng mga tao ay may iba pang mundo, at posible ang pagkakaroon ng iba pang mga uri ng nilalang. Maraming bata ang lumaki kasabay ng komiks at baon nila ang tapang ng mga natatanging karakter na lumalaban sa mga hamon ng buhay. Maraming pinaligaya ang komiks, binigyan ng pag-asa, pinaibig at sinamahan sa pagtuklas ng iba't ibang mukha ng realidad.

2.1.3 Ang Komiks at ang Kaligirang Pangkasaysayan Nito

Tinukoy ni Sabin (1993) ang tradisyonal na imahen ng komiks bilang ilehitimong anyo ng panitikan- ordinaryo, karaniwan, mura, di pangmatagalang manipestasyon ng panlasa at hindi kapupulutan ng makabuluhang kaisipan. Itinuturing itong babasahin na hindi kinakailangan ng kritikal na pagbabasa sapagkat ang mga karakter na masusumpungan dito ay walang hatid na magandang ehemplo, bagkus ay kamangmangan kundi man karahasan ang palaging ipinapakita sa mga pahina nito. Gayunpaman, sa mga nakalipas na taon, ang komiks ay nagkaroon ng pagbabagong-bihis kung saan nagamit ito sa iba't ibang larangan na hindi na lamang nakasentro sa pagdudulot ng aliw o *entertainment* sa mga mambabasa nito kundi sa paghahatid ng impormasyong sumasaklaw sa mga usaping pangkabuhayan, panlipunan at pang ideolohiya. Tinawag ito ng *media* na isang “rebolusyon” (*revolution*) na nagtatanghal sa komiks bilang isang babasahin na maaaring maging instrumento sa pag-unawa sa tunay na kalagayan ng isang estado at sa transpormasyon ng paniniwala hinggil sa kulturang popular.

Sa ating bansa, nagsagawa ng pagtalakay sa komiks si Reyes (1997) bilang produkto ng Amerikanisasyon sa Pilipinas. Ito ay nanggaling sa bansang Amerika at popular sa tawag na *comic strip* mula pa noong unang dekada nang kasalukuyang dantaon. Ginamit bilang suplemento ng mga pahayagan ang ilan sa mga kinilalang tauhan tulad nina *Tarzan of the Apes*, *Little Orphan Annie*, *Superman* at *Mandrake the Magician*.

Noong pahanon ng Kastila, naging isang mahalagang bahagi na ng katutubong panitikan ang piktoryal na tradisyon. Nagkaroon ng mga ilustrasyon upang ilarawan ang mga tao sa sinaunang awit at korido maging sa mga aklat ng mga relihiyoso tulad ng mga buhay ng santo na nilangkapan din ng mga natatanging larawan. Isa pa sa ginamitan ng mga ilustrayon ay ang popular na pasyon na may layuning patindihin ang partisipasyon ng mga tao sa kinagawiang ritwal. Sa mga akdang ito na ginamitan ng tulong na biswal, pinaglangkap ng mga manunulat at ng kanilang ilustrador ang salita at larawan.

Sa Pilipinas, sinimulan ni Tony Velasquez ang paglikha ng unang tauhan sa komiks- si *Kenkoy* na unang ipinakilala noong 1929. Hindi naglaon at lumabas si *Kulafu at ang kanyang Luningning* na nilikha naman ni Francisco Reyes. Kapwa unang nabasa ang mga kathang ito sa *Liwayway*. Sa simula ng kasaysayan ng komiks, lumabas ito bilang suplemento lamang. Gayunpaman, dito unang natunghayan ng mga mambabasa ang napakalaking pagkakaiba ng mga kuwentong isinasalaysay sa pamamagitan ng salita at yaong inilalarawan sa mga kuwadro na sa loob ay may hugis-lobong kinapapalooban ng mga sinasabi o iniisip ng mga tauhang gumagalaw. Nakita sa dalawang karakter na ito ang dalawang tendensiyang mangibabaw sa kasaysayan ng komiks. Una, ang romantikong pagtingin na kinapapalooban ng mga tauhang nakatira sa isang daigdig ng himala, mga kagila-gilalas na paksa at pakikipagsapalaran, at karanasang maaaring magkatotoo sa guniguni lamang. Pangalawa, makikita rin ang realistikong pananaw na batay sa mga aktuwal na pangyayari at tauhan na maaaring makasalamuha sa tunay na buhay. Ang mga ganitong kalakaran ay higit pang sumidhi sa pagdaan ng panahon.

Marami pang karakter ang nakilala sa komiks at nang lumaon, ito ay naging isang bukod na magasin. Ito ang *Halakhak* na pinamatnugutan ni Tony Velasquez. Maliban sa kanya, nakilala rin sa industriya ng komiks si Don Ramon Roces na nagtatag ng apat na komiks. Ang mga ito ay pinamagatang *Hiwaga*, *Espesyal*, *Pilipino* at *Tagalog Klasiks*. Bagama't hindi nagbago ang anyo ng komiks, nagkaroon naman ng napakalaking pagbabago sa nilalaman nito. Maliban sa mga kuwentong nagpapatawa o nanunudyo, nagsama na rin ng mga akdang naglalaman ng pag-iibigan, pakikipagsapalaran at trahedya.

Ang taong 1970 ang itinuturing na “ginintuang panahon ng komiks” sa sumusunod na kadahilanan:

1. Umabot sa limandaang (500) pamagat ng komiks ang nailathala.
2. Dumami ang kilalang taong manlilikha sa larangan ng komiks.
3. Ginamit ang mga komiks sa pag-iindorso ng mga produkto (sabon, gasolina, *softdrinks*, atbp.)
4. Nagamit din ng mga kandidatong tumatakbo sa eleksyon ang mga komiks bilang panghikayat sa masa.

Sa kabila ng lahat ng ito, ang pagbabalik ng interes sa komiks ay tumagal lamang hanggang sa simula ng taong 1990 sapagkat nagsimula na ring mahumaling ang mga Pilipino sa ibang anyo ng paglilibang tulad ng *video games*, *karaoke*, *pocket book novels*, *cellphones* at sa bandang huli, ang laganap na laganap na paggamit ng *Internet*. Dahil

dito, hindi naiwasang magkaroon ng pagtitipid sa produksyon ang maraming gumagawa at naglalathala ng komiks. Binawasan din ang suweldo ng mga manunulat at dibuhista, gumamit ng murang papel, at dinamihan ang mga pahinang nakatuon sa *showbiz* kaysa sa komiks. Sa puntong ito, ang mga nagipit na manggagawa sa industriya ng komiks ay nawalan ng gana sa paglikha ng mga bagong kuwento. Naging kapansin-pansin ang tila pag-uulit na lamang sa mga lumang kuwento at waring pangkaraniwan na lamang ang paraan ng pagguhit ng mga ilustrador. Hindi na nito nasasalamín ang mayamang tradisyon ng komiks na nasimulan noon.

Ang mga salik na nabanggit ang naging sanhi kung kaya't bumaba ang konsumo ng komiks at maging ang mga tagahanga nito. Napilitan na rin ang karamihan sa mga gumagawa ng komiks na magsara at kanselahin ang kanilang mga titulo sapagkat sadyang nagpatuloy ang paghina ng industriya nito.

Nagbahagi si Nilsen (2001) ng ilang konsiderasyon upang mapanumbalik ang interes ng mga mambabasa, partikular na ang mga kabataan sa pagkakaroon ng pagpapahalaga sa panitikan. Kabilang dito ang anyo ng panitikang popular na komiks na sa kasalukuyang panahon ay humahanap ng lugar upang magamit sa larangan ng edukasyon. Sa pagsusuri sa isang makabuluhang komiks ay isinasaalang-alang ang sumusunod:

1. pagtatanghal ng huwarang modelo na nagtataglay ng positibong pag-uugali at positibong tema sa kabuuan

2. paggamit ng epektibong biswal na may interesanteng *layout* at magandang kalidad ng ilustrasyon
3. paggamit ng orihinal na mga karakter, kapana-panabik na banghay at estilong makapupukaw sa interes ng mambabasa
4. pag-iwas sa paggamit ng labis na karahasan at kahalayan sa mga ilustrasyon
5. pagpapanatili sa maayos na organisasyon ng mga kuwadro

Ang iba't ibang pagtingin sa komiks bilang isang saklaw ng panitikang popular ay hindi na bago sa Pilipinas maging sa ibang bansa. Para sa mga kritiko ng komiks, marami pang inobasyon ang kinakailangan upang maituring ang komiks bilang lehitimong anyo ng panitikan. Para naman sa mga tumangkilik at patuloy pa ring tumatangkilik dito, ang komiks ay isang tunay na salamin ng buhay na makatutulong sa paghahatid ng katotohanan at aspirasyon, paggamit ng mayamang imahinasyon, gayundin sa pagpapalawak ng kabatirang panlipunan.

2.1.4 Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan

Sadyang malaki ang impluwensyang hatid ng kakayahan ng guro na magturo sa lawak ng pagkatuto at kung paanong natututo ang mga mag-aaral. Dahil dito, kailangang tuklasin ng guro ang iba pang pamamaraan ng pagtuturo at alamin ang mga kagamitang magiging katuwang sa pagpapabuti ng naturang proseso. Kaugnay nito, ang masusing pagpili sa pantulong na kagamitan gaya ng komiks ay maaaring maging daan para

hikayatin din ang mga mag-aaral na makisangkot sa kanilang sariling pagkatuto. Para kay Owens (1969), kung magagamit lamang nang maayos ang komiks, maaari itong maging isang makapangyarihang kagamitan sa larangan ng edukasyon. Ayon naman kay Douglas (1967), may mga guro na kinakailangang gumamit ng komiks sa kanilang pagtuturo sa klase upang mahikayat ang mga mag-aaral na magbasa. Gayunman, nilinaw niyang dapat na maging maingat ang guro sa pagpili ng komiks na gagamitin at magbigay rin ng iba pang alternatibong babasahin pagkaraang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

Ang komiks ayon kay Hofferan (1962) ay sadyang makulay sapagkat nagpapakita ito ng mga grapikong presentasyon na makatutulong sa mambabasa upang agad na makuha ang kahulugan ng kanyang binabasa. Idinagdag pa niya na ang isang makabuluhang komiks ay mainam na motibasyon at kalimitang nagiging tulay mula sa simpleng pagbabasa lamang upang makakuha ng impormasyon tungo sa isang uri ng pagbasa na totoong kasiya-siya. Bilang isang guro, pinahahalagahan ni Makey (1962) ang kakayahan ng komiks na mapukaw ang atensyon ng mga mag-aaral at makabubuting hayaan silang magbasa ng komiks na kanilang nauunawaan sapagkat walang tunay na pagbasa kung walang pag-unawang nagaganap. Maliban dito, iginiit niyang sa halip na supilin ang kagustuhan ng mag-aaral na magbasa ng komiks, mas nararapat na ituring ng guro ang komiks bilang isang anyo ng panitikan at tanggapin ang hamong hatid ng paggamit nito upang matulungan ang mga mag-aaral na linangin ang kakayahang bumuo ng mga imaheng pangkaisipan batay sa kanilang mga binabasa.

Naglahad si Eisner (1985) ng iba't ibang porma, rehiyonal na kategorya at uri ng komiks. Ang sumusunod na porma (*format*) ay *Comic strip*, *Comic book*, *Graphic novel*, *Comics anthology*, *Web comic*, *Sprite comic*, *Fumetti*, *Storyboard*, *Cartoon* at *Political cartoon*. Ang iba't ibang rehiyonal na kategorya (*regional categories*) naman ng komiks ay ang *American comic book*, *Asian comics* at *European comics*. Sa ilalim ng *American comic book* ay kabilang ang sumusunod: *Tijuana bible (8-pagers)*, *Underground comics*, *Alternative comics* at *Minicomic*. Sa *Asian comics* ay kasama ang: *Chinese comics (manhua)*, *Japanese comics (manga)* at *Korean comics (manhwa)*. Sa *European comics* ay kasama naman ang: *British comics*, *Franco-Belgian comics (Bande Dessinée)* at *Italian comics*.

Para sa iba't ibang *genre* ng komiks ay kabilang naman ang sumusunod: *Caricature comics*, *Children's comics*, *Educational comics*, *Erotic comics*, *Editorial comics*, *Narrative comics*, *Non Sequitur comics* at *Wordless/"Silent" comics*. Ang *Editorial comics* ay maaaring magkaroon ng paksang pulitikal, satiriko o panlipunan. Sa *Narrative comics* ay pumapasok naman ang mga paksa o temang may kinalaman sa aksyon, kakatuwang mga hayop (*anthromorphic*), *autobiographical*, pag-iimbestiga sa isang krimen o kaso, kasaysayan, katatakutan, klasiko, romansa, *superhero* at *science fiction*.

Kaugnay nito, ang pagsasama-sama ng iba't ibang elemento ng komiks ayon kina Pak at Van Lente (2014) ay tunay na mahalaga upang matiyak ang kabuluhan nito bilang

isang anyo ng babasahin. Maaaring magkaroon ng pagkakatulad at pagkakaiba sa mga elementong taglay ng komiks batay sa uri o *genre* kinabibilangan kung kaya maiuugnay ang bawat bahagi nito sa pagtuklas sa kasiningan ng isang saklaw ng panitikang popular.

2.1.5 Mga Simulain at Pananaw sa Pagpili at Pagbuo ng Pantulong na

Kagamitan

Isa sa pinakamahalagang kailanganin ng guro ang mga kagamitang pampagtuturo na kanyang magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa pagkatuto na nakapaloob sa bawat aralin. Sinabi ni Lardizabal (2002) na ang pagtuturo ay isang proseso ng komunikasyon ng guro at mag-aaral. Hindi sapat na manatili lamang ang komunikasyong ito sa berbal na aspekto. Iba't ibang kagamitan ang maaaring gamitin ng guro upang maisakatuparan ang natatanging layunin. Ang kagamitang pampagtuturo o kagamitang instruksiyonal ay anumang karanasan o bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng impormasyon, kasanayan, saloobin, palagay, katotohanan, pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral upang matamo ang kongkreto, dinamiko at ganap na pagkatuto.

Ipinaliwanag ni Arellano (1981) na ang mga guro sa kasalukuyan ay humaharap sa napakaraming kagamitang pampagtuturo at iba pang pantulong na kagamitan kung saan ang nagiging suliranin ay ang wastong pagpili nito upang magamit sa layuning matamo ang pinakamataas na kahalagahang pangkagamitan.

Bagaman sinasabing walang anumang kagamitang pampagtuturo ang makapapalit sa isang mabuting guro, hindi rin maitatanggi na ang mabuting guro ay gumagamit ng mga makabuluhang kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Sang-ayon din ito sa punto ni Straiger (1982) na ang mga pinakaepektibong kagamitan ay kinakailangang magamit sa pagtuturo kung kaya nararapat lamang na piliing mabuti ng guro ang kanyang gagamitin sapagkat ito ay isang salik na nakaaapekto nang malaki sa pagkatuto.

Naglahad si Nunan (1988) ng patnubay sa pagdisenyo at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo kabilang ang sumusunod:

1. kailangang maglaman ng mga gawaing magdudulot ng interaksyon sa mga mag-aaral batay sa kurikulum na pinagsisilbihan nito
2. awtentiko at nagpapakita ng mga gawaing katulad sa mga bagay na masusumpungan sa labas ng silid-aralan
3. humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin sa produktibong paraan ang mga kasanayang natamo tungo sa higit na pagkatuto
4. humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin sa labas ng silid-aralan ang mga natamong kasanayan

Isa pa sa mga nauna at kinikilalang modelo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay ang mungkahi ni Johnson (1972) na binubuo ng tatlong bahagi: ang pagdidisenyo (*design*), pagpapaunlad (*development*) at diseminasyon (*dissemination*).

Ang pangunahing konsiderasyon sa bahagi ng pagdidisenyo ay ang paglalahad ng layunin para sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Sa bahagi ng pagpapaunlad, nilinaw niya ang mga kailanganin na tutugon naman sa mga pangangailangan ng partikular na uri, antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa tiyak na lugar kung saan inaasahang maganap ang pagkatuto. Maliban dito, binigyang-tuon din ang karampatang pagtataya na maaaring gawin upang mapunan ang ilang kakulangan at sa huli ay magamit nang epektibo ang kagamitang pampagtuturo na tumutukoy naman sa diseminasyon.

Para kay Guamen et al. (1993), kailangang isaisip ng guro ang ilang simulain na makatutulong sa kanya sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo. Dapat na sa umpisa pa lamang ng kanyang pagtuturo ay makikita na agad sa mga mag-aaral ang kanilang pagkagiliw at pagnanais na matuto sa pamamagitan ng kagamitang ginagamit ng guro. Kaugnay nito, mahalagang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magamit ang mga materyal na magpapalabas ng kanilang pagiging maparaan sa malayang paggamit ng mga suplemental na babasahin. Ang bawat pantulong na kagamitan ay kailangang magdulot sa mga mag-aaral ng aktibong partisipasyon sa mga gawaing pagbasa at magpaunlad sa kanilang kakayahang maging mapanuri sa kanilang mga binabasang akda. Kabilang sa mahahalagang bahagi ng kagamitan ang pagbibigay-tuon sa dating kaalaman kung saan tinitingnan ng mag-aaral ang mga tiyak na elemento tulad ng panimula, mga ilustrasyon at iba pang grapikong pantulong na nakapaloob sa kagamitan.

Maliban dito, marami ng dalubhasa ang nagbigay ng pananaw tungkol sa gamit at kapakinabangan sa mga pantulong na kagamitan tulad ng sumusunod:

- humihikayat sa mga mag-aaral na magsanay pa at higit na maging produktibo sa klase (Rowntree, 1976)
- tumutugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral at may malinaw na gampanin sa pagkatuto (Cunningsworth, 1995)
- may kaugnayan sa aralin at tunay na kapaki-pakinabang sa pag-aaral (Tomlinson, 2001)

Sa pag-aaral na isinagawa ni Villamin (1990), naglahad siya ng ilang mahahalagang elemento sa pagbuo ng instruksiyonal na kagamitan. Ito ay ang sumusunod:

1. ang kakayahan, interes at pangangailagan ng mga mag-aaral batay sa edad at antas
2. konsiderasyon sa kabuhayan at uri ng lipunang kinabibilangan kung saan pumapaloob ang mga gawi, tradisyon at paniniwala
3. kaalaman ng guro sa disipinang itinaturo kabilang ang istruktura, lawak at pagkakasunod-sunod ng mga aralin; pangkalahatang pananaw, kakayahan at pag-uugali na kinakailangang malinang sa mga mag-aaral

Samantala, upang matiyak ang tunay na halaga ng kagamitan, binigyang-tuon ni Hutchinson (1987) ang malalim na pagsusuri sa mga ito kung saan pumapaloob ang apat

na hakbang: pagbibigay ng pamantayan (*defining criteria*), pandamdaming pag-aanalisa (*subjective analysis*), pangkaisipang pag-aanalisa (*objective analysis*) at pagtatapat (*matching*).

Ayon naman kay Erickson (1992), ang lahat ng guro ay nangangailangan ng mga kagamitang halos abot-kamay lamang niya upang maging mabisang kasangkapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sang-ayon ito sa kasalukuyang layunin ng eduksayon na hindi lamang nakasentro sa pagtuturo ng nilalaman ng asignatura, bagkus ay nakatuon sa paghahanda sa mga mag-aaral sa mga karanasang dapat nilang makuha o makamit. Ang pagtatamo ng ganitong uri ng pagkatuto ay magagamit nila sa pagharap sa mga tunay na sitwasyon sa kanilang kapaligiran. Nagpapatunay ito na dapat isaalang-alang ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kagamitan upang makita nila ang tunay na halaga ng instruksyon at magkaroon sila ng natatanging motibasyon sa kurso ng kanilang pag-aaral.

Ang mga guro sa makabagong henerasyon ay patuloy na nagsusumikap upang makahanap ng mga paraan ng pagtuturo gayundin ang pagpili at pagbuo ng mga instruksiyonal na materyal na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Inuri ni Earl (1977) sa lima ang mapagkukunan ng kagamitang pampagtuturo. Kabilang dito ang sumusunod:

1. nalimbag na materyal (hal.: sanayang aklat)

2. nalimbag na materyal na hindi ginawa para sa pagbasang instruksiyonal
(hal.: pahayagan at magasin)
3. materyal na binuo upang maging giya o gabay at magpaliwanag (hal.: mapa, pamphlet, manwal, *handouts*)
4. materyal na ginawa ng guro (hal.: *flash cards*, mga laro, kuwento at adaptasyon ng mga nakalimbag na materyal)
5. *student talk* (hal.: mga sulatin, magasin at pahayagang ginawa ng mga mag-aaral)

Kaugnay nito, nag-organisa si Straiger (1982) ng klasipikasyon ng mga materyal: ang *basal text* o tekstong ginagamit sa pangkalahatang pag-aaral tulad ng matatagpuan sa mga aklat, ang *workbook* o sanayang aklat at ang mga supplementaryong materyal na likha ng guro at itinuturing na *skill text*, patnubay sa pag-aaral at kit sa sariling pagkatuto.

Tumutukoy sa mga karagdagang gawain, pagsasanay sa mga paksang tinalakay at iba pang karagdagang babasahin ang mga supplementaryong materyal. Binuo ito upang maging kaagapay ng guro sa pagpapalawig ng aralin at pagpapayaman ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon pa kay Straiger (1982), makikita ang kapakinabangan sa mga supplementaryo o pantulong na kagamitan sa pag-aangkop nito sa karanasan ng mga mag-aaral kung saan mas nagiging kongkreto sa kanila ang mga bagay na natututunan at nailalapat sa mga tunay na sitwasyon.

Ang bawat puntong inilahad kaugnay sa pagpili at pagbuo ng pantulong na kagamitan ay nakaugat sa prinsipyong magamit ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutunan sa aktibong partisipasyon sa klase na mailalapat nila sa realidad. Ito rin ay magsisilbing manipestasyon ng kanilang pagpapahalaga at pagsasabuhay sa mga natamong karunungan.

2.2 Mga Kaugnay na Pag-aaral

Batay sa isasagawang pag-aaral ng mananaliksik, limitado lamang ang pag-aaral na naisagawa kaugnay sa pagsusuri ng anyo ng panitikang popular tulad ng komiks. Gayunman, marami ng pag-aaral ang isinagawa kaugnay sa pagbuo, pagpapaunlad at balidasyon ng mga kagamitang pampagtuturo kung saan isinasalang-alang ang kahalagahan ng paggamit ng mga epektibong materyales sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at kaugnayan nito sa pagkatuto ng wika maging sa pagpapayaman ng kasanayan sa pagsulat at pagpapahalaga sa panitikan. Binigyang-diin naman sa ilang pag-aaral ang paggamit ng mga tiyak na pantulong na kagamitan na makapupukaw sa interes ng mga mag-aaral tungo sa mas malawak at mas malalim na pagkatuto ng mga aralin. Matutuklasan sa mga pag-aaral na ito ang iba't ibang modelo at mga mungkahing hakbang sa pagpili at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pantulong na kagamitan.

2.2.1 Mga Kwalitatibong Pag-aaral

Sa deskriptibo at pagsubaybay na pag-aaral (*follow-up study*) na ginawa ni Khadijeh (2013) na may pamagat na *Development and Validation of Prototype Instructional Materials on Reading Comprehension Skills for High School Freshmen*, naging pangunahing layunin ang paghahanda ng isang kagamitang pampagtuturo na magtataglay ng mga karagdagang gawain upang mapagtuunan ang pagpapainam sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa unang taon ng *Manila Central University* (MCU). Sa kanyang pananaliksik, nilikom niya ang ilan sa mga pagsusulit ng mga mag-aaral sa naturang antas at kinapanayam ang mga gurong nagtuturo ng panitikan upang malaman ang mga partikular na kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Inalam din niya ang mga materyal na ginagamit sa MCU tulad ng mga teksto, suplemental na babasahin, *kit* at iba pang aklat para sa unang taon sa silid-aklatan. Mula rito ay naghanda siya ng suplemental na babasahing kinapapalooban ng mga tekstong ibinatay sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral upang matugunan ang mga natuklasang kahinaan sa kasanayan sa pagbasa.

Tulad ng pag-aaral ni Khadijeh (2013), isinasaalang-alang sa sariling pananaliksik ang paggamit ng makabuluhang pantulong na kagamitan upang matugunan ang layuning mapag-ibayo ang kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa kabilang banda, komiks ang sinuri sa sariling pag-aaral bilang suplemental na babasahin samantalang kalipunan ng iba't ibang teksto ang ginamit ni Khadijeh (2013). Maliban sa pagsusuri ng mga obra maestrang isina-komiks, layunin din ng sariling pananaliksik na makabuo ng pamantayan

sa pagsusuri ng mga suplemental na babasahin na isang mahalagang instrumento upang mataya ang pagiging epektibo ng materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral.

Ang deskriptibong at batayang pag-aaral (*theoretical research*) ni Biales (2010) na pinamagatang *Development of Instructional Materials for Teaching World Literature to College Students Using Psychoanalytic Reader-Response Theory* ay nakasentro sa paglikha ng kagamitang pampagtuturo na may layuning pagyamanin ang pagkatuto sa panitikan gamit ang isang teorya sa pagtugon ng mambabasa sa isang akda. Binuo niya ng kagamitang pampagtuturo sa layuning kapwa magagamit ng mga guro at mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng mga aralin na nagtataglay ng mga gawain bago bumasa kung saan matatagpuan ang bokabularyo at motibasyon, gawain habang bumabasa ng teksto at pagkatapos bumasa kung saan naman papasok ang talakayan na nakatuon sa awtor, mga tauhan at sa kuwento. Bilang karagdagan, magkakaroon ng pagbasang kritikal na magbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong makilala ang ibang manunulat na katulad ng kanila nang nabasa at maibahagi rin ang kanilang karanasan habang nagbabasa.

Isa sa kanyang naging kongklusyon sa pag-aaral na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay magagamit bilang alternatibong kagamitan sa pagtuturo ng Panitikang Pandaigdigan at mapalawak nito ang masiglang pakikisangkot ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng aralin.

Sa sariling pag-aaral, tinatanaw ang paggamit ng pantulong na kagamitan partikular na ang komiks bilang katuwang na materyal sa pagpapayaman ng aralin sa panitikan tulad ng mga obra maestrang itinuturo naman sa antas sekundarya.

Para naman kay Esguerra (2007), sa kanyang deskriptibong pananaliksik na *Development at Validasyon ng Supplementaryong Kagamitang Panturo sa Filipino 2 sa Antas Tersarya*, mahalagang matukoy ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng anumang kagamitang panturo kung kaya nagsagawa siya ng mga panayam sa mga guro at mga mag-aaral upang tiyakin ito at naghanda ng talatanungan upang makalikom ng mga kaugnay na datos. Sa pagsasakatuparan ng kanyang mga layunin, ginamit niyang batayan ang modelo ni Johnson (1972) sa pagbuo ng materyal. Binubuo ito ng tatlong bahagi: paghahanda (*design phase*), pagbuo (*development phase*) at pagtataya (*evaluation phase*). Maliban dito, isinaalang-alang din ni Esguerra (2007) ang apat na bahagi ng proseso sa pagbuo ng materyal kabilang ang sumusunod: paghahanda, pagbuo ng materyal, pagsubok ng materyal at rebisyon ng materyal.

Ang bahaging ito sa kanyang pananaliksik ay ikinonsidera sa sariling pag-aaral upang magkaroon ng mas tiyak na direksyon ang binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan kung saan lubos na hinahangad ang pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa isang buhay at dinamikong pagkatuto. Gaya ni Esguerra (2007), naniniwala ang kasalukuyang mananaliksik na hindi dapat manatiling nakakulong o kontento ang mga guro sa ibinibigay ng mga ginagamit na aklat. Bagkus, dapat bumuo, tumuklas at

gumawa pa ng ibang paraan tulad ng pagdebelop ng supplementaryong kagamitang panturo upang makatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pagpapatibay nito, makatutulong naman ang pamantayan sa pantulong na kagamitan upang masuri ang nilalaman at bisa ng mga supplementaryong materyal tulad ng komiks.

Sa deskriptibong pag-aaral ni Diaz (2006) na *Suggested Instructional Materials in Teaching Reading-Writing Connection to Fourth Year High School Students*, inilahad ang iba't ibang malawak at interaktibong gawain at mga pagsasanay na maaaring magamit bilang kagamitang pampagtuturo para sa magkaugnay na pagkatuto ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Ang bawat gawain at pagsasanay ay sinikap na maipasok sa sampung (10) banghay-aralin na may magkakaibang *genre* at laan para sa ikaapat na taon. Sa kanyang kongklusyon, sinabi ni Diaz (2006) na ang paggamit ng iba't ibang pantulong na kagamitan ay makapagpapatibay sa pundasyon ng mga mag-aaral pagdating sa pagbasa at pagsulat. Katulad ng pag-aaral na ito, hangad ng mananaliksik na makapagmungkahi ng angkop na pantulong na kagamitan upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa aralin.

Ganito rin ang isinasaad sa isa sa mga layunin ng patakarang pagsusuri (*trend analysis*) na pananaliksik ni Perez (2006) na pinamagatang *Suggested Materials to Enhance Reading Comprehension Skills of First Year Students*. Sa kanyang pananaliksik, sinikap niyang makalikom ng mga basahing mula sa iba't ibang *genre* ng panitikan tulad ng kuwento, sanaysay, tula, mga balita at artikulo, *brochures* at pahayagan. Isinaayos ang

mga babasahing ito ayon sa antas ng pag-unawa at kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral. Bilang rekomendasyon, sinabi ni Perez (2006) na ang mga guro ay hindi lamang dapat bumatay sa mga sangguniang ibinigay ng administrador ng paaralan, bagkus, higit na makatutulong ang mga karagdagang babasahin at mga awtentikong teksto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa. Kinakailangan ang patuloy na pagpapaunlad ng mga paaralan sa mga programa sa pagbasa at maglaan ng pondo para sa mga kapakipakinabang na kagamitan sa adhikaing ito.

Kaugnay ng mga inilahad na rekomendasyon ni Perez (2006), sinikap sa sariling pag-aaral na makalikom at sa huli ay makapagmungkahi ng mga karagdagang babasahin gaya ng komiks upang mas maging makabuluhan ang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan tulad ng mga obra maestra. Kaakibat din ng mga mungkahi ang pagdebelop ng isang awtput na susukat sa kabisaan ng pantulong na kagamitan upang matiyak ang kaangkupan nito sa mga mag-aaral na nasa antas sekundarya.

Isa pa sa mga pag-aaral na isinagawa hinggil sa mungkahing kagamitang pampagtuturo sa magkaugnay na pagkatuto sa pagbasa at pagsulat ang deskriptibong pag-aaral ni Vilorio (2005) na *Suggested Instructional Materials in Teaching Reading-Writing Connection to First Year High Students*. Bumuo siya ng pantulong na kagamitang nagtataglay ng mga araling idinisenyo upang magamit bilang suplemento sa tekstobuk na ginagamit sa mga mataas na paaralang pampubliko.

Maiuugnay ang awtput ni Vilorio (2005) sa sariling pag-aaral kung saan sinikap ng mananaliksik na makatuklas ng suplementong babasahin na maaaring magamit ng mga mag-aaral sa antas sekundarya sa pag-aaral ng mga obra maestra maliban sa aklat na kanilang ginagamit bilang sanggunian.

Naging tuon naman ng deskriptibo at dokumentaryong pag-aaral (*documentary analysis*) ni Atienza (2005) ang paggamit ng mga awtentikong kagamitan na pinamagatang *Awtentikong Babasahin Bilang Pantulong na Kagamitan sa Pagbasa*. Sinuri niya ang lawak o saklaw ng mga sangkap ng awtentikong materyales ayon sa sumusunod na pamantayan: nilalaman, organisasyon, wika at istilo. Sa kanyang rekomendasyon, iminungkahi niya ang pagkakaroon ng karagdagang pananaliksik sa iba pang aspekto ng pag-aaral ng Filipino dahil na rin sa limitasyon ng kanyang pag-aaral.

Bilang tugon, gagamitin naman ang komiks sa sariling pananaliksik upang maging tuon ng pagsusuri at titingnan ang kaangkupan nito sakaling gamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng obra maestra. Bukod dito, gagamiting pamantayan sa pagsusuri ang simulain at pananaw ni Mc Cloud (1993; 2006) gayundin ang kina Gimena (2011) at Valiente (2009) kung saan maiuugnay ang organisasyon ng mga salita at larawan, mga pangnilalamang elemento at teknikal na aspekto sa pagpapalutang ng sining na taglay ng komiks.

Mungkahing kagamitang pampagtuturo rin ang naging paksa ng deskriptibong pananaliksik ni de Leon (2004) na nakatuon naman sa pagtuturo ng balarila. Pinamagatan niya itong *Suggested Instructional Materials in Teaching Grammar for Fourth Year High School Students* kung saan gumamit din siya ng mga awtentikong teksto tulad ng teksto sa agham, polyeto, magasin at pahayagan. Mula rito ay bumuo siya ng iba't ibang gawain gamit ang mga nasabing awtentikong materyales. Gayunman, nilinaw ni de Leon (2004) na kailangang lakihan pa ang mga larawan, ilustrasyon, *editorial cartoon* at pagkakasulat ng mismong teksto kapag ginamit sa pagtuturo sa silid-aralan upang higit na makita ang positibong resulta.

Batay sa ilang pamantayan na ipinaliwanag ni de Leon (2004), napapaloob din sa sariling pag-aaral ang pagtalakay sa kahalagahan ng magagandang larawan / ilustrasyon at maayos na pagkakasulat ng mga salita sa komiks upang higit na matiyak ang mataas na interes ng mag-aaral sa kanyang pagbabasa. Bukod dito, isa-isang tinukoy at isinaayos sa binuong pamantayan ang mga katangian na dapat suriin sa bawat elemento at aspekto ng komiks, hindi lamang sa larawang kalakip nito kundi maging ang tekstuwal na bahagi.

Sa deskriptibong pag-aaral ni Gaddi (2004) na may pamagat na *Mga Awtentikong Babasahin Bilang Pantulong na Kagamitan sa Pagbasa para sa mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Mataas na Paaralan*, ginamit pa rin ang mga awtentikong materyales bilang lunsaran ng mga pagsasanay na kanyang tinipon at isinaayos upang makabuo ng pantulong na kagamitan. Kaugnay nito, ipinataya niya sa mga kapwa guro sa Filipino at

mga mag-aaral sa ikalawang taon ang nabuong babasahin sa tulong ng isang tseklis kung saan ibinahagi niya sa kanyang kongklusyon ang pagiging epektibo at makabuluhan ng paggamit ng mga awtentikong materyal sa pagtuturo ng pagbasa. Nilinaw din niyang maaaring malinang nang sabay ang kasanayan sa pagbasa at kagandahang-asal kung ang kagamitang panturo ay kasiya-siya at kawili-wili sa mga mag-aaral.

Tulad ng isinaad sa kongklusyon ni Gaddi (2004), nais ihatid ng sariling pananaliksik ang kahalagahan ng iba pang pantulong na kagamitan maliban sa mga ginagamit na sangguniang aklat sapagkat kailangang maging natural ang pagkatuto nila sa mga araling tinatalakay at mailapat ang mga kasanayang natamo sa mga pang-araw-araw na sitwasyon. Higit ding nakatulong sa kasalukuyang pag-aaral ang pamantayan sa pagpapahalaga ng mga guro sa seleksiyong inihanda ni Gaddi (2004) upang magkaroon ng ideya ang mananaliksik sa mga salik sa pagkatuto na maisasama sa pagbuo ng sariling pamantayan sa pantulong na kagamitan.

Tulad nang natuklasan sa deskriptibong pag-aaral ni Luces (2004) na *Mga Awtentikong Babasahin Bilang Pantulong na Kagamitang Panturo sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagbasa para sa mga Mag-aaral ng Ikaanim na Baitang Antas Elementarya*, napatunayang masigla at buhay na buhay ang mga gawain at talakayan sa klase kung ang mga kagamitan sa pagbasa ay ayon sa interes ng mga mag-aaral. Bukod dito, nagiging produktibo ang mga mag-aaral na tuturuan kung ang guro ay malikhain sa kanyang ginagamit na mga kagamitang pampagtuturo. Sang-ayon muli ito sa layunin ng

sariling pag-aaral kung saan sisikaping makatuklas ng pantulong na kagamitang magiging katuwang sa mabisang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Nakatulong din ang instrumentong ginamit ni Luces (2004) para sa ebalwasyon ng mga guro sa mga pagsasanay upang makabuo ng sariling instrumento sa pagtataya ng ginawang pamantayan bilang awtput ng pananaliksik. Maliban sa pagtataya ng mga guro sa wika at panitikan, humingi rin ang mananaliksik ng ebalwasyon mula sa mga eksperto sa larangan ng komiks.

Ang deskriptibo at isinapraktikang pag-aaral naman ni Llana (2004) na *Ang Kapaligiran ng Buhay Komiks Modyuls: its Effectiveness as a Learning Tool for Adults in a Grass root Community* ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng komiks sa pagpapainam ng kabuhayan sa mga liblib na komunidad na salat sa teknolohiya at elektrisidad. Ipinakita sa pag-aaral ang epekto ng paggamit ng mga *informative* na komiks tulad ng komiks sa pangkabuhayan na saklaw ang mga simpleng pagnenegosyo at pati ang tamang pangangalaga sa kalusugan. Lumabas sa pag-aaral na ang komiks ay sadyang nakatutulong upang magkaroon ng kabatiran hinggil sa mga bagay na ito ang mga mamamayan sa maliliit na komunidad sapagkat ang komiks ay gumagamit ng mga simpleng salita na madaling maunawaan ng masa. Nilalangkapan din ito ng mga ilustrasyon upang magsilbing pang-akit sa mga tao.

Sa sariling pag-aaral, nakatuon sa aspektong pang-edukasyon ang paggamit ng mga pampanitikang komiks kung saan tinukoy ang kapakinabangan nito sa pagpapalawig ng pagtuturo ng apat na obra maestra sa antas sekundarya. Binigyang-pansin ang mga mahahalagang detalye at bahagi ng komiks upag sa huli ay makabuo ng pamantayan sa pagsusuri ng kaangkupan nito sa target na mambabasa.

Sa mas naunang mga taon, nagsagawa si Anama (2002) ng deskriptibong pag-aaral na may pamagat na *Instructional Materials on Reading Skills of High School Freshmen*. Binigyang-tuon pa rin ang paggamit ng iba't ibang pagsasanay sa pagbasa na nakapaloob sa kagamitang pampagtuturo. Nilinaw na ang mga mag-aaral ay kinakailangang mamulat sa realisasyon na ang mga teksto ay inilaan sa kanila upang basahin nang may kawilihan at hindi lamang sila nagbabasa sapagkat may kailangan silang saguting mga gawain at pagsasanay pagkatapos nilang basahin ang teksto.

Bilang kaugnayan sa sariling pag-aaral, inaasahang magiging katuwang ang komiks sa pagpaparanas sa mga mag-aaral ng kawili-wiling pagbasa kasabay ng kanilang pagkatuto at pagiging aktibo sa talakayang pangklase. Sa pamamagitan ng komiks, maaaring magsagawa ng makabuluhang pagsusuri at paghahambing ang mag-aaral sa dalawang magkaibang midyum ng partikular na obra maestra.

Sa dokumentaryong pagsusuri o *content analysis* na isinagawa ni Camigue (2002) na pinamagatang *The 1999 Issues of Pilipino Funny Komiks. Magasin for Children: A*

Content Analysis, sinuri ang ilang edisyon ng isang pambatang komiks batay sa ilang krayterya o pamantayan kabilang ang praktikalidad sa pagbili ng naturang komiks, ang mga elementong estetiko nito, panghikayat at kaangkupan sa lebel ng pang-unawa ng mga mambabasa. Tinalakay rin dito ang mga aspektong tinitingnan sa paghabi ng mga kuwento tulad ng katatawanan, pagpapahalaga sa mabuting asal o pag-uugali, paraan ng pagpapalutang ng kaisipan at maging ang paggamit ng karahasan sa ilang maaaksyong kuwentong itinatanghal nito.

Sa pag-aaral ni Camigue (2002), natuklasan ang iba't ibang pagdulog ng publikasyon sa nilalaman ng komiks. Kasama rito ang paglalagay ng karagdagang *corners* na magsisilbing libangan ng mambabasa maliban sa mga mismong kuwentong nakapaloob. Lumabas sa pag-aaral na ang *Funny Komiks Magazine* ay may malaking atraksyon sa mambabasa bunga ng paggamit ng mga natatanging *corners* sapagkat higit itong tinatangkilik sa pagsasangkot sa mga mambabasa sa produksyon ng komiks. Maliban dito, higit na tinatangkilik ang komiks sa pagtataglay nito ng mga impormasyong edukasyunal at paksang nakaangkla sa edukasyon sa pagpapahalaga.

Sa sariling pananaliksik, sinuri naman ang mga piling komiks ng apat na obra maestra sa Filipino para sa antas sekundarya batay sa kombinasyon ng mga salita at larawan, transisyon ng mga pangyayari sa kuwento, gayundin ang mga pangnilalamang elemento at teknikal na aspekto ng komiks. Bukod pa rito, tiningnan din ang kaangkupan

at pagiging epektibo ng wika sa paghabi ng mga usapan o diyalogo na magsasaalang-alang sa lalim ng mensaheng nakapaloob sa bawat obra.

Ginamit na lunsaran sa pagbasa ang mga awtentikong materyales sa deskriptibong pag-aaral ni Bernabe (2001) na *Mga Awentikong Babasahin Bilang Pantulong na Kagamitan sa Pagbasa para sa mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Mataas na Paaralan*. Sa kanyang kongklusyon, binanggit niyang nararapat iangkop ang mga kagamitang pampagtuturo ng mga guro sa kasalukuyang panahon ng mga mag-aaral. Nagsagawa rin ng pagtataya ang mga guro sa pagbasa kaugnay sa kaangkupan ng mga materyales sa antas ng mga mag-aaral na gagamit ng babasahin.

Sa ginawang sariling pag-aaral, pinili ang komiks na isang anyo ng panitikang popular sapagkat sinisikap ng mananaliksik na ibatay sa panlasa ng kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral ang pantulong na kagamitang susuriin at pagkaraan ay bumuo rin ng sariling instrumento para sa pagtataya ng pamantayan sa pantulong na kagamitan kalakip ang mga karampatang rebisyon.

Sa deskriptibong pag-aaral ni Bacomo (2000) na *Development and Validation of Supplementary Reading Materials for Critical Thinking Skills*, inilahad niya sa kanyang mga rekomendasyon na dapat pagyamanin ang kurikulum ng mga materyal na pansuplementaryo. Kailangang malinang ng mga ito ang pagsisiyasat at paglutas sa suliranin. Dapat kalakip sa mga ito ang mga gawaing nakapupukaw sa kuryusidad,

nakapagpapayaman ng imahinasyon at hahamon sa diwang mag-isip at mangatuwiran. Maliban dito, ang mga mananaliksik, edukador at mga guro ay dapat magsagawa ng pag-aaral sa iba pang maaaring magamit na anyo ng mga materyal pansuplementaryo at mga gawain, kabilang na rin ang panggagalugad sa iba pang *media* gaya ng radyo, telebisyon at mga komiks na makagaganyak sa mga mag-aaral upang makapagpatuloy sa pagpapaunlad ng kasanayan at kawilihan sa masusing pagbabasa na magbubunga ng isang aktibo at mapanuring pag-iisip.

Bilang tugon sa mga inilahad na mungkahi ni Bacomo (2000), sentro sa sariling pananaliksik ang komiks bilang supplementaryong babasahin na isa sa mga tinukoy na materyal pansuplementaryo. Inilapat din ang kahalagahan nito sa pagpapalano ng kurikulum sa Filipino kung saan kasama ang mga itinuturing na obra maestra.

Sa kongklusyon ng deskriptibong pag-aaral ni Balinas (2000) na *Proposed Supplementary Instructional Materials in Teaching Reading Skills Through the Newspaper for Third Year High School Students in St. Mary's College*, ang mga mungkahing pantulong na kagamitan ay mainam na kagamitang pampagtuturo at nililina ang malikhain at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa kanyang pagbuo ng materyal, ikinonsidera ni Balinas (2000) ang mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral hanggang sa balidasyon ng pantulong na kagamitan. Bilang karagdagan, bahagi ng balidasyon ang pagtatayang galing sa mga kapwa guro at pagpapagamit sa mga mag-aaral ng materyal.

Kaugnay sa ginawang sariling pananaliksik, isinaalang-alang ang mga nabanggit na kasanayang pampag-iisip sa paglikha ng pamantayan sa pagbuo ng pantulong na kagamitan. Gayunman, nakatuon sa mga akdang pampanitikan ang pananaliksik habang ang kay Balinas (2000) ay nakatuon sa isang uri ng di-piksyong babasahin gaya ng pahayagan.

Isa pang deskriptibong pag-aaral na pinamagatang *Mga Awtentikong Babasahin Bilang Pantulong na Kagamitan sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagbasa ng Unang Taon* ni Gabriel (1995) ang nagbigay-diin sa pagbasa bilang susi sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanyang mga aralin at gabay sa mga nais niyang malaman. Kaya naman para sa mga guro, inilaan niya ang pag-aaral sa pamamagitan ng paghahanda ng modyul bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Kabilang sa mga nilalaman ng modyul na kanyang binuo ay ang mga awtentikong materyal tulad ng resipi, pahayagan, *index*, lathalain, *editorial cartoons*, *comic strips*, ulat-panahon, editoryal, mensahe sa telepono, paanyaya, halaga ng palitan (BAP *Forex Exchange*), reseta, *grap*, *movie guide*, *spot cartoon*, patalastas at mga babalang pantrapiko.

Sang-ayon din sa mga paniniwala ng sariling pag-aaral, binibigyang halaga ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang pantulong na babasahing tulad ng komiks. Gayunman, kaiba sa produkto ng pag-aaral ni Gabriel (1995) na nakatuon sa mga higit na literal at impormatibong materyal, malikhain at kritikal na

pagsusuri sa isang anyo ng panitikang popular batay sa mga tiyak na simulain ang tinuklas sa sariling pananaliksik upang makabuo ng pamantayan sa pantulong na kagamitan.

Sa deskriptibo at ugnayang (*correlational*) pag-aaral ni Velasco (1989) na *Comics Reading Among the Intermediate School Children: Its Relationship to Their Academic Performance*, ipinakita na may mahalagang kaugnayan ang dahilan ng mag-aaral sa pagbabasa ng komiks, oras na ginugugol niya sa gawaing ito, at ang uri, tema at nilalaman ng naturang babasahin sa kanyang kakayahang pang-akademiko kung saan lumabas na karamihan sa mga mag-aaral na nagbabasa ng mga angkop at makabuluhang komiks ay nagpapamalas ng magandang *performance* sa kanilang mga asignatura kumpara sa mga mag-aaral na hindi nagbabasa nito. Kaya naman, hinihikayat sa pag-aaral ni Velasco (1989) ang pagbabasa ng komiks upang mapag-ibayo ang interes ng mga mag-aaral. Gayundin, inirekomenda niya ang paggamit ng komiks sa pagtuturo ng mga aralin sa pagbasa sa layuning mapataas ag antas ng komprehensyon, mapaunlad ang kahusayan sa pagbigkas ng mga salita at patuloy na mahalin ng mga mag-aaral ang pagbasa. Minsan pang binanggit na ang komiks ay maaaring magamit bilang pantulong na kagamitan at epektibong lunsaran sa pagtalakay.

Kaugnay sa sariling pag-aaral, inaasahan na sa pamamagitan ng binuong pamantayan sa pagsusuri ng komiks, matutulungan ang mga guro, maging ang mga

magulang sa epektibong pamimili ng mga babasahing magpapatibay sa pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Isa namang masusing pagsusuri sa aklat ng mga isinatulang pabula ang deskriptibong pag-aaral ni Salvo (1981) na pinamagatang *Mga Pabula ni Esopo: Kagamitang Pampagtuturo sa Pilipino*. Ito ay isa namang masusing pagsusuri ng aklat na mga isinatulang pabula. Inuri-uri niya sa iba't ibang klasipikasyon ang mga piling pabulang ito at ibinuod upang maunawaan ang kahalagahan ng mga ito bilang kagamitang pampagtuturo sa panitikan, lalo na sa larangan ng pagbasa. Sa katapusan ng bawat klasipikasyon ng mga pabula ay matatagpuan naman ang mga ginawang masusing pagsusuri sa mga ito kung saan isinaalang-alang ang sumusunod: (1) karanasang matatamo ng mga mag-aaral, (2) mga mungkahing pamamaraang panturo at (3) kahalagahang pang-edukasyon batay sa paksang aralin na maaaring iugnay. Bilang produkto ng kanyang pag-aaral, ang buod ng mga Pabula ni Esopo ay nilalayon niyang magamit bilang mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino at gawing mga sanayan sa pagtuturo ng pagbasa.

Maiuugnay sa sariling pananaliksik ang pagsusuri ni Salvo (1981) na nakaangkla sa iba't ibang klasipikasyon kung saan sinuri naman ang mga komiks ng obra maestra ayon sa mahahalagang elemento, aspekto at bisa nito sa pagpapahatid ng lalim ng mensaheng nakapaloob sa orihinal na anyo ng akda.

Kabilang sa mga layunin ng deskriptibong pag-aaral ni Tamalayan (1980) na *Mga Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo sa Pilipino at Sining ng Pakikipagtalastasan para sa mga Mag-aaral sa Antas Tersaryo ng St. Paul College of Tuguegarao* ang matulungan ang mga guro sa pagtuturo sa paraang magaan, mabilis makahulugan at kasiya-siya. Para naman sa bahagi ng mga mag-aaral, sinikap na makatulong ang pananaliksik tungo sa madali at mabisang pag-aaral ng wika. Upang maisakatuparan ito, tiniyak niya ang mga aspekto ng kagamitang pampagtuturo batay sa iba't ibang kautusan at direktiba tungkol sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersaryo. Isinagawa ni Tamalayan (1980) ang hakbang na ito upang pagkaraan ay makapili ng maraming kagamitang pampagtuturo na maaaring isama sa bawat aspekto.

Sang-ayon din sa sariling pag-aaral ang binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan batay sa layuning magkaroon ng gabay sa pagpili at pagpapagamit ng mga suplemental na babasahin. Hangad ng mananaliksik na masuportahan ang pangangailangan ng mga paaralan sa isang organisadong pagpapalano ng mga gawaing pampagtuturo sa tulong ng mga alternatibong kagamitan.

Sa deskriptibong pag-aaral ni Carag (1977) na *Instructional Materials from Graphics in the Intermediate Grades*, naghandha siya ng kagamitang pampagtuturo para sa mga mag-aaral sa intermedya gamit ang mga natatanging grapikong materyales upang matutukan ang kasanayan sa pagbasa. Bawat aralin ay may kasamang tatlo hanggang sampung gabay na tanong. Nahahati sa labinlimang (15) uri ng grapikong materyales ang

kabuuang set ng kagamitang pampagtuturo kung saan kabilang ang komiks sa mga ginamit. Binubuo ang isang aralin ng panimula, grapikong bahagi at mga kaugnay na tanong. May kalakip din itong susi sa pagwawasto upang mataya ng mag-aaral ang kanyang mga sagot. Binibigyan nito ng pagkakataon ang mag-aaral upang magamit din ang pantulong na kagamitan nang may kalayaan.

Muling nataya ang nilalaman at iba pang aspekto ng komiks sa sariling pananaliksik na maiuugnay sa paggawa ni Carag (1977) ng kagamitang pampagtuturo. Ang mga katangian ng mga grapikong materyales na kinabibilangan ng komiks ay kapwa ikinonsidera sa parehong pag-aaral bagama't ang pagbuo naman ng pamantayan sa pantulong na kagamitan para sa antas sekundarya ang pangunahing layon ng sariling pagsusuri.

Ang mga nabanggit at naitalang literatura at pag-aaral ay ginamit ng isinagawang pananaliksik. Malaki ang naitulong ng mga konsepto, simulain at pananaw na nasumpungan sa bawat isang ginamit kung kaya inaasahan ang pagkakaroon ng malalim na sandigan ng kasalukuyang pag-aaral. Mula sa mga ito, natuklasan ng mananaliksik na halos lahat ng pag-aaral na nagawa ay nakatuon sa pagbuo, paglikom at pagpapaunlad ng mga kagamitang pampagtuturo o mga pantulong na kagamitan sa paaralan. Sa kabila nito, nasumpungan pa rin ang kakulangan sa pagtiyak sa kaangkupan at bisa ng mga mungkahing kagamitan na lumutang bilang pangunahing gap ng mga naunang pananaliksik. Maliban dito, wala pang naitalang istandardisadong pamamaraan upang

masukat o mataya ang mga pangnilalaman at teknikal na elemento ng isang pantulong na kagamitan na magiging kaagapay sa ganap na pagkatuto ng mag-aaral partikular na sa pagpapayaman ng makrong kasanayan sa pagbasa.

Bilang tugon sa mga natuklasang kakulangan, sinikap sa pag-aaral na ito na makapag-ambag sa pamamagitan ng pagbuo ng isang tiyak na pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan gaya ng komiks upang makita ang kaangkupan nito sa target na mga mag-aaral at maging instrumento sa pagpapalawak at pagpapatibay ng mga tinatalakay na aralin. Kaugnay nito, inaasahang maisasaalang-alang ang mga kongkretoong krayteryang mahalagang suriin na hindi lamang magtatapos sa paglikom o pagbuo ng anumang pantulong na kagamitan tulad mga obra maestrang isina-komiks. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maipakikita ang ibang mukha ng komiks na makatutulong sa pagsusulong ng mga natatanging inobasyon sa pagtuturo at pagpapaangat sa kalidad ng mga kagamitang pantulong sa paaralan.

KABANATA III

PAMARAAN AT PANGANGALAP NG DATOS

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa disenyong inilapat at mga pamaraang ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Kaugnay nito, ipaliliwanag din ang mga hakbang na sinunod ng mananaliksik upang maisakatuparan ang mga inilahad na layunin sa Kabanata I.

3.1 Disenyo / Pamaraan ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibong pag-aaral na naglalayong masuri at mailarawan ang mga obra maestrang isina-komiks upang magsilbing gabay tungo sa pagbuo ng pamantayan sa pantulong na kagamitan sa pagtuturo partikular na ang komiks. Ang deskriptibong pananaliksik ay may paglalarawan, pagtatala, pagsusuri at pagbibigay ng interpretasyon sa kasalukuyang kalikasan o proseso. Sinisikap nitong maipaliwanag ang katotohanan ng mga simulain at pananaw na gagamitin bilang batayan ng pag-aaral.

Upang maisakatuparan ang naturang layunin ng pag-aaral, isanagawa ng mananaliksik ang mga proseso o hakbang sa pagbuo ng deskriptibong pagsusuri na tumutugon sa isang sistematiko at maayos na paraan ng pananaliksik.

3.2 Mga Kalahok

Para sa pagtataya ng binuong pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan, sampung (10) guro sa Filipino na nagtuturo sa antas sekundarya mula sa iba't ibang paaralan ang pinili ng mananaliksik sa pamamagitan ng tiyakang sampling (*purposive sampling*). Bilang karagdagan, humingi rin ng ebalwasyon ang mananaliksik sa limang (5) eksperto o dalubhasa sa larangan ng komiks upang higit na maging malawak at malalim ang batayan ng pamantayang binuo (*tingnan sa Apendiks F ang talahanayan ng mga ebalweytor*).

3.3 Mga Instrumentong Ginamit

Upang mabigyang ebalwasyon ng mga guro sa Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks ang binuong pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan, gumamit ang mananaliksik ng Iskalang Likert (*tingnan sa Apendiks E ang iskalang ginamit*). Buhat sa ebalwasyon at mga komentong nakuha, isinagawa naman ang ilang rebisyon bilang bahagi ng pagpapaunlad sa pamantayang binuo.

3.4 Mga Hakbang sa Pag-aaral

Ang sumusunod ay ang mga hakbang na sinunod ng mananaliksik upang maisakatuparan ang pag-aaral:

3.4.1 Paglikom ng mga Obra Maestrang Isina-komiks

Pumunta ang mananaliksik sa iba't ibang *bookstore* tulad ng *National Book Store*, *Book Sale*, *Goodwill Bookstore*, *Power Book*, *Miriam Bookstore*, *Fully Booked*,

Solidaridad Bookstore, Monkeyman, Popular Bookstore, Comics Odyssey, Bookay-Ukay Bookstore, Bookmates' Zone at iba pang pamilihan upang makahanap ng mga komiks ng apat na obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya. Sa mga aklatang nabanggit, tanging sa *National Bookstore* lamang nakahanap ang mananaliksik ng kumpletong komiks ng apat na obra maestra. Mula rito, napag-alamang ang bawat obra maestra ay may dalawang bersiyon lamang na nasusulat sa wikang Filipino.

3.4.2 Mga Hakbang sa Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-komiks

Sa pagsusuri ng mga obra maestrang isina-komiks, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:

1. Matapos makalap ang mga bersiyon ng komiks ng bawat obra maestra, inisa-isang tingnan ng mananaliksik sa mga komiks ang mga elemento at bahaging tinalakay sa mga simulain at pananaw nina Mc Cloud (1993; 2006), Gimena (2011) at Valiente (2009). Kaugnay nito ay naglaan ng oras ang mananaliksik upang mabasa nang buo ang mga komiks upang mas maging madali ang sumunod na hakbang sa pagsusuri.
2. Upang maging sistematiko ang pagsusuri, bumuo ng talahanayan ang mananaliksik kung saan makikita ang mga uri ng kombinasyon ng salita at larawan (*word-picture combinations*) na ginamit sa bawat komiks. Maliban dito, sinuri rin ng mananaliksik kung ano ang pinakagamiting uri ng transisyon at ginawan ito ng panibagong talahanayan.

3. Para sa mas malalim na pagsusuri sa kabuuan ng komiks, muling bumuo ng mga talahanayan ang mananaliksik kung saan makikita naman ang mga prinsipyong isinasaalang-alang sa mga pangnilalamang elemento at teknikal na aspekto upang makabuo ng makabuluhang komiks.
4. Sa katapusan ng bawat talahanayan ay ibinuod ng mananaliksik ang resulta ng ginawang pagsusuri upang makita ang kabuuang proseso.

3.4.3 Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan

Matapos ang pagsusuri sa mga ugnayan ng salita at larawan, transisyon, mga elementong pangnilalaman at teknikal na aspekto ng komiks ayon kina Mc Cloud (1993; 2006), Gimena (2011) at Valiente (2009), ginamit itong gabay ng mananaliksik upang makabuo ng pamantayan sa pantulong na kagamitan partikular na ang komiks sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya (*tingnan ang Apendiks C*). Isinaalang-alang din ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), ang mga simulain at pananaw sa pagpili at pagdisenyo ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal (2002) at Tomlinson (2001) upang mailakip sa pamantayan ang pang-edukasyonal na gamit ng komiks.

3.4.4 Pagtataya sa Binuong Pamantayan sa Pantulong na Kagamitan

Matapos ang pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan sa pagtuturo, nagkaroon ng ebalwasyon ang sampung (10) guro sa Filipino na nagtuturo sa

antas sekundarya at limang (5) eksperto sa larangan ng komiks upang higit na mapaunlad at mabigyang-balidasyon ang binuong pamantayan. Gumawa ang mananaliksik ng tseklist (*tingnan sa Apendiks E*) para sa pagtataya gamit ang Iskalang Likert (*Likert Scaling Techniques*) kung saan itinala ng mga ebalweytor ang kanilang tugon sa bawat krayterya ayon sa iskala ng pagpapahalaga na may kalakip na bilang.

3.4.5 Pagrerebisa sa Binuong Pamantayan sa Pantulong na Kagamitan

Bilang huling hakbang, nirebisa ng mananaliksik ang binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan partikular na ang komiks sa pagtuturo ng obra maestra sa antas sekundarya, kalakip ang mga komento at mungkahi ng mga guro sa Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks na gumawa ng ebalwasyon. Ito ang magsisilbing awtput o ambag ng isinagawang pag-aaral.

KABANATA IV

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga obra maestrang isina-komiks na magsisilbing gabay sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo sa antas sekundarya. Kabilang sa mga obra maestrang ito ang *Ibong Adrana*, *Flarante at Laura*, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Sa ginawang pagsusuri, tiningnan ng mananaliksik ang natatanging ugnayan ng mga salita at larawan maging ang transisyon ng mga pangyayari sang-ayon sa teorya ni Mc Cloud (1993; 2006). Maliban dito, inisa-isa ring suriin ang iba't ibang elemento at aspekto ng komiks na ibinahagi nina Gimena (2011) at Valiente (2009). Upang mapahalagahan ang kaangkupan ng mga komiks bilang supplementaryong babasahin sa binuong pamantayan, ginamit na patnubay ang mga simulain at pananaw nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001). Sa pamamagitan ng pabuo ng mga talahanayan, makikita ang paglalahad na isinagawa ng mananaliksik na susundan ng interpretasyon.

4.1 Mga Sinuring Bersyon ng mga Obra Maestrang Isina-komiks

Makikita sa talahanayan bilang 1 ang mga sinuring bersyon ng mga obra maestrang isina-komiks kabilang ang kompanyang naglathala, awtor at ilustrador nito. Sa bawat bersyon, matutuklasan ang iba't ibang estilo ng pagkatha at ilustrasyon.

TALAHANAYAN BILANG 1

MGA SINURING BERSYON NG MGA OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

Obra Maestra	Kompanyang Naglathala	Awtor	Ilustrador
<i>Ibong Adarna</i> Bersyon 1	Atlas Publishing Co., Inc.	Glady E. Gimena	Ric Neri
Bersyon 2	Manlapaz Publishing Co., Inc.	Ped C. Tiangco	Mike C. Lombo, Jr.
<i>Florante at Laura</i> Bersyon 1	Mindmaster Publishing, Inc.	Terry Bagalso at Josie Domingo	Rodel Noora
Bersyon 2	Manlapaz Publishing Co., Inc.	Ped C. Tiangco	Mike C. Lombo, Jr.
<i>Noli Me Tangere</i> Bersyon 1	Manlapaz Publishing Co., Inc.	Jose Domingo, Jr.	Apo Ynares
Bersyon 2	National Bookstore Publications	Leo Miranda at D.G. Dumaraos	Ruben M. Fabian
<i>El Filibusterismo</i> Bersyon 1	Manlapaz Publishing Co., Inc.	Jose Domingo, Jr.	Apo Ynares at Mar Amongo
Bersyon 2	National Book Store Publications	Grace R. Miranda	Ruben M. Fabian

Makikita sa talahanayan bilang 1 na ang bawat obra maestra ay may tig-dalawang bersyon ng komiks at sa mga naglathalang kompanya, tanging ang Manlapaz Publishing Co., Inc. ang nakapaglimbag ng apat na obra samantalang ang National Bookstore Publications ay nagbigay-tuon sa mga nobela ni Rizal na itinuturo sa antas sekundarya – ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Ang Atlas Publishing Co., Inc. ay naglathala ng isang bersyon ng *Ibong Adarnang* isina-komiks habang ang isa pang bersyon ng *Florante at Laura* ay mula naman sa Mindmaster Publishing, Inc. Sa paghahanap ng mananaliksik ng mga bersyon ng bawat obra maestrang isina-komiks, tanging sa National

Bookstore lamang natagpuan ang kumpletong set ng mga obra na madaling mapagkukunan ng suplay ng suplemental na babasahin.

4.2 Pagsusuri ng mga Obra Maestrang Isina-komiks

Ang sumusunod na paglalahad, interpretasyon at paliwanag ay isinagawa ng mananaliksik batay sa teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na nakatuon sa mga kombinasyon ng mga salita at larawan, gayundin ang transisyon ng mga pangyayari sa komiks. Kabilang sa mga naturang kombinasyon ang sumusunod: *word-specific*, *picture-specific*, *duo-specific*, *intersecting*, *interdependent*, *parallel* at *montage*. Sa kabilang banda, ang pagsasara (*closure*) ay napakahalaga upang makabuo ng transisyon sa komiks. Kabilang sa mga transisyong ito ang sumusunod: transisyon ng sandali (*moment-to-moment*), transisyon ng aksyon (*action-to-action*), transisyon ng tema (*subject-to-subject*), transisyon ng eksena (*scene-to-scene*), transisyon ng aspekto (*aspect-aspect*) at *non-sequitur*.

Para sa pagsusuri sa mga elementong pangnilalaman ng komiks, isinaalang-alang naman ang mga ibinahaging simulain at pananaw nina Gimena (2011) at Valiente (2009) ukol sa mga ito kabilang ang banghay, tauhan, diyalogo, salaysay, pananaw, tema at estilong ginamit sa mga nalikom na bersyon ng bawat obra maestrang isina-komiks, gayundin ang pahinasyon at kuwadro para sa teknikal na aspekto. Makikita ang mga talahanayang binuo ng mananaliksik na naglalaman ng mga katangian ng bawat bahagi at

anggulong sinuri sa mga komiks. Susundan ito ng interpretasyon at pagpapaliwanag upang mailahad nang mabuti ang bawat katangiang nakuha mula sa pagsusuri.

TALAHANAYAN BILANG 2

PAGSUSURI SA KOMBINASYON NG SALITA AT LARAWAN

(WORD-PICTURE COMBINATIONS)

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	URI NG MGA KOMBINASYON NG SALITA-LARAWAN
Ibong Adarna	Bersyon 1	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent
	Bersyon 2	• word-specific • picture-specific • duo-specific • interdependent
Florante at Laura	Bersyon 1	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent
	Bersyon 2	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent • parallel
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent
	Bersyon 2	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent • montage
El Filibusterismo	Bersyon 1	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent • montage
	Bersyon 2	• word-specific • picture-specific • duo-specific • intersecting • interdependent • parallel

Makikita sa talahanayan bilang 2 ang iba't ibang ugnayan o kombinasyon ng mga salita at larawang ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks kung saan natuklasan ng mananaliksik na ang *word specific* ang siyang pinakagamitin sa mga kombinasyong ito. Dahil dito, nalilimitahan ang paggamit ng maraming kuwadro sa paglalarawan ng mga pangyayari sapagkat tuwiran na itong nakapaloob sa mga salaysay at diyalogo. Maliban sa *word specific*, ang mga isina-komiks na bersyon ng lahat ng mga obra maestra ay gumamit ng iba pang uri ng kombinasyon tulad ng *duo specific* na naging gamitin din sa magkatuwang na gampanin ng mga larawan at salita sa isang kuwadro. Sa kabilang banda, pinakabihirang gamitin sa mga kombinasyong salita-larawan ang *parallel* na kapwa nakita lamang sa bersyon 2 ng *Florante at Laura* at *El Filibusterismo*, gayundin ang *montage* na nasa bersyon 1 ng *Noli Me Tange* habang makikita naman ito sa bersyon 1 ng *El Filibusterismo*. Naging bihira ang paggamit ng dalawang kombinasyon sapagkat sa tradisyunal na paraan ng pagpapakita ng mga pangyayari, kalimitang makikita ang tuwirang kaugnayan ng teksto sa mismong larawan na siya namang kabaligtaran ng *parallel* kung saan makikita lamang ang koneksyon ng salita at larawan sa mga susunod na kuwadro. Isang halimbawa nito na nakita sa mga naturang bersyon ang mga diyalogo na tila labas sa konteksto ng ipinakikitang pangyayari sa larawan. Sa pamamagitan nito, nagmimistulang *voice over* lamang ang dating ng isang diyalogo na maaaring magpahiwatig na ang tauhan ay nagbabalik-tanaw o nananaginip. Sa *montage* kung saan ang mga salita ay integral na bahagi ng kabuuang larawan, makikita sa isang eksena sa bersyon 1 ng *Noli Me Tangere* ang naiibang pagtatampok sa paglipas ng mga araw gamit ang mga nakaimprentang pangalan ng magkakasunod na

buwan sa kalendaryo. Sa bersyon 1 ng *El Filibusterismo*, sa pamamagitan naman ng malalaking pagkakasulat ng alingawngaw ng sigaw mula sa isang tauhan, makikita ang masining na paggamit ng salita sa pagpapalutang ng konteksto. Bagaman makikita rin ang *interdependent*, *intersecting* at *picture-specific* sa halos lahat ng bersyon ng mga obra maestrang isina-komiks maliban sa bersyon 2 ng *Ibong Adarna* na walang *intersecting*, limitado lamang sa ilang pahina ang naging paggamit sa mga kombinasyong ito na ayon sa mga hinihinging pagkakataon sa kuwento (*tingnan sa Apendiks B, pahina 143-157 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

Sa kabuuan, ang lumutang na pinakagamiting kombinasyon na *word-specific* ay binibigyang pagkakataon ang mga mambabasa upang bumuo ng makabuluhang imahen ng pangyayari sa isipan, batay sa mga paglalarawang inilalahad ng mga usapan at salaysay sa komiks. Sa motibasyon sa pagbasa, makikita ang pagiging kabahagi ng mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan mula sa kanyang mga binabasa na hindi lamang inihahain ng mga larawang hayagang makikita.

TALAHANAYAN BILANG 3

PAGSUSURI SA URI NG TRANSISYON NG MGA PANGYAYARI

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	URI NG TRANSISYONG GINAMIT
Ibong Adarna	Bersyon 1	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i>
	Bersyon 2	• <i>aspect-to-aspect</i> • <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i> • <i>scene-to-scene</i> • <i>moment-to-moment</i>
Florante at Laura	Bersyon 1	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i>
	Bersyon 2	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i> • <i>moment-to-moment</i>
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i> • <i>aspect-to-aspect</i>
	Bersyon 2	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i>
El Filibusterismo	Bersyon 1	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i>
	Bersyon 2	• <i>action-to-action</i> • <i>subject-to-subject</i>

Sa talahanayan bilang 3, makikita ang mga uri ng transisyong ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks kung saan ang *action-to-action* at *subject-to-subject* ang dalawa sa pinakagamitin. Sa pamamagitan ng mga nabanggit na transisyon, higit na nagiging mabilis ang daloy ng mga pangyayari at nabibigyang-tuon ang piling mahahalagang tagpo. Ipinakikita ng transisyong *action-to-action* sa mas agarang paraan ang kahihinatnan ng isang pagkilos o kaganapan na siyang lumutang sa maraming bahagi ng pakikipagsalaparan ng mga tauhan sa dalawang bersyon ng *Ibong Adarna* gayundin sa mga tunggalian ng iba pang obra maestrang isina-komiks na *Florante at Laura*, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Maraming bahagi rin ang ginamitan ng transisyong *subject-*

to-subject partikular na sa mga pag-uusap na kalimitang kinasasangkutan ng dalawang tauhan upang ipakita ang kani-kaniyang perspektibo at anggulong nakikita sa tiyak na pangyayari. Naging limitado naman ang paggamit ng transisyong *aspect-to-aspect* at *moment-moment* na nakita lamang sa bersyon 2 ng *Ibong Adarna*, bersyon 2 ng *Florante at Laura* at bersyon 1 ng *Noli Me Tangere*. Sa mga nabanggit na bersyon, nagamit ang *aspect-to-aspect* sa pagse-set ng *mood* na matatagpuan sa unang bahagi o introduksyon ng kuwento habang ipinakita naman sa *moment-moment* na transisyon ang minimal at mas detalyadong mga aksyon lalo na sa ilang pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan. Dahil dito, mas maraming kuwadro rin ang nagamit sa pagpapalit ng eksenang nakapaloob sa iisang konteksto.

Sa paglalapat ng mga nabanggit na transisyon, makikita ang higit na pagpapabilis sa daloy ng mga pangyayari sa mga obra maestang isina-komiks kung ihahambing sa orihinal na anyo mga ito. Sa ganitong paraan, napagtutuunan ang mga pinakamahahalagang bahagi nang hindi nawawala ang pagkaunawa sa buong daloy ng obra maestra (*tingnan sa Apendiks B, pahina 158-166 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

TALAHANAYAN BILANG 4

PAGSUSURI SA BANGHAY NA GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: BANGHAY
Ibong Adarna	Bersyon 1	• <i>character oriented</i>
	Bersyon 2	• <i>character oriented</i>
Florante at Laura	Bersyon 1	• <i>character oriented</i>
	Bersyon 2	• <i>character oriented</i>
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• <i>plot oriented</i>
	Bersyon 2	• <i>plot oriented</i>
El Filibusterismo	Bersyon 1	• <i>plot oriented</i>
	Bersyon 2	• <i>plot oriented</i>

Makikita sa talahanayan bilang 4, na ang parehong isina-komiks na bersyon ng *Ibong Adarna* at *Florante at Laura* ay nagtataglay ng *character oriented* na banghay samantalang ang mga bersyon ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismong* isina-komiks ay may banghay na *plot oriented*, katulad din sa pagkakahabi ng banghay ng orihinal na anyo ng bawat obra. Dito ay mapapansin ang paggamit ng pangalan ng partikular na tauhan o mga tauhan bilang pamagat sa mga banghay na *character oriented* upang ipakita na ang malaking suliranin o tunggalian ay umiikot sa karakter. Para naman sa banghay na *plot oriented*, kumikilos ang mga tauhan ayon sa iba't ibang salik sa kanilang kapaligiran o lipunang kinabibilangan at ang suliranin ay nakabatay sa mga naturang salik na siya namang sisikaping lutasin ng pangunahing tauhan.

Ang paggamit ng partikular na uri ng banghay ay nakapagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon upang masuri ang mga pangyayari sa obra maestra batay sa

rebelasyon sa pagkatao ng mga tauhan. Nakasalalay rin sa pagkakahabi ng banghay ang maidudulot na kakintalan ng obra maestra sa isipan ng mga mag-aaral na magbabasa nito.

TALAHANAYAN BILANG 5

PAGSUSURI SA MGA TAUHAN NA GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: TAUHAN
Ibong Adarna	Bersyon 1 at 2	• tauhang dinamiko (mga pangunahing tauhan na protagonista sa kuwento) • tauhang dinamiko, istatiko at lapad (mga pantulong o pansuportang tauhan kabilang ang mga <i>minor</i> na karakter at antagonista sa kuwento)
Florante at Laura	Bersyon 1 at 2	• tauhang dinamiko (mga pangunahing tauhan na protagonista sa kuwento) • tauhang dinamiko, istatiko at lapad (mga pantulong o pansuportang tauhan kabilang ang mga <i>minor</i> na karakter at antagonista sa kuwento)
Noli Me Tangere	Bersyon 1 at 2	• tauhang dinamiko / bilog (pangunahing tauhan na protagonista sa kuwento) • tauhang dinamiko, de-kahon, istatiko, bilog at lapad (mga pantulong o pansuportang tauhan kabilang ang mga <i>minor</i> na karakter at antagonista sa kuwento)
El Filibusterismo	Bersyon 1 at 2	• tauhang dinamiko (pangunahing tauhan sa kuwento) • tauhang dinamiko, istatiko at lapad (mga pantulong o pansuportang tauhan kabilang ang mga <i>minor</i> na karakter at antagonista sa kuwento)

Makikita sa talahanayan bilang 5 ang iba't ibang uri ng tauhan sa mga obra maestrang isina-komiks na ibinatay sa paglalarawan ng personalidad at pagkatao ng mga

tauhan mula sa orihinal na akda. Sa mga pangunahin maging sa pantulong o pansuportang mga tauhan, nakita ang mga dinamikong gampanin na nagbigay-kulay sa daloy ng kuwento at sa pagkakaroon ng konsistent na karakter, madaling makikilala ng mambabasa ang tumatayong antagonista at protagonista. Ang paggamit ng naturang uri ng karakter ang siyang nagtampok ng balanse o pantay na kalakasan at kahinaan sa pagkatao ng tauhan. Naging kapansin-pansin naman na sa parehong bersyon ng *Noli Me Tangere*, maliban sa pagiging dinamiko ay lumutang ang bilog na tauhan sa antagonista na bunsod ng mga pangyayaring nakapagpabago sa kaniyang pananaw at paniniwala. Gayundin, makikita sa talahanayan na ang mga bersyon ng bawat obra maestra ay mayroon pang ibang uri ng tauhan bukod sa dinamiko. Batay sa pagsusuri, lumutang ang mga tauhang istatiko, lapad at de-kahon bagaman ang mga ito ay masusumpungan lamang sa mga pansuportang karakter. Dulot ng malinaw na pagtatanghal sa mga uri ng tauhang ginamit, madaling nakita ang relasyon o ugnayan ng mga tauhan sa isa't isa.

Kung iuugnay sa obra maestrang nasa aklat, matutuklasang ang paggamit ng mga naturang uri ng tauhan ay maaaring mamalas din sa isina-komiks na anyo. Sa pamamagitan nito, makikilala nang lubusan ng mag-aaral ang mga tiyak na gawi, saloobin at pangkalahatang katangian ng mga tauhan sa obra kung saan magagawang maihambing ang kanilang sarili sa pagharap sa mga katulad na sitwasyong hango sa realidad. Gayundin, makapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga tiyak na halimbawa ng personalidad sa totoong buhay na kakikitaan ng mga lumutang na katangian. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto batay sa pagsusuri ng mga tauhan sa obra maestra ay hindi

nakakulong sa aklat, bagkus ay mailalapat sa sarili at pagkilala sa kalikasan ng kanilang kapwa sa lipunan.

TALAHANAYAN BILANG 6

PAGSUSURI SA MGA DIYALOGO/ USAPANG GINAMIT SA MGA OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: DIYALOGO/ USAPAN
Ibong Adarna	Bersyon 1	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili • Pabulong • Mahina
	Bersyon 2	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili • Pabulong • Mahina
Florante at Laura	Bersyon 1	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili • Mahina
	Bersyon 2	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili
	Bersyon 2	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili • Pabulong • Mahina
El Filibusterismo	Bersyon 1	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili
	Bersyon 2	• Ordinaryo o Normal • Malakas na Tinig / Pasigaw • Pansarili • Pabulong

Ang talahanayan bilang 6 ito ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng diyalogo o usapang ginamit na nakapaloob sa mga kuwadro (*frame*). Sa pagsusuri ng mananaliksik, pinakagamitin sa lahat ng uri ang ordinaryo o normal na usapan na nagtatanghal sa

karaniwang pag-uusap ng mga tauhan sa mga bersyon ng bawat obra maestra. Sumunod naman dito ang diyalogong pansarili na nagpapabatid sa mambabasa ng mga iniisip at saloobin ng mga tauhan sa mas tiyak na paraan. Ang malakas na tinig o kaya ay pasigaw ay ginamit naman sa mga bahaging nagsasaad ng matinding emosyon tulad ng kaligayahan, kalungkutan, kasawian, pagkabigla at maging sa pagpupunyagi ng mga tauhan. Ang mga diyalogong pabulong at mahina ay hindi gaanong lumutang sa kabuuan ng bawat bersyon maliban na lamang kung ang mga ito ay hinihingi sa pangyayari. Sa lahat ng obra maestrang isina-komiks, walang gumamit ng diyalogong usapan sa telepono at sa ere na nagpapakita lamang na ang panahon at tagpuang itinatampok sa mga obra ay mga sinauna pa.

Bilang implikasyon sa kulturang popular, ang naging pinakagamiting uri ng diyalogo o usapan sa mga obra maestrang isina-komiks ay nagpapatunay lamang na higit na makauugnay ang mga mambabasa o mag-aaral sa paggamit ng wikang malapit sa kanila at umiiral sa kasalukuyang panahon. Kung ano ang wikang tinatanggap o gamay ng kanilang henerasyon, mas madaling nauunawaan ang sitwasyong kinasasangkutan ng mga tauhan sa obra maestra, ito man ay isina-komiks o bersyong nasa aklat (*tingnan sa Apendiks B, pahina 167-176 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

TALAHANAYAN BILANG 7

PAGSUSURI SA MGA SALAYSAY (*CAPTION*) NA GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: SALAYSAY (<i>CAPTION</i>)
Ibong Adarna	Bersyon 1	- Paggamit ng <i>main caption</i> at <i>sub-caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng <i>caption</i> sa paglalarawan ng mga eksenang walang diyologo - Paggamit ng maiikli hanggang may katamtamang habang <i>caption</i>
	Bersyon 2	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng <i>caption</i> sa paglalarawan ng mga eksenang walang diyologo - Paggamit ng katamtaman hanggang mahahabang <i>caption</i>
Florante at Laura	Bersyon 1	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng maiikli hanggang mahahabang <i>caption</i>
	Bersyon 2	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng <i>caption</i> sa paglalarawan ng mga eksenang walang diyologo - Paggamit ng katamtaman hanggang mahahabang <i>caption</i>
Noli Me Tangere	Bersyon 1	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng maiikli hanggang may katamtamang habang <i>caption</i>
	Bersyon 2	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng maiikli hanggang may katamtamang habang <i>caption</i>
El Filibusterismo	Bersyon 1	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng maiikli hanggang mahahabang <i>caption</i>
	Bersyon 2	- Paggamit ng <i>main caption</i> - Paggamit sa <i>caption</i> bilang katuwang ng ilustrasyon - Paggamit ng <i>caption</i> sa paglalarawan ng mga eksenang walang diyologo - Paggamit ng maiikli hanggang mahahabang <i>caption</i>

Sa pagsusuri sa mga salaysay o *caption* na ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks, makikita sa talahanayan bilang 7 na kapansin-pansin ang paggamit ng

mahahabang salaysay sa pagsisimula ng kuwento upang ipakilala ang mga tauhan at ilarawan ang mga tagpuan na siyang nagbibigay-daan sa pagse-set ng *mood* ng kuwento. Samantala, ang maiikli hanggang may katamtamang habang mga salaysay ay malimit namang makikita sa mga eksena sa loob ng isang kuwadrang nagtataglay ng mas detalyadong biswal na representasyon. Ang bersyon 1 ng *Ibong Adarna* at parehong bersyon ng dalawang obra maestrang isina-komiks kabilang ang *Florante at Laura* gayundin ang *El Filibusterismo* ay gumamit ng maiikli hanggang mahahabang pagsasalaysay habang ang bersyon 2 ng *Ibong Adarna* at parehong bersyon ng *Noli Me Tangere* ay gumamit lamang ng maiikli hanggang may katamtamang habang pagsasalaysay. Sa kabuuan, natuklasan din sa pagsusuri na ang bawat bersyon ng komiks ay gumamit ng mga salaysay upang maging katuwang ng mga ilustrasyon o larawan sa paglalahad ng mga pangyayari at sa ilang pagkakataon, ginamit din ang mga salaysay sa mga eksenang walang diyologo. May mga bahagi ring ginamit ang salaysay sa pagbabalik-tanaw o *flasback* batay sa perspektibo ng partikular na tauhan tulad ng makikita sa parehong bersyon 2 ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Ang paggamit naman ng *sub-caption* ay nakita lamang sa bersyon 1 ng *Ibong Adarna* sa pagpapanatili ng atensyon ng mambabasa sa iisang kuwadro na bagaman nagkaroon ng transisyon sa pangyayari gamit ang salaysay ay hindi kaagad nagpalit ng kuha.

Lumabas din sa pagsusuri na makikita sa halos lahat ng obra maestrang isina-komiks ang ilang di tapos na sa salaysay kung saan ang pagpapatuloy o kongklusyon ng isang eksena ay ipinaubaya sa susunod na larawan. Sa pamamagitan ng paggamit ng

mga salaysay, nagagawang masundan ng mambabasa ang transisyon ng mga pangyayari sa iba't ibang paraan (*tingnan sa Apendiks B, pahina 177-191 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

Sa pagtuturo ng obra maestra, makatutulong ang paggamit ng mga partikular na uri ng salaysay upang maging kapana-panabik pa ang paglalahad ng mga pangyayari, lalo na at nilalakipan din ito ng mga biswal na representasyon. Naging magkaagapay ang mga salita at larawan sa pagpapaunawa ng mga pangyayari at mensahe na may mga pagkakataong hindi hayagang mababasa sa orihinal na anyo obra.

TALAHANAYAN BILANG 8

PAGSUSURI SA PANANAW (*POINT OF VIEW*) NA GINAMIT SA MGA OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: PANANAW (<i>POINT OF VIEW</i>)
Ibong Adarna	Bersyon 1	• Ikatlong persona • Ikalawang persona
	Bersyon 2	• Ikatlong persona
Florante at Laura	Bersyon 1	• Ikatlong persona
	Bersyon 2	• Ikatlong persona
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• Ikatlong persona
	Bersyon 2	• Ikatlong persona
El Filibusterismo	Bersyon 1	• Ikatlong persona
	Bersyon 2	• Ikatlong persona

Batay sa talahanayan bilang 8, makikitang ang lahat ng mga obra maestrang isina-komiks ay may pananaw na nasa ikatlong persona. Samakatuwid, nakikita ng nagsasalaysay ang bawat pangyayari sa loob ng kuwento at dahil dito ay higit na naging

madulas ang paraan ng paglalahad. Sa kabilang banda, makikita rin na tanging ang bersyon 1 ng *Ibong Adarna* ang gumamit ng iba pang pananaw na nasa ikalawang persona bagaman matatagpuan lamang ito sa pinakadulong bahagi at huling kuwadro kung saan tila mismong ang Ibong Adarna ang kumakausap at humihimok sa mambabasa na punan ang anumang pagkukulang sa kanyang pagsasalaysay kung mayroon man (*tingnan sa Apendiks B, pahina 192-199 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

Kung ihahambing sa orihinal na anyo ng obra maestra, matutuklasan ang magkakaparehong paggamit ng ikatlong persona upang isalaysay ang mga pangyayari, maliban lamang sa ikalawang persona sa bersyon 1 ng *Ibong Adarnang* isina-komiks. Sa ganitong pagtanaw, malayang nasusuri ng mag-aaral ang lahat ng anggulo ng mga pangyayari at ang reaksiyon o tugon ng mga tauhan sa bawat eksena.

TALAHANAYAN BILANG 9

PAGSUSURI SA MGA TEMA NA GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: TEMA
Ibong Adarna	Bersyon 1 at Bersyon 2	• hayag o lantad na tema • maramihang tema (<i>multiple themes</i>) - pagmamahal sa pamilya - pagpapatawad sa kapwa - pagpapala sa may mabuting kalooban - pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig
Florante at Laura	Bersyon 1 at Bersyon 2	• maramihang tema (<i>multiple themes</i>) - pagmamahal sa pamilya - pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig - pagrespeto sa magkaibang paniniwala - pagmamahal sa bayan - pananaig ng kabutihan laban sa kasamaan
Noli Me Tangere	Bersyon 1 at Bersyon 2	• di-lantad na tema (<i>hidden theme</i>) • maramihang tema (<i>multiple themes</i>) - paggunita sa kahalagahan ng kasaysayan o pinagmulan - pagmamahal sa anak at magulang - pagtatanggol sa karapatang pantao - pagpapahalaga sa edukasyon - pagbalikwas sa diskriminasyon sa lipunan - pakikibaka para sa pagkakapantay-pantay - pagmamahal sa bayan
El Filibusterismo	Bersyon 1 at Bersyon 2	• di-lantad na tema (<i>hidden theme</i>) • maramihang tema (<i>multiple themes</i>) - pagbabago ng katauhan sa pagkamit ng mithiin - pakikibaka para sa pagkakapantay-pantay - pagkamulat sa kalagayang panlipunan - paglaban sa kasakiman - pagmamahal sa bayan - pagtataguyod ng diwa ng nasyonalismo

Sa talahanayan bilang 9, makikitang sa pagsusuri ng mananaliksik sa tema ng mga komiks, natuklasang ang parehong bersyon ng bawat obra maestra ay nakabatay pa rin sa tema ng orihinal na akdang pinaghanguan ng mga ito kung saan lumutang ang maramihang tema (*multiple themes*). Nangangahulugang hindi lamang umikot sa iisang tema ang mga akda at sa halip ay itinampok nito ang iba't ibang paksain. Sa puntong ito, makikita ring ang ilang tema ay walang pinipiling panahon at sa halip ay nagbabagong-bihis lamang sa iba't ibang paraan ng pagpapalutang dito ng isang akda. Kabilang sa mga temang ito ang pagmamahal sa pamilya, pagpapatawad sa kapwa, pagpapala sa may mabuting kalooban at pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig. Makikita ang mga nasabing tema sa mga bersyon ng *Ibong Adarna* na sadyang inilahad sa hayag o lantad na paraan habang sinusubaybayan ang mga pangyayari lalo na sa pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan. Ipinakita naman sa *Florante at Laura* ang mga katulad na tema patungkol sa pagmamahal sa pamilya at pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig, gayundin ang iba pang tema tulad ng pagrespeto sa magkaibang paniniwala, pagmamahal sa bayan at pananaig ng kabutihan laban sa kasamaan. Sa kabilang banda, nangibabaw sa mga bersyon ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ang ilan sa mga temang tunay na makabayan, nagpapahalaga sa mga karapatang pantao, pagkakapantay-pantay at pagkamulat sa kalagayang panlipunan kung saan naging tago o di-lantad ang ginawang pagtalakay sa tema, bagkus ay ipinaubaya sa mga mambabasa ang pagtuklas sa mga ito. Sa kabuuan, ang mga temang pinalawig sa mga obra maestra, batay man sa orihinal o isina-komiks na anyo ay sumasalamin sa panitikan, kultura at kasaysayan ng bansa na maiuugnay ng mambabasa sa realidad ng lipunang kinabibilangan.

Kung susuriin ang mga tema ng mga obra maestrang nasa aklat, magkatulad ang mga pagpapahalagang nakapaloob dito at sa temang hatid ng mga isina-komiks na bersyon. Bilang pagpapatibay sa pagkaunawa ng mag-aaral sa mga nabanggit na tema, naging kasangkapan ang mismong teksto at larawan sa ganap na representasyon ng kabuuang obra sa realidad na umiiral sa lipunan. Sang-ayon din sa motibasyon sa pagbasa ng mag-aaral, nakapupukaw ng interes at kuryosidad ang paghimay sa daloy ng mga pagyayari kung nakaangkla sa temang bakas ang mga prinsipyo at pagpapahalagang nakaugat sa sariling kultura at kasaysayan. Halimbawa, sa unang obra na *Ibong Adarna*, masusumpungan ang temang pagmamahal sa pamilya na maiuugnay sa pagiging malapit at likas na mapagmahal ng mga Pilipino sa pamilya. Sa *Florante at Laura*, ang apat na himagsik ng manunulat na si Francisco Baltazar ay lumutang din sa isina-komiks na bersyon kabilang ang sumusunod: himagsik laban sa malupit na pamahalaan, himagsik laban sa hidwang pananampalataya, himagsik laban sa maling kaugalian at himagsik laban sa mababang uri ng panitikan. Sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, ang pagkamulat sa kalagayang panlipunan ay nagsisilbing daan upang matuklasan ng mga mag-aaral na ang mga tauhan sa obrang ito ay “buhay” at hanggang sa kasalukuyan ay may mga kinakatawang personalidad. Sa ganitong paraan, nagiging mas malalim ang pagtanaw ng mga mag-aaral sa mga obra maestra at hindi lamang nila ito babasahin bilang bahagi ng kahingian sa asignatura na isang panlabas na salik, kundi sa pagnanais na basahin ang obra maestra dahil sa implikasyon sa tunay na buhay.

TALAHANAYAN BILANG 10

PAGSUSURI SA ESTILONG GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ELEMENTO: ESTILO
Ibong Adarna	Bersyon 1	- matapat na paglalarawan - payak na pananalita / diyologo - paggamit ng mga tayutay (pagtutulad, pagwawangis, pagmamalabis at onomatopeya) - malalalim na pananalita / diyologo
	Bersyon 2	- matapat na paglalarawan - payak na pananalita / diyologo - paggamit ng mga tayutay (pagpapalit-saklaw, pagtutulad, pagmamalabis at onomatopeya) - malalalim na pananalita / diyologo
Florante at Laura	Bersyon 1	- paggamit ng mga tayutay (pagpapalit-saklaw, pagpapalit-tawag, panawagan at pagtutulad) - paggamit ng mga paglalarawan sa tulong ng mga pandama - paggamit ng imahen o <i>imagery</i> - malalalim na pananalita / diyologo
	Bersyon 2	- matapat na paglalarawan - paggamit ng mga tayutay (pagpapalit-saklaw, pagpapalit-tawag, pagtutulad, pagwawangis at panawagan) - malalalim na pananalita / diyologo - paggamit ng simbolismo - paggamit ng pahiwatig - paggamit ng mga paglalarawan sa tulong ng mga pandama
Noli Me Tangere	Bersyon 1	- paggamit ng mga tayutay (pagtutulad, pagwawangis, pagsasatao at pagtatambis) - matapat na paglalarawan - payak na pananalita / diyologo - malalalim na pananalita / diyologo - paggamit ng simbolismo
	Bersyon 2	- matapat na paglalarawan - paggamit ng mga tayutay (pagtutulad, pagmamalabis at onomatopeya) - payak na pananalita / diyologo - malalalim na pananalita / diyologo
El Filibusterismo	Bersyon 1	- matapat na paglalarawan - payak na pananalita / diyologo - malalalim na pananalita / diyologo - paggamit ng mga tayutay (pagtutulad at pagpapalit-saklaw) - paggamit ng simbolismo
	Bersyon 2	- matapat na paglalarawan - paggamit ng pahiwatig - payak na pananalita / diyologo - malalalim na pananalita / diyologo - paggamit ng mga tayutay (pagtutulad, pagpapalit-tawag at pag-uulit) - paggamit ng simbolismo

Makikita sa talahanayan bilang 10 ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga awtor sa estilo o pamamaraan ng kanilang pagsulat. Sa bawat isang bersyon, matutuklasan ang pagkakakilalan sa paraan ng paglalahad ng kuwento. Sa pangkalahatang pagsusuri ng mananaliksik, lumalabas na ang mga manunulat ng mga obra maestrang isina-komiks ay gumagamit ng iba't ibang kasanayang pangwika sa pagpapaigting ng akda katulad na lamang ng paggamit ng mga tayutay o *figures of speech* na nakita sa parehong bersyon ng bawat obra. Pinakagamitin sa mga tayutay sa halos lahat ng sinuring komiks ang pagtutulad at pagwawangis. Sa kabila ng mga pagkakaparehong ito, nakita ang pagkakaiba-iba sa paggamit ng iba pang uri ng tayutay gaya ng pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, pagmamalabis, panawagan, pagtatambis, onomatopeya at pagsasatao. Maliban sa mga tayutay, lumutang din ang paggamit ng mga simbolismo, imahen at pahiwatig sa ilang bersyon na siya ring masusumpungan sa mga orihinal na akda.

Kung pagbabatayan naman ang pananalita o mga diyalogo, makikita ang pagkakatulad sa magkatuwang na paggamit ng malalalim at payak o pangkaraniwang pananalita. Gayunman, kapansin-pansin na sa bawat obra maestrang isina-komiks, may isa mula sa dalawang bersyon ang gumamit ng mas malalim na mga salita habang ang isang alternatibong bersyon nito ay mas magaan at payak. Dito maiuugnay ang pagsasaalang-alang ng mga isina-komiks na bersyon sa orihinal na anyo ng akda habang ikinokonsidera rin ang mas madaling pag-unawa ng mambabasa sa nilalaman at mensahe

ng kuwento (*tingnan sa Apendiks B, pahina 200-221 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

Kapag nauunawaan ng mag-aaral ang kanyang mga binabasa, mas tumitimo sa isipan ang mensahe at mga pagpapahalagang humuhubog sa isang indibidwal. Bilang karagdagan, sa paggamit ng mga estilo sa pagsulat na makikita sa mga obra maestrang isina-komiks, maaaring malinang ang potensyal ng mag-aaral sa pagkakabantad sa iba't ibang paraan ng paghabi ng mga salita na magiging gabay, hindi lamang sa kasanayan sa pagbasa kundi maging sa malikhaing pagsulat.

TALAHANAYAN BILANG 11

PAGSUSURI SA PAHINASYONG GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ASPEKTO: PAHINASYON
Ibong Adarna	Bersyon 1	• 58 pahina
	Bersyon 2	• 93 pahina
Florante at Laura	Bersyon 1	• 55 pahina
	Bersyon 2	• 88 pahina
Noli Me Tangere	Bersyon 1	• 139 pahina
	Bersyon 2	• 52 pahina
El Filibusterismo	Bersyon 1	• 94 pahina
	Bersyon 2	• 52 pahina

Sa pagsusuri ng mananaliksik sa pahinasyon ng mga komiks, makikita sa talahanayan bilang 11 na ang bawat isang bersyon ay maituturing na isang *full length novel* bagaman ang mga ito ay lumagpas na sa tatlumpung (30) pahina sa kadahilanang hango ang mga komiks sa mga obra maestra na kinapapalooban naman ng mas maraming

detalyadong suliranin at mga tunggalian. Ang pagkakaiba sa bilang ng mga pahina ng bawat bersyon ay batay sa mga uri ng transisyong ginamit sa mga kuwadro na maaaring nakapagpahaba o nakapagpaikli sa kuwento. Maliban dito, nakaapekto rin ang pagpili ng mahahalagang pangyayari mula sa orihinal na akda na siyang isinama sa mga bersyong isina-komiks at ang estilo sa pagguhit na maaaring sumakop ng malaki o maliit na bahagi ng isang pahina.

Sa pagkakaroon ng limitadong bilang ng mga pahina ng isang komiks, higit na nabibigyang-tuon ang mga pangyayaring nagpapalutang sa tema ng obra maestrang nasa aklat. Sa pagsasaalang-alang din ng pahinasyon, nasasala ang mga pangyayaring humahatak sa interes ng mag-aral habang sinusundan ang nakalimbag na teksto at mga larawan sa komiks. Nakasalalay rin sa pahinasyon ang pagtatahi ng mga eksenang kinakailangan upang ganap na maintindihan ang obra maestra at maging katuwang sa pag-aaral ng orihinal na obra sa aklat.

TALAHANAYAN BILANG 12

PAGSUSURI SA MGA KUWADRO (FRAME) NA GINAMIT SA MGA

OBRA MAESTRANG ISINA-KOMIKS

PAMAGAT NG OBRA MAESTRA	BERSYON NG KOMIKS	ASPEKTO: KUWADRO (FRAME)
Ibong Adarna	Bersyon 1	<i>foreground, background, panoramic view, full shot, medium shot, w/ musical notes, favored shot, series of shots, interior shot, exterior shot, SFX, dream sequence, silhouette, ground view, aerial view, transformation of image, semi-full shot</i>
	Bersyon 2	<i>foreground, distance shot, full shot, insert, long shot, medium shot, w/ musical notes, changed time, close-up shot, interior shot, exterior shot, SFX, dream sequence, transformation of image, semi-full shot, superimpose, montage</i>
Florante at Laura	Bersyon 1	<i>full shot, medium shot, distance shot, close-up shot, flashback, montage, extreme close-up, interior shot, exterior, shot, ground view, semi-full shot</i>
	Bersyon 2	<i>full shot, medium shot, SFX, panoramic view, favored shot, aerial view, close-up shot, flashback, interior shot, exterior shot, ground view, semi-full shot, fore ground, montage</i>
Noli Me Tangere	Bersyon 1	<i>foreground, panoramic view, medium shot, w/ musical notes, favored shot, interior shot, exterior shot, SFX, ground view, aerial view, semi-full shot, flashback, close-up shot, partially seen, distance shot</i>
	Bersyon 2	<i>medium shot, favored shot, interior shot, exterior shot, SFX, aerial view, semi-full shot, flashback, close-up shot, distance shot, extreme close-up</i>
El Filibusterismo	Bersyon 1	<i>foreground, panoramic view, full shot, favored shot, interior shot, exterior shot, SFX, silhouette, aerial view, close-up shot, flashback, extreme close-up, semi-full shot</i>
	Bersyon 2	<i>full shot, medium shot, favored shot, interior shot, exterior shot, SFX, dream sequence, ground view, aerial view, semi-full shot, close-up shot, distance shot</i>

Mula sa iba't ibang kuhang nakapaloob sa mga kuwadro (*frame*), makikita sa talahanayan bilang 12 na pinakamaraming uri nito ang nagamit sa parehong bersyon ng *Ibong Adarnang* isina-komiks na kapwa nagtataglay ng labimpitong (17) uri ng kuha. Sa pagsusuri ng mananaliksik, gumamit ang mga ilustrador ng ilang uri ng kuha na kalimitang angkop lamang sa mga akdang may halong pantasya o supernatural na elemento. Hindi naman nalalayo ang dami ng uri ng kuhang ginamit sa mga bersyon ng iba pang obra maestrang isina-komiks. Sa bersyon 1 ng *Florante at Laura*, labindalawang (12) uri ang ginamit na mas kaunti sa bersyon 2 na may labing-apat (14) na uri at higit ding marami sa bilang ng mga pahina. Ganito rin ang obserbasyon sa mga komiks ng *Noli Me Tangere* kung saan ang bersyon 1 ay may labinlimang (15) uri at labing-isa (11) sa bersyon 2. Samantala, sa mga *El Filibusterismong* isina-komiks, labintatlong (13) uri ang ginamit sa bersyon 1 habang sa bersyon 2, nakita ang labindalawang (12) na uri ng kuha sa mga kuwadro. Kung titingnan naman ang mga naitalang uri ng kuha sa lahat ng komiks, ang ilan sa pinakamadalas gamitin na siyang nakita sa maraming pahina ay ang *foreground*, *close-up shot*, *full shot*, *medium shot*, *interior shot* at *exterior shot*. Sa unang apat na kuhang nabanggit, binibigyang-tuon ang mga tauhan sa iba't ibang paraan upang lalong makilala at makaugnay ang mga mambabasa sa pagkatao ng mga ito at masundang mabuti ang relasyon ng mga karakter sa isa't isa gayundin ang gampanin sa kinasasangkutanang pangyayari. Ang *interior* at *exterior shot* naman ay nakita rin sa maraming bahagi sa pagtatampok nito ng tagpuan ng isang partikular na eksenang maaaring nagaganap sa loob ng isang palasyo, bahay, gusali at iba pa o di kaya ay sa labas ng mga naturang istraktura. Makikita rin sa mga *exterior shots* ang tagpuang

ginagalawan ng mga tauhan tulad ng kagubatan, kalsada, plasa at iba pa. Sa mga nalalabing uri ng kuhang naitala sa talahanayan, ibinatay ang mga anggulo ayon sa hinihinging pangyayari sa akda na nagpalutang sa kahalagahan ng iba't ibang konteksto ng kaganapan sa kabuuan ng mga obra maestrag isina-komiks. Sa kabilang banda, batay sa pagsusuring isinagawa ng mananaliks, ang ilan sa mga uri ng kuhang hindi gnamit ay ang *symbolical, out-of-scene, print / sign, voice over* at *split frame*. Sa hindi paggamit ng simbolikal na kuha, matutuklasang higit na tuwiran ang ginawang biswal na representasyon ng mga pangyayari. Gayundin, sa hindi naman paggamit ng iba pang uri ng mga kuha, makikitang sinikap ng mga ilustrador na gawing mas hayagan ang pagiging sangkot ng mga tauhan sa loob ng mismong eksena na masusundan kaagad ng mambabasa (*tingnan sa Apendiks, pahina 222-249 ang mga tiyak na datos at halimbawa*).

Kaugnay sa teorya ng motibasyon sa pagbasa, ang lebel ng pagiging kabahagi ng mag-aaral habang nagbabasa ay tumataas habang malaya niyang nasusundan ang mga pangyayari sa organisadong pagpili ng iba't ibang uri ng kuha sa loob ng kuwadro. Maaaring matugunan ang pagkasabik na matuklasan ang susunod na pangyayari mula sa isang kuwadro patungo sa susunod batay na rin sa paraan kung paanong pinalulutang ang magkakakawing na eksena. Nahahamon din ang mag-aaral na suriing muli ang orihinal na anyo ng obra at maikumpara ang biswal na representasyon ng mga pangyayaring makikita sa komiks. Napatitibay rin nito ang kakayahan ng mag-aaral na magsuri at maghambing ng dalawang magkaibang midyum ng iisang obra maestra.

4.3 Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Bilang Pantulong na

Kagamitan sa Antas Sekundarya

Matapos ang pagsusuring isinagawa ng mananaliksik, mahalagang awtput ng pag-aaral na ito ang pagbuo ng isang pamantayan na magagamit ng mga edukador sa pagpili ng angkop na supplementaryong babasahin gaya ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra. Kaugnay nito, ginamit na lunsaran ang mga datos na lumabas sa pagsusuri upang maisaayos ang mga katangiang titingnan o hahanapin sa bawat elemento at aspekto ng komiks na makatutugon bilang epektibong pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Sa mga pagkakatulad at mga pagkakaibang taglay ng mga elemento ng sinuring komiks, naisaalang-alang ang balanseng pagbuo ng mga kategorya sa pamantayan upang masuri sa sistematikong paraan ang mga obra maestrang isinikomiks. Kaugnay nito, inaasahang makatutulong ang pamantayan sa mga manlilikha at mga naglalathala ng komiks para sa mga mag-aaral upang mapabuti pa ang kalidad ng mga naturang babasahin at lumawak ang epektibong gamit nito lalo na sa larangan ng edukasyon (*tingnan sa Apendiks C ang nabuong pamantayan*).

Naging batayan sa binuong pamantayan ang teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) ukol sa iba't ibang kombinasyon ng salita-larawan at mga transisyon sa sistematikong paraan gayundin ang mahahalagang elementong pangnilalaman at mga teknikal na aspekto ng komiks mula kina Gimena (2011) at Valiente (2009). Para sa kaangkupan at kalidad ng mga pantulong na kagamitan, isinaalang-alang din ang Teorya ng Motibasyon

sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004) at ang pangkalahatang gabay na ibinahagi nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001).

4.4 Ebalwasyon sa Binuong Pamantayan sa Pantulong na Kagamitan

Isa sa mahahalagang proseso ng pagpapaunlad sa binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan ang pagkuha ng ebalwasyon mula sa mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks. Kaugnay nito, nagpamahagi ang mananaliksik ng tseklist (*tingnan sa Apendiks E ang tseklist na ginamit*) para sa pagtataya gamit ang Iskalang Likert (*Likert Scaling Techniques*) kung saan itinala ng mga ebalweytor ang kanilang tugon sa bawat krayterya na may kaakibat na bilang at interpretasyon.

Ganito ang iskala ng pagpapahalagang sinunod ng mananaliksik:

- 5 – Lubos na sumasang-ayon
- 4 – Sumasang-ayon
- 3 – Di gaanong sumasang-ayon
- 2 – Di sumasang-ayon
- 1 – Lubos na di sumasang-ayon

Sampung (10) guro sa Filipino na nagtuturo sa antas sekundarya mula sa iba't ibang paaralan at limang (5) eksperto sa larangan ng komiks ang pinili ng mananaliksik upang magbigay ng ebalwasyon sa pamantayan (*tingnan sa Apendiks F ang talahanayan*

ng mga ebalweytor). Makikita sa sumusunod na talahanayan ang kabuuang datos na nakuha mula sa mga ebalwasyong ibinigay.

TALAHANAYAN BILANG 13

**EBALWASYON MULA SA MGA GURO NG FILPINO AT MGA EKSPERTO SA LARANGAN
NG KOMIKS SA BINUONG PAMANTAYAN SA
PANTULONG NA KAGAMITAN SA PAGTUTURO**

MGA KATANGIAN NG PAMANTAYAN	KABUUANG PUNTOS NG MGA SAGOT SA BAWAT AYTEM	AVERAGE NG KABUUANG PUNTOS	INTERPRETASYON
1. Malinaw ang pagkakalahad ng panuto sa pagsagot ng pamantayan.	72	4.8	Lubos na sumasang-ayon
2. Angkop at konsistent ang paggamit ng mga salita na nakatulong sa pag-unawa ng bawat katangiang susuriin.	73	4.9	Lubos na sumasang-ayon
3. Wasto ang baybay ng mga salita at paggamit ng mga bantas.	70	4.7	Lubos na sumasang-ayon
4. Naisama ang lahat ng anggulong dapat masuri sa mga elemento at aspekto ng komiks.	70	4.7	Lubos na sumasang-ayon
5. Organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga katangian sa bawat categoryang susuriin.	73	4.9	Lubos na sumasang-ayon
6. Naisaalang-alang ang orihinal na anyo ng akda / obra maestra sa mga categoryang susuriin.	71	4.7	Lubos na sumasang-ayon
7. Nabigyang-pansin ang kritikal at malalim na pagsusuri sa kasiningan ng komiks.	69	4.6	Lubos na sumasang-ayon
8. Natukoy ang mahahalagang konsiderasyon sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa kabuuan ng pamantayan.	74	4.9	Lubos na sumasang-ayon
KABUUANG AVERAGE = 4.8			Lubos na sumasang-ayon

Makikita sa talahanayan bilang 13 na sa unang katangian, lumalabas na naging malinaw ang pagkakalahad ng panuto sa pagsagot ng pamantayan sa *average* na 4.8. Ang ikalawang katangiang may kaugnayan sa kaangkupan at pagiging konsistent sa paggamit

ng mga salita ay nakakuha ng *average* na 4.9 habang ang ikatlong katangian ay may *average* na 4.7 para sa wastong baybay ng mga salita at paggamit ng mga bantas. Sa ikaapat na katangian na pagsasama ng lahat ng anggulong dapat masuri sa mga elemento at aspekto ng komiks, nakakuha ito ng *average* na 4.6 mula sa mga ebalweytor kung kaya sinikap ng mananaliksik na isa-isahing muli ang mga katangian sa lahat ng kategoryang nakapaloob sa binuong pamantayan upang maidagdag ang iba pang mahahalagang konsiderasyon sa pagsusuri ng komiks. Lumabas namang organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga katangian sa bawat kategoryang susuriin batay sa ikalimang katangian ng pamantayan na nakakuha ng *average* na 4.9.

Kaugnay ng pagsasaalang-alang sa orihinal na anyo ng akda / obra maestra sa mga kategoryang susuriin, makikita ang *average* na 4.7 para sa ikaanim na katangian kung kaya't isa sa mahahalagang pinagtuunang pansin ng mananaliksik ang pagtingin sa mga kategorya upang matiyak na mabibigyang-halaga sa pagsusuri ang pinaghanguang akda sa kabuuan ng pamantayan. Ganito rin ang isinagawa ng mananaliksik para sa ikapitong katangian na may *average* na 4.6 ukol sa pagbibigay-diin sa kritikal at malalim na pagsusuri sa kasiningan ng komiks. Para sa ikawalo at huling katangian ng pamantayan na pagtukoy sa mahahalagang konsiderasyon sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa kabuuan, nakakuha ito ng *average* na 4.9. Sa pangkalahatan, lumabas ang resultang *average* na 4.8 para sa lahat ng sinuring aytem na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga ebalweytor sa bawat katangiang dapat taglayin ng binuong pamantayan.

4.5 Rebisyon ng Binuong Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya

Batay sa ibinigay na ebalwasyon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks, sinikap ng mananaliksik na isaayos ang binuong pamantayan kalakip ang mga komento at mungkahing mula sa mga ebalweytor. Binigyang-tuon ang iba pang mahahalagang anggulo sa pagsusuri ng komiks tulad ng ilustrasyon o paraan ng pagkakaguhit at ang pagsasaalang-alang sa orihinal na obra maestrang pinaghanguan nito upang matiyak na magiging epektibong katuwang ang komiks sa pagpapayaman ng aralin. Ginamit ding gabay ang ebalwasyon upang mas maging angkop ang paggamit ng mga termino at maiwasto ang kaunting tipograpikal na pagkakamali nang sa gayon ay higit na maunawaan ng sinumang gagamit (*tingnan sa Apendiks G ang nirebisang pamantayan*).

KABANATA V

BUOD, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

5.1 Buod

Nilalayon ng pag-aaral na ito na makatuklas ng mga epektibong suplemental na babasahin at makapag-ambag sa pagpapaunlad ng mga pantulong na kagamitang maaaring magamit sa pagtuturo sa pamamagitan ng deskriptibong pagsusuri sa mga inilalathalang obra maestrang isina-komiks. Hinahangad din sa pag-aaral na makatulong sa iba pang mananaliksik na magtatangkang magsagawa ng iba pang pag-aaral kaugnay sa iba pang anyo ng panitikang popular na magagamit bilang pantulong na kagamitang pampaaralan.

Dalawang (2) bersyon kada isang obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya ang sinuri batay sa kabuuang disenyo nito bilang pantulong na kagamitan at ayon sa preperensya ng mga mag-aaral sa komiks na kanilang binabasa o kinahihiligan. Kabilang sa mga sinuri ng mananaliksik ang kombinasyong salita-larawan (*word-picture combinations*), transisyon ng mga pangyayaring nakapaloob sa komiks ayon sa teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) at ang mga pangnilalamang elemento gayundin ang mga teknikal na aspekto ng komiks mula kina Gimena (2011) at Valiente (2009). Sa pagsusuri sa kaangkupan ng komiks bilang angkop na supplementaryong babasahin, isinaalang-alang naman ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004) at ang mga

simulain at pananaw nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001) kaugnay sa pagpili at pagdisenyo ng pantulong na kagamitan. Sa huli ay bumuo ang mananaliksik ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa antas sekundarya na makatutulong sa mga guro at iba pang mananaliksik. Lubos na nakatulong ang ebalwasyong ibinigay ng mga guro sa Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks upang higit na mapaunlad ang isinagawang pamantayan.

5.2 Kinalabasan ng Pag-aaral

Sa katapusan ng pagsusuri at interpretasyong ito, natuklasan ng mananaliksik ang sumusunod:

Mga Kinalabasan Batay sa Layunin 1:

Sa pagtungo ng mananaliksik sa iba't ibang *bookstore* at iba pang pamilihan upang makahanap ng mga komiks ng apat na obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya, natuklasang ang bawat obra maestra kabilang ang *Ibong Adarna*, *Florante at Laura*, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ay may dalawang bersiyon lamang na nasusulat sa wikang Filipino. Ang lahat ng bersiyon ay napakinabangan ng mananaliksik sa pagsusuri na naging gabay sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang suplemental na babasahin sa pagtuturo.

Mga Kinalabasan Batay sa Layunin 2:

A. Kombinasyon ng mga Salita at Larawan (*Word-picture Combinations*)

Ang mga sinuring obra maestrang isina-komiks ay pawang kakikitaan ng iba't ibang kombinasyon o ugnayan ng mga salita at larawan kabilang ang *word-specific*, *picture-specific*, *duo-specific*, *intersecting*, *interdependent*, *parallel* at *montage*. Natuklasan na ang paggamit ng iba't ibang kombinasyong ito ay nakatulong upang maipahatid ang mensahe sa paraang malinaw na mauunawaan ng mga mag-aaral at maiuugnay sa kanilang nabasa mula sa orihinal na anyo ng mga obra maestra. Sa kabilang banda, kinakitaan din ito ng ilang kahinaan na nararapat pang paunlarin upang magsilbing gabay sa mga nagnanais pang lumikha ng iba pang bersyon ng komiks hango sa anumang akdang pampanitikan.

B. Transisyon ng mga Pangyayari

Iba't ibang uri ng transisyon ang ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks upang maipakita ang pagpapalit ng mga eksena. Batay sa pagsusuri ng mananaliksik, pinakagamitin sa mga uri ng transisyong ito *action-to-action* at *subject-to-subject* na naging daan upang higit na mapabilis ang daloy ng mga pangyayari at mabigyang-tuon ang piling mahahalagang tagpo. Natuklasang epektibo ang paggamit ng *action-to-action* sa pagtatanghal ng pakikipagsapalaran ng mga tauhan gayundin sa pagpapalutang ng mga tunggalian sa kuwento. Maraming bahagi rin ang ginamitan ng transisyong *subject-to-subject* partikular na sa mga pag-uusap na kalimitang kinasasangkutan ng dalawang tauhan upang

ipakita ang kani-kaniyang perspektibo at anggulong nakikita sa tiyak na pangyayari. Naging limitado naman ang paggamit ng transisyong *aspect-to-aspect* at *moment-moment* kung saan ang unang nabanggit ay laan para sa pagse-set ng *mood* na makikita sa panimulang bahagi ng ilang bersyon ng komiks ng mga obra maestra. Para naman sa mas detalyadong pagtatampok ng mga pangyayari na may minimal na pagbabagong makikita sa magkakasunod na eksena, ginamit ang transisyong *moment-moment* sa tig-isang bersyon ng dalawang obra maestrang isina-komiks.

C. Mga Pangnilalamang Elemento at mga Teknikal na Aspekto

C.1 Ang mga sinuring obra maestrang isina-komiks ay pare-parehong nagtataglay ng mga pangnilalamang elemento kabilang ang banghay, tauhan, diyalogo o mga usapan, salaysay (*caption*), pananaw o POV (*point of view*), tema at estilo. Maliban dito, kinapapalooban din ang mga komiks ng teknikal na aspektong sumasaklaw sa pahinasyon at iba't ibang uri ng kuwadro (*frame*). Batay sa pagsusuri sa mga bahaging ito, nakita kung paanong ginawang mas tuwiran ng mga isina-komiks na bersyon ang pagtatampok sa mga pangyayari at ang pagpapakilala sa mga tauhan na kalakip ang mga biswal na representasyong hango sa orihinal na akda. Maiuugnay ito sa mga kapakinabangan at naibigang katangian ng mga obra maestrang isina-komiks para sa mga mag-aaral na nagbabasa nito. Gayunman, kinakitaan pa rin ang mga babasahing ito ng mga kahinaan na nararapat pang paunlarin upang

makatulong sa susunod pang nagnanais magsulat at maglathala ng mga komiks para sa mga mag-aaral. Ilan sa mga nakitang kahinaan ay ang maling baybay at di angkop na paggamit ng mga partikular na salitang maaaring magdulot ng kalituhan sa mga mambabasa.

C.2 Magkatulad ang uri ng banghay na ginamit sa dalawang bersyon ng mga obra maestra na kagaya rin sa pagkakahabi ng banghay ng orihinal na anyo ng bawat obra. Dito ay mapapansin ang paggamit ng pangalan ng partikular na tauhan o mga tauhan bilang pamagat sa mga banghay na *character oriented* upang ipakita na ang malaking suliranin o tunggalian ay umiikot sa karakter. Para naman sa banghay na *plot oriented*, kumikilos ang mga tauhan ayon sa iba't ibang salik sa kanilang kapaligiran o lipunang kinabibilangan at ang suliranin ay nakabatay sa mga naturang salik na siya namang sisikaping lutasin ng pangunahing tauhan.

C.3 Sa pagsusuring ginawa sa mga obra maestrang isina-komiks, lumutang ang iba't ibang uri ng tauhang ibinatay sa paglalarawang masusumpungan sa orihinal na akda. Sa mga pangunahing tauhan maging sa pantulong na mga tauhan, nakita ang mga dinamikong gampanin ng bawat isa na nagbigay-kulay sa daloy ng kuwento at sa pagkakaroon ng konsistent na karakter. Madali ring makikilala ng mambabasa ang tumatayong antagonista at protagonista sa mga obra maestra.

C.4 Iba't ibang uri ng diyologo o usapan ang ginamit sa mga bersyon ng mga obra maestrang isina-komiks ang nakatulong upang maiparating sa

mambabasa ang emosyon ng mga tauhan sa isang tiyak na eksenang kinapapalooban. May mga diyalogong pansarili na nagpapakita ng mga iniisip ng tauhan at mga uri ng usapang nagtatanghal sa pag-uusap ng dalawa o higit pang mga tauhan. Sa kabilang banda, may mga diyalogo ring hindi gaanong lumutang sa kabuuan ng bawat bersyon maliban na lamang kung ang mga ito ay hinihingi sa pangyayari.

C.5 Sa mga salaysay na ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks, makikita ang maiikli hanggang katamtamang haba ng paglalarawan sa mga eksena sa loob ng isang kuwadro para sa mga pangyayaring may kalakip na mas detalyadong ilustrasyon. Samantala, kalimitang makikita ang mahahabang salaysay sa pagsisimula ng kuwento upang ipakilala ang mga tauhan at ilarawan ang mga tagpuan. Nagsilbing gabay din ang mga salaysay na ginamit upang masundan ng mambabasa ang transisyon ng mga pangyayari gayundin ang paglalarawan sa mga pangyayaring hindi ipinakikita sa loob ng isang kuwadro.

C.6 Ang lahat ng mga obra maestrang isina-komiks ay may pananaw na nasa ikatlong persona kung kaya't higit na naging madulas ang paraan ng paglalahad. Mayroon din namang bersyong gumamit ng iba pang pananaw na nasa ikalawang persona upang ipakita naman ang malikhaing pagsasalaysay mula sa perspektibo ng isang tauhan.

C.7 Ang mga temang nakapaloob sa mga obra maestrang isina-komiks ay nakaangkla sa mga tema ng orihinal na akda. Lahat ng ito ay nagtataglay

ng higit sa isang tema na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pamilya, pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig, pagrespeto sa magkaibang painiwala, pananaig ng kabutihan laban sa kasamaan at masidhing pagmamahal sa bayan. Ang mga temang ito ay sumasalamín sa panitikan, kultura at kasaysayan ng bansa na maiuugnay ng mambabasa sa realidad ng lipunang kinabibilangan.

C.8 Batay sa pagsusuri sa estilong ginamit ng mga manunulat, higit na tuwiran at pinasimple ang pagbuo ng mga salaysay at mga diyalogo kumpara sa wikang ginamit sa mga orihinal na akda. Sa kabila nito, pumili pa rin ang mga manunulat ng mga kagamitang pangwika na makapagpapabatid sa mambabasa ng sinaunang panahon at tagpuang umiiral sa kuwento. Patunay rito ang paggamit ng mga tayutay sa ilang makahulugang paglalarawan gaya ng pagtutulad, pagwawangis, pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, onomatopeya at pagmamalabis o *hyperbole*. Kapansin-pansin pa na sa bawat obra maestrang isina-komiks, may isa mula sa dalawang bersyon ang gumamit ng mas malalim na mga salita habang ang isang alternatibong bersyon nito ay mas magaan at payak na pananalita ang ginamit na naglalarawan sa kani-kaniyang estilo ng mga manunulat.

C.9 Sa pagsusuri ng mananaliksik sa pahinasyon ng mga komiks, ang bawat isang bersyon ay maituturing na isang *full length novel* na makatuwiran sa pagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa orihinal na anyo ng mga obra maestrang pinagbatayan ng mga ito. Natuklasan ding nakaapekto ang pagpili

ng eksenang siyang isinama sa mga bersyong isina-komiks at ang estilo sa pagguhit na maaaring sumakop nang malaki o maliit na bahagi ng isang pahina.

C. 10 Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga uri ng kuha sa loob ng kuwadro, natuklasang malaki ang gampanin ng mga kuhang ito sa pagpapakilala ng mga tauhan, pagse-*set* ng *mood* ng tagpuan, pagpapakita ng relasyon o ugnayan ng mga karakter at pagpapaigting ng mga pangyayari sa kabuuan ng kuwento. Ang paggamit ng mga angkop na kuha sa loob ng kuwadro ay malaki ang naiaambag upang lubos na masundan at maunawaan ng mambabasa ang mensahe ng mga obra maestra.

Mga Kinalabasan Batay sa Layunin 3:

1. Naging mahalagang batayan sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan ang teorya ni Mc Cloud (1993; 2006) na nakatuon sa iba't ibang kombinasyon ng mga salita-larawan at transisyon ng mga pangyayari sa komiks gayundin ang mga pangnilalamang elemento gaya ng banghay, tauhan, diyalogo o mga usapan, salaysay (*caption*), pananaw o POV (*point of view*), tema at estilo, maging ang mga teknikal na aspekto kung saan pumapailalim ang pahinasyon at mga kuwadro na ibinahagi naman nina Gimena (2011) at Valiente (2011). Maliban sa mga nabanggit na simulain at pananaw kaugnay sa sining ng pagbuo ng komiks, ginamit ding batayan ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004) gayundin ang mahahalagang prinsipyo sa pagpili at pagdisenyo ng pantulong na kagamitan mula kina

Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001). Pinagtuunang-pansin sa mga prinsipyong ito ang kaangkupan materyal para sa itinakdang paggagamitan nito at kakayahan ng mga mag-aaral, ang kalidad nito sa kabuuan at kung paanong makatutulong ang materyal sa paghubog ng kamalayang kultural, epektibong paggamit ng wika ayon sa konteksto, pagbibigay kahandaan at pagsasangkot sa mga mag-aaral sa araling tatalakayin at mga gawaing magpapayaman ng kanilang pagkatuto.

2. Mula sa mga ebalwasyong ginawa ng mga guro sa Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks, nabuo ang pamantayan sa pagsusuri ng pantulong na kagamitan sa pagtuturo kung saan sinikap ng mananaliksik na maisaalang-alang ang mga komento at mailakip ang mga natatanging rekomendasyon upang mapaunlad ang binuong pamantayan at matiyak na naisama ang lahat ng anggulong dapat tingnan sa pagsusuri ng supplementaryong materyal gaya ng komiks.

5.3 Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan at kinalabasan ng pananaliksik na ito, nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na kongklusyon:

1. May mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga bersyon ng bawat obra maestrang isina-komiks. Kabilang sa mga pagkakatulad ng mga ito ang magkaagapay na paggamit ng mga salita at larawan sa pagpapalutang ng *effects* at mensahe ng kuwento, ang mga katangiang taglay ng mga pangnilalamang elementong nasuri sa bawat komiks gaya ng banghay, tauhan, paggamit ng pananaw sa ikatlong persona at tema. Ilan naman sa mga

pagkakaibang nasuri sa mga komiks ang iba't ibang estilo ng mga awtor sa paghabi ng mga diyalogo at salaysay, pagpili ng mga tayutay na gagamitin at iba pang kagamitang wika na nakapaloob sa mga usapan, paraan ng paglilipat ng eksena o transisyong biswal, maging sa teknikal na aspekto gaya ng pahinasyon at iba't ibang kuha sa mga kuwento upang ipakita ang mga mahahalagang pangyayari mula sa orihinal na akda.

2. Sa pamamagitan iba't ibang ugnayan ng salita at larawan, na *aise-set* ang *mood* ng mambabasa kung kaya't madaling masundan ang mga pangyayari sa kuwento. Kasama naman sa mga dapat na paunlarin pa ang paghahanay ng mga salita sa larawang pinatutungkulan nito at ang organisasyon ng mga kuwadrang nagtataglay ng mga salita at larawan upang maiwasan ang pagkalito ng mga mag-aaral na magbabasa ng komiks.

3. Mahalaga ang pagtiyak sa mahahalagang pangyayaring isinama sa komiks mula sa orihinal na akda na nakaaapekto sa kredibilidad ng paggamit ng suplemental na babasahin bilang epektibong pantulong sa pagtuturo ng mga obra maestra.

4. Batay sa ebalwasyong ibinigay ng mga guro sa Filipino at mga eksperto sa larangan ng komiks, napatunayang naging napakahusay sa kabuuan ng binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan. Ang isinagawang ebalwasyon ay nagsilbing mahalagang kontribusyon sa pagpapaunlad ng pamantayan lalo na at patuloy pang dumarami ang mga alternatibong kagamitan na ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo at mga babasahing sanggunian ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

5. Sang-ayon sa mga teorya nina Mc Cloud (1993; 2006), Gimena (2011) at Valiente (2009) kaugnay sa sining ng pagbuo ng komiks gayundin ang mga konsiderasyong inilahad nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001) sa pagpili at pagdisenyo ng

pantulong na kagamitan na nakaangkla sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), nakabuo ang mananaliksik ng isang instrumentong maaaring gamitin na pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang supplementaryong babasahin na magiging katuwang ng guro sa pagtalakay ng mga aralin partikular na sa mga akdang pampanitikan kabilang ang mga obra maestra.

5.4 Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nabuong kongklusyon ng mananaliksik, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Mahalagang suriin ang mga babasahing gagamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Makatutulong ito upang mapiling mabuti ang mga supplementaryong materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral at maging sa mga manlilikha ng komiks sa pagtiyak ng kaangkupan nito sa target na mambabasa.
2. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, maaaring gamitin ng guro ang mga obra maestrang isina-komiks tungo sa mas malinaw at dinamikong pagtalakay ng mga aralin. Sa pamamagitan ng mga naturang uri ng babasahin, iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ito ng mga guro sa Filipino na nasa antas sekundarya upang mahikayat ang mga mag-aaral na magbasa at malinang ang kakayahang magsuri ng isang akda mula sa orihinal na anyo nito at paglalapat sa ibang midyum gaya ng komiks. Makadaragdag din ito ng motibasyon sa mga mag-aaral upang tumuklas ng iba pang makabuluhang

babasahin na magiging kaagapay sa kanilang pagkatuto at magpapamulat sa kanila upang pahalagahan ang sariling panitikan.

3. Dulot ng natuklasang iba't ibang *genre* at tema ng komiks na kasalukuyang tinatangkilik ng mga mag-aaral, maaaring gamitin ang nabuong pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo upang matiyak ang kaangkupan nito kung ninanais gumamit ng mga alternatibong babasahin sa pagpapalawak ng mga aralin.

4. Bilang pagtugon sa adbokasiya ng pamantasan sa patuloy na pananaliksik, mahalagang magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral ukol sa mga komiks na maaaring gamitin bilang pantulong na kagamitan sapagkat maaari pa ring magkaroon muli ng mga pagbabago sa kabuuang anyo ng komiks na mailalathala kasabay ng nagbabagong panlasa ng mga mag-aaral na tumatangkilik dito. Kaugnay nito, nangangailangan muli ng mga pagsusuri upang makatulong sa pagpapaunlad ng anyong ito ng panitikang popular.

5. Para sa iba pang mananaliksik, iminumungkahi ang pagsasagawa ng katulad na pag-aaral kaugnay sa iba pang uri ng panitikang popular gaya ng tabloid, magasin at kontemporaryong dagling-katha. Mahalaga ito sa pagtuklas ng mga kawili-wiling pamamaraan sa pagtuturo upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na makibahagi sa proseso ng kanilang pagkatuto.

6. Para sa mga manunulat, ilustrador ng komiks at iba pang nagnanais lumikha ng nasabing babasahin para sa mga mag-aaral, maaaring gamitin ang pamantayan at pagsusuring isinagawa upang mapaunlad pa ang kalidad ng komiks na magdudulot ng produktibong epekto sa larangan ng edukasyon at sa mismong industriya nito.

MGA SANGGUNIAN

- Abad, M.A. & Ruedas, P.C. (1996). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. Mandaluyong City: National Book Store.
- Anama, M.A. (2002). *Instructional materials on reading skills of high school freshmen*. Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Arellano, G.V. (1981). *The PIE industrial model: A guide to systematic teaching*. Quezon City: RM Garcia Publishing House.
- Atienza, J.A. (2005). *Awtentikong babasahin bilang pantulong na kagamitan sa pagbasa*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Eulogio “Amang” Rodriguez Institute of Science and Technology.
- Bacomo, M.D. (2000). *Development and validation of supplementary reading materials for critical thinking skills*. Tesis. Lungsod ng Cadiz: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Badayos, P.B. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain, at istrategiya*. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.
- Balinas, J.M. (2000). *Proposed supplementary instructional materials in teaching reading skills through the newspaper for third year high school students in St. Mary's College*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Baytan, R. (2014). *Literature matters: A manual for teaching Philippine literature*. Mandaluyong City: Philippine Center of International PEN, Inc. & Anvil Publishing, Inc.
- Belvez, P.M. (1981). *Ang guro at ang sining ng pagtuturo*. Manila: Philippine Normal College.
- Bernabe, N.O. (2001). *Mga awtentikong babasahin bilang pantulong na kagamitan sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa unang taon ng mataas na paaralan*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Bernales, R.A. (2009). *Pagbasa, pagsulat at pananaliksik: Batayan at sanayang-aklat sa Filipino 2, antas tersarya*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Biares, C.C. (2010). *Development of instructional materials for teaching world literature to college students using the Psychoanalytic Reader-response Theory*. Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

- Camigue, M.D. (2002). *The 1999 issues of Pilipino Funny Komiks magasin for children: A content analysis*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasan ng Lungsod ng Maynila.
- Carag, I.B. (1977). *Instructional materials from graphics in the intermediate grades*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Cunningsworth, A. (1995). *Choosing your coursebook*. London: Heinemann.
- de Leon, M.C. (2004). *Suggested instructional materials in teaching grammar for fourth year high school students*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Diaz, E.A. (2006). *Suggested instructional materials in teaching reading-writing connection to fourth year high school students*. Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Douglas, H.R. (1967). *The high school curriculum*. New York: The Renald Press Co.
- Dudley-Evans, T. & St. John, M.J. (1998). *Development in ESP: A multidisciplinary approach*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Earl, R. (1977). *Classroom in practice reading*. Delaware: Mc Gill University Press.
- Eisner, W. (1985). *Comics and sequential art: Principles and practice of the world's most popular form*. Poorhouse Press.
- Ennis, R.H. (1986). A conception of critical thinking with some curricular suggestions. *Conference on Critical Thinking at Christopher Newport College* (In J. Heagland ed.). Virginia: Newport News.
- Erickson, C. (1992). *Fundamentals of teaching with audio visual & technology*. New York: Mc Graw-Hill Book Co.
- Esguerra, H.Z. (2007). *Development at validasyon ng supplementaryong kagamitang panturo sa Filipino 2 sa antas tersarya*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Ferret, S.L. (1996). *Connections: Study skills for college and career success*. Chicago: Irwin Mirror Press.
- Gabriel, R.D. (1995). *Mga awtentikong babasahin bilang pantulong na kagamitan sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa ng unang taon*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

- Gaddi, Jr. R.F. (2004). *Mga awtentikong babasahin bilang pantulong na materyal sa pagbasa sa mga mag-aaral sa ikalawang taon ng mataas na paaralan*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Gans, H.J. (1974). *Popular culture and high culture: An analysis and evaluation of taste*. New York: Basic Books, Inc.
- Gimena, G. E. (2011). *Blag: Malikhaing pagsulat sa popular na literatura*. Rizal: Writer's Bookshelf Publishing, Inc.
- Guamen, P.C. et al. (1993). *Tanging gamit ng Filipino*. Manila: Rex Publishing Company, Inc.
- Guins, R. et al. (2005). *Popular culture: A reader*. London: Sage Publications.
- Guthrie, J. T. & Wang, J. H., & (2004). Modeling the effects of intrinsic motivation, extrinsic motivation, amount of reading, and past reading achievement on text comprehension between U.S. and Chinese students. *Reading Research Quarterly*. Baltimore: Paul H. Brookes.
- Hofferman, H. (1962). The right comics can be classroom tools. *The Instructor*.
- Hutchinson, T. & Waters, A. (1987). *English for academic purposes series: A learning-centered approach*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Johnson, F.C. (1972). The design, development and dissemination of instructional materials. *RELC Journal* (Vol.3, no.1-2).
- Khadijeh, K. (2013). *Development and validation of prototype instructional materials on reading comprehension skills for high school freshmen*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Lalunio, L.P. (1996). Makabagong pananaw sa paglinang ng pag-unawa sa pagbasa. *Hasik*.
- Lardizabal, A.S. et al. (2002). *Principles and methods of teaching 1*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.
- Lardizabal, A.S. et al. (2014). *Principles and methods of teaching 2*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

- Llana, J.G. (2004). *Ang kapaligiran ng buhay komiks modyuls: Its effectiveness as a learning tool for adults in a grass root community*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Lowenthal, L. (1961). *Literature, popular culture and society*. California: Pacific Books Publishers.
- Luces, C.C. (2004). *Mga awtentikong babasahin bilang pantulong na kagamitang panturo sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa para sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang antas elementarya*. Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Mabanglo, R.S. & Galang, R.G. (2010). *Essays on Philippine language and literature*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Makey, H.C. (1962). Comic books – A challenge. *The English Journal*.
- Maramba, A.D. (2006). *Essays on living: Beyond the classroom*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- May, F.B. (1990). *Reading as a communication: An interactive approach* (3rd ed.). Columbus, Ohio: Merrill Publishing Company.
- Mc Cloud, S. (1993). *Understanding comics: The invisible art*. New York: Kitchen Sink Press.
- Mc Cloud, S. (2006). *Making comics: Story secrets of comics manga and graphic novels*. Harper Collins Publishers.
- Nilsen, A.P. et al. (2001). *Literature for today's young adults* (6th ed.). Addison-Wesley Longman, Inc.
- Nunan, D. (1998). Principles for designing language teaching materials. *Materials Preparation*. (Vol.10, no.2).
- Nunan, D. (1988). *The learner-centered curriculum*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Owens, L. (1969). Educational comics- A medium for visual education. *The Catholic School Journal*.
- Pak, G. & Van Lente, F. (2014). *Make comics like the pros*. New York: Watson-Guption Publications.

- Panganiban, J.V. & Panganiban, C.T. (1979). *Panitikan ng Pilipinas*. Quezon City: Bede's Publishing House.
- Perez, M.C. (2006). *Suggested instructional materials to enhance reading comprehension skills of first year students*. Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Reis, S.M. et al. (2009). *Joyful reading: Differentiation and enrichment for successful literacy learning* (1st ed.). San Francisco: John Willey and Sons, Inc.
- Reyes, S.S. (1997). *Pagbasa ng panitikan at kulturang popular, piling sanaysay*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Reyes, S.S. (2002). *Reading popular culture*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press.
- Rowntree, D. (1976). *Learn how to study*. London: Macdonald and Jane's.
- Rubin, L.T. (2001). *Panitikan sa Pilipinas*. Manila: Rex Book Store, Inc.
- Sabin, R. (1993). *Adult comics: An introduction*. Routledge London and New York Press.
- Salandanan, G. G. (2001). *Teacher education journal*. Quezon City: Katha Publishing Co., Inc.
- Salvo, M.E. (1981). *Mga pabula ni Esopo: Kagamitang pampagtuturo sa Pilipino*. Tesis. Lungsod ng Naga: Colegio de Santa Isabel.
- Storey, J. (1993). *An introduction to cultural theory and popular culture* (2nd ed). Prentice Hall.
- Straiger, R. (1982). The reading teacher. *Review* (Vol.6).
- Strinali, D. (1995). *An introduction to theories of popular culture* (2nd ed.). London: Taylor and Francis Group- Routledge.
- Tamalayan, A.P. (1980). *Mga mungkahing kagamitang pampagtuturo sa Pilipino I-Sining ng pakikipagtalastasan para sa mga mag-aaral ng antas tersaryo ng St. Paul College of Tuguegarao*. Tesis. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Tolentino, R.B. (2004). Ang bago, bawal, at kasalukuyan. *Kulturang Popular: Aklat 4*. Anvil Publishing Inc.

- Tomlinson, B. (2001). *Materials development in language teaching*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Umaly, R. (1998). *Teaching learning English with mass media*. Thailand: Suranaree University.
- Valiente, R. & Salvador, F. (2007). *Komiks sa Paningin ng mga Tagakomiks*. Quezon City: Central Books Publishing.
- Valiente, R. (2009). *Pinoy Komiks Rebyu*. (Vol.1, Issue 1). Quezon City: Central Books Publishing.
- Velasco, Z.M. (1989). *Comics reading among the intermediate school children: Its relationship to their academic performance*. Tesis. Lalawigan ng Bulacan: Bulacan College of Arts and Trades
- Villamin, A.M. (1990). *Tips for Writers of Instructional Materials in Educators' Journal*. Quezon City.
- Viloria, M.B. (2005). *Suggested Instructional materials in teaching reading-writing connection to first year high school students*. Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Weiner, B. (1990). History of motivational research in education. *Journal of Educational Psychology*. New York: Macmillan.
- Williams, R. (1963). *Culture and society*. New York: Columbia University Press.

APENDIKS A

Pabalat ng mga Obra Maestrang

Isina-komiks na Ginamit sa

Pagsusuri

APENDIKS B

Mga Tiyak na Datos ng mga Sinuring Obra Maestrang Isina- komiks

APENDIKS C

**Pamantayang Nabuo sa Pagsusuri
ng mga Obra Maestrang Isina-
komiks Bilang Pantulong na
Kagamitan sa Antas Sekundarya
(Unang Burador)**

**Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan
sa Pagtuturo ng Obra Maestra**

Pamagat ng Komiks: _____

Pangalan ng Awtor: _____

Taon ng Publikasyon: _____

Panuto: Lagyan ng marka ang bawat katangian ayon sa sumusunod na iskala:

4 - napakahusay

3 - mahusay

2 - katamtaman

1 - nangangailangan ng pagpapaunlad

I. MGA PANGNILALAMANG ELEMENTO		
ELEMENTO	MGA KATANGIAN	PUNTOS
Banghay	Malinaw na naipakikita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.	
	Maayos at malinaw ang transisyon ng mga eksena mula sa simula hanggang wakas.	
	Nakapupukaw ng interes sa maigting na pagpapalutang ng tunggalian.	
	Naisaalang-alang ang daloy ng orihinal na akdang pinaghaguan sa lohikal na paraan.	
Tauhan	Kapani-paniwala at konsistent ang mga katangian mula sa pinaghanguang tauhan sa orihinal na akda.	
	Nag-iisip at nagsasalita ayon sa eksenang kinapapalooban.	
	Naipakikita ang balanse o pantay na kalakasan at kahinaan ng pagkatao.	

	Madaling matukoy at makilala ang pangunahing tauhan.	
	Malinaw na nakikita ang relasyon o ugnayan ng mga tauhan sa isa't isa.	
Diyalogo o Usapan	Nauunawaan at malinaw na nakapaghahatid ng ibig ipakahulugan.	
	Konsistent at makatotohanan sa paggamit ng wika.	
	Naipakikilala ang katauhan ng mga karakter ayon sa pagsasalita.	
	Wasto ang baybay ng mga salita gayundin ang mga bantas at maayos na nakasunod sa tuntuning gramatikal.	
	Naisaalang-alang ang lalim ng mensahe ng orihinal na akda sa angkop na paggamit ng mga salita.	
Balloons	Tama ang paglalagay ng mga <i>balloons</i> upang itanghal ang nagsasalitang karakter.	
	Nakatutulong upang madaling masundan ang nagaganap na palitan ng mga diyalogo sa eksena.	
	Napalulutang ang damdamin ng mga tauhan at natutukoy ang tono sa angkop na paggamit ng iba't ibang uri ng <i>balloons</i> .	
Salaysay o Captions	May tamang haba sa pagsasalaysay ng mga partikular na tagpo.	
	Nakatutulong upang maipaunawa ang damdamin at kaisipang inilalarawan sa bawat eksena.	
	Lohikal sa pag-uugnay ng pagpapatuloy at transisyon ng mga pangyayari.	

	Nailalarawan nang makabuluhan ang mga pangyayaring hindi nakikita sa kuwadro o hindi sinasabi ng mga tauhan.	
	Wasto ang baybay ng mga salita gayundin ang mga bantas at maayos na nakasunod sa tuntuning gramatikal.	
Pananaw o POV (<i>point of view</i>)	Mahusay at malinaw ang pagkakalahad ng personang nagsasalita sa kuwento.	
	Nakatutulong ang pananaw na ginamit sa madaling pag-unawa ng mambabasa sa takbo ng kuwento.	
	Nagdudulot ng kakintalan sa isipan kung saan makauugnay ang mambabasa.	
Tema	Nakatugon sa tema ng orihinal na akda.	
	Natatangi at walang tuwirang pangangaral sapagkat kusang lumulutang sa kabuuan ng kuwento ang tema.	
	Nagpapamalas ng mataas na pagpapahalagang moral at kamalayang panlipunan.	
Estilo	May natatanging konsepto sa paglalahad ng kuwento sa kabuuan mula sa mga tauhan, tagpuan at banghay.	
	Natural at madulas ang pagkakahabi ayon sa takbo ng kuwento ng orihinal na akda.	
	Mahusay ang pagkakabalanse ng mga larawan/ilustrasyon at ng mga pantekstong bahagi sa pagpapalutang ng kuwento at mensahe.	
	Gumamit ng mga angkop na kagamitang pangwika tulad ng konotasyon, imahen, tayutay at simbolismo na nakatulong sa pagpapaunlad ng kuwento.	

II. MGA TEKNIKAL NA ASPEKTO		
Pahinasyon	Wasto at walang naging pagdodoble sa bilang ng mga pahina.	
	Malinaw at may tamang laki ang pagkakasulat ng mga bilang ng pahina.	
	Nakatulong ang maayos na pahinasyon upang magabayan ang mambabasa sa bahaging hinahanap.	
	Makatuwiran ang dami ng pahina sa nilalamang kuwento nito.	
Kuwadro o Frame	May hustong sukat at hugis upang maitampok nang maayos ang mga tagpo.	
	Organisado ang pagkakahanay na nagpapakita ng dibisyon ng mga pangyayari.	
	Mahusay ang paggamit ng iba't ibang kuha o anggulo na nakatulong sa pagpapalutang ng <i>effect</i> sa eksena.	
	Naipakita sa mga kuwadro ang mga pinakamahahalagang bahagi ng orihinal na akda.	

KABUUAN = _____

Interpretasyon:

121 - 160 = Napakahusay

81 - 120 = Mahusay

41 - 80 = Katamtaman

1 - 40 = Nangangailangan ng pagpapaunlad

APENDIKS D

Liham sa mga Ebalweytor ng Binuong Pamantayan

Mahal na _____:

Isang malugod na pagbati sa inyo!

Ako po ay isang mag-aaral ng Filipino sa Paaralang Gradwado ng Pamantasang Normal ng Pilipinas at kasalukuyang nagsusulat ng tesis na pinamagatang **“Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-komiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pantulong na Kagamitan sa Pagtuturo”**. Pangunahing layunin po ng aking isinasagawang pag-aaral ang masuri ang mga piling komiks na hango sa mga obra maestrang itinaturo sa antas sekundarya at sa huli ay magsilbing gabay ang ginawang pagsusuri sa pagbuo ng pamantayan upang makapili at makapagdisenyo ng epektibong supplementaryong babasahin partikular na ang komiks. Kaugnay po nito, kung inyong ipahihintulot, nais ko pong humingi ng inyong oras upang magbigay ng ebalwasyon sa pamantayang aking binuo na magsisilbing awtput ng aking pag-aaral. Malaking tulong po ang inyong mga karanasan at kaalaman upang lalong mapahusay ang binuong pamantayan sa pantulong na kagamitan.

Umaasa po ako sa inyong positibong pagtugon sa kahilingang ito. Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

Bb. Sharon Rose D.R. Aguila

Mag-aaral, Pamantasang Normal ng Pilipinas
Guro, UP Integrated School

Inaprubahan nina:

Lolita Bandril
Tagapayo

Estrella Peña
Tagapayo

APENDIKS E

Ebalwasyong Papel Para sa mga

Guro at mga Eksperto sa

Larangan ng Komiks

Ebalwasyon sa Binuong Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks
Bilang Pantulong na Kagamitan sa Pagtuturo ng mga Obra Maestra sa
Antas Sekundarya

Pangalan: _____

Propesyon / Katungkulan: _____

Paaralan / Kompanya: _____

Petsa ng Ebalwasyon: _____

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang na tumutugon sa nais ibigay kaugnay ng bawat katangian gamit ang sumusunod na iskala:

5 - Lubos na sumasang-ayon

4 - Sumasang-ayon

3 - Di gaanong sumasang-ayon

2 - Di sumasang-ayon

1 - Lubos na di sumasang-ayon

Mga Katangian	5	4	3	2	1	Mga Komento at Mungkahi
1. Malinaw ang pagkakalahad ng panuto sa pagsagot ng pamantayan.						
2. Angkop at konsistent ang paggamitng mga salita na nakatulong sa pag-unawa ng bawat katangiang susuriin.						
3. Wasto ang baybay ng mga salita at paggamit ng mga bantas.						

4. Naisama ang lahat ng anggulong dapat masuri sa mga elemento at aspekto ng komiks.						
5. Organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga katangian sa bawat kategoryang susuriin.						
6. Naisaalang-alang ang orihinal na anyo ng akda / obra maestra sa mga kategoryang susuriin.						
7. Nabigyang-pansin ang kritikal at malalim na pagsusuri sa kasiningan ng komiks.						
8. Natukoy ang mahahalagang konsiderasyon sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa kabuuan ng pamantayan.						

KABUUAN : _____

LAGDA

APENDIKS F

Talahanayan ng mga Ebalweytor

**MGA GURONG NAGBIGAY NG EBALWASYON SA BINUONG
PAMANTAYAN SA PANTULONG NA KAGAMITAN SA PAGTUTURO**

PANGALAN NG GURO	EDUKASYONG NATAPOS	PAARALANG PINAGTUTURUAN
Brenson Y. Andres	BSE major in Social Studies minor in Filipino	UP Integrated School
Katrina Paula V. Ortega	BSE major in Filipino	UP Integrated School
Shiela E. Gito	BSE major in Filipino	Sto. Cristo National High School
Dennis Van B. Grospe	BSE major in Filipino	Claret School of Quezon City
Edberly T. Maglangit	BSE major in Filipino	Dalandanan National High School – Bagbaguin Annex
Miriam Joy L. Perdigon	BSE major in Filipino	Dalandanan National High School – Bagbaguin Annex
Mercidita F. Sanchez	BSE major in Filipino	Philippine Science High School
Jenevieve A. Soliman	BSE major in Filipino	School of the Holy Spirit of Quezon City
Joana Marie R. Sy	Bachelor of Elementary Education	Galilee Christian Values Educational Foundation, Inc.
Angela Francia Timan	BSE major in Filipino	Dasmariñas North National High School

**MGA EKSPERTO SA LARANGAN NG KOMIKS NA NAGBIGAY NG
EBALWASYON SA BINUONG PAMANTAYAN SA PANTULONG NA
KAGAMITAN SA PAGTUTURO**

PANGALAN NG EKSPERTO	TRABAHO	KOMPANYANG KINABIBILANGAN
Dino Agor	<i>comic artist / cover artist / penciller</i>	Team Mixxfits / Paige 1 Productions / Faster Hamster Studio
Richard Benito	<i>digital artist / cartoonist</i>	Manila Times / Sunday Times / Graphic Artist Com.
Edgar Bercasio	<i>comic book artist / ilustrador / dibujista</i>	Atlas Publishing Company, Inc.
Karlo Cesar Cordero	patnugot / manunulat sa Filipino	Eksena Magazine
Randy Valiente	manunulat at dibujista sa komiks	Illustrator / Concept Artist Com.

APENDIKS G

**Pamantayang Nabuo sa Pagsusuri
ng mga Obra Maestrang Isina-
komiks Bilang Pantulong na
Kagamitan sa Antas Sekundarya
(Pinal na Kopya)**

**Pamantayan sa Pagsusuri ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan
sa Pagtuturo ng Obra Maestra**

Pamagat ng Komiks: _____

Pangalan ng Awtor: _____

Taon ng Publikasyon: _____

Naglathala: _____

Panuto: Lagyan ng marka ang bawat katangian ayon sa sumusunod na iskala:

4 – napakahusay

3 – mahusay

2 – katamtaman

1 – nangangailangan ng pagpapaunlad

I. MGA PANGNILALAMANG ELEMENTO		
ELEMENTO	MGA KATANGIAN	PUNTOS
Banghay	Malinaw na naipakikita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.	
	Maayos at malinaw ang transisyon ng mga eksena mula sa simula hanggang wakas.	
	Nakapupukaw ng interes sa maigting na pagpapalutang ng tunggalian.	
	Naisaalang-alang ang daloy ng orihinal na akdang pinaghanguan sa lohikal na paraan.	
Tauhan	Kapani-paniwala at konsistent ang mga katangian mula sa pinaghanguang tauhan sa orihinal na akda.	
	Nag-iisip at nagsasalita ayon sa eksenang kinapapalooban.	

	Naipakikita ang balanse o pantay na kalakasan at kahinaan ng pagkatao.	
	Madaling matukoy at makilala ang pangunahing tauhan.	
	Malinaw na nakikita ang relasyon o ugnayan ng mga tauhan sa isa't isa.	
Diyalogo o Usapan	Nauunawaan at malinaw na nakapaghahatid ng ibig ipakahulugan.	
	Konsistent at makatotohanan sa paggamit ng wika.	
	Naipakikilala ang katauhan ng mga karakter ayon sa pagsasalita.	
	Wasto ang baybay ng mga salita gayundin ang mga bantas at maayos na nakasunod sa tuntuning gramatikal.	
	Naisaalang-alang ang lalim ng mensahe ng orihinal na akda sa angkop na paggamit ng mga salita.	
Balloons	Tama ang paglalagay ng mga <i>balloons</i> upang itanghal ang nagsasalitang karakter.	
	Nakatutulong upang madaling masundan ang nagaganap na palitan ng mga diyalogo sa eksena.	
	Napalulutang ang damdamin ng mga tauhan at natutukoy ang tono sa angkop na paggamit ng iba't ibang uri ng <i>balloons</i> .	
Salaysay o Captions	May tamang haba sa pagsasalaysay ng mga partikular na tagpo.	
	Nakatutulong upang maipaunawa ang damdamin at kaisipang inilalarawan sa bawat eksena.	
	Lohikal sa pag-uugnay ng pagpapatuloy at transisyon ng	

	mga pangyayari.	
	Nailalarawan nang makabuluhan ang mga pangyayaring hindi nakikita sa kuwadro o hindi sinasabi ng mga tauhan.	
	Wasto ang baybay ng mga salita gayundin ang mga bantas at maayos na nakasunod sa tuntuning gramatikal.	
Pananaw o POV (<i>point of view</i>)	Mahusay at malinaw ang pagkakalahad ng personang nagsasalita sa kuwento.	
	Nakatutulong ang pananaw na ginamit sa madaling pag-unawa ng mambabasa sa takbo ng kuwento.	
	Nagdudulot ng kakintalan sa isipan kung saan makauugnay ang mambabasa.	
Tema	Nakatugon sa tema ng orihinal na akda.	
	Natatangi at walang tuwirang pangangaral sapagkat kusang lumulutang sa kabuuan ng kuwento ang tema.	
	Nagpapamalas ng mataas na pagpapahalagang moral at kamalayang panlipunan.	
Estilo	May natatanging konsepto sa paglalahad ng kuwento sa kabuuan mula sa mga tauhan, tagpuan at banghay.	
	Natural at madulas ang pagkakahabi ayon sa takbo ng kuwento ng orihinal na akda.	
	Mahusay ang pagkakabalanse ng mga larawan/ilustrasyon at ng mga pantekstong bahagi sa pagpapalutang ng kuwento at mensahe.	
	Gumamit ng mga angkop na kagamitang pangwika tulad ng konotasyon, imahen, tayutay at simbolismo na nakatulong sa pagpapaunlad ng kuwento.	

II. MGA TEKNIKAL NA ASPEKTO		
Pahinasyon	Wasto at walang naging pagdodoble sa bilang ng mga pahina.	
	Malinaw at may tamang laki ang pagkakasulat ng mga bilang ng pahina.	
	Nakatulong ang maayos na pahinasyon upang magabayan ang mambabasa sa bahaging hinahanap.	
	Makatuwiran ang dami ng pahina sa nilalamang kuwento nito.	
Kuwadro o Frame	May hustong sukat at hugis upang maitampok nang maayos ang mga tagpo.	
	Organisado ang pagkakahanay na nagpapakita ng dibisyon ng mga pangyayari.	
	Mahusay ang paggamit ng iba't ibang kuha o anggulo na nakatulong sa pagpapalutang ng <i>effect</i> sa eksena.	
	Naipakita sa mga kuwadro ang mga pinakamahahalagang bahagi ng orihinal na akda.	
Larawan / Ilustrasyon sa Loob ng Kuwadro	Malikhain ang pagkakaguhit sa mga tauhan na nakatulong upang malinaw na mailarawan ang pisikal na katangian kabilang ang paraan ng pananamit, tindig, ekspresyon ng mukha at pagkilos na may kinalaman sa kinapapaloobang pangyayari.	
	Angkop at matapat na nakatugon sa pagpapakita ng mga pangyayari at mga tagpuan mula sa orihinal na akda.	
	Malinis at mahusay ang pagkakaguhit na nakaeengganyo sa paningin ng mambabasa.	

	Epektibo ang paggamit ng mga simbolikal na representasyong may kaugnayan sa kuwento.	
	Natatangi ang estilo na kakikitaan ng makabagong pamamaraan ng pagguhit upang maisaalang-alang ang panlasa ng target na mambabasa.	
III. PANGKALAHATANG DISENYO NG KOMIKS BILANG PANTULONG NA KAGAMITAN		
	Naaangkop sa itinakdang paggagamitan at mga layunin ng aralin.	
	Akma sa kakayahan ng mga mag-aaral ang wika at presentasyong biswal.	
	May mahusay na kalidad sa makatuwirang halaga o presyo.	
	Madaling mahanap at maraming mapagkukunan.	
	May napapanahong hikayat o dating sa mambabasa.	
	Nagdudulot sa mga mag-aaral ng pagpapahalagang pampanitikan at panlipunan.	
	Nakatutulong sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral.	
	Nakahihikayat sa epektibong paggamit ng wika ayon sa konteksto.	
	Nagbibigay kahandaan sa mga mag-aaral sa paksa o araling tatalakayin.	
	Nakahihimok sa mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing magpapayaman ng kanilang pagkatuto.	

KABUUAN = _____

Interpretasyon:

166 - 220 = Napakahusay

111 - 165 = Mahusay

56 - 110 = Katamtaman

1 - 55 = Nangangailangan ng pagpapaunlad

CURRICULUM VITAE

Name Sharon Rose D.R. Aguila
Date of Birth October 18, 1988
Place of Birth Manila

Educational Attainment

Collegiate Bachelor of Secondary Education
Major: Filipino
Philippine Normal University; 2009

Honors / Awards Received and Other Achievements

Graduated Cum Laude
Philippine Normal University, Taft Ave., Manila
April 2009

Speaker : Recognition Day 2015
Deparo High School, Caloocan City
March 24, 2015

Speaker : *Gintong Ani* for FAL (Faculty of Arts and Linguistics)
Graduates
Philippine Normal University, Taft Ave., Manila
March 20, 2014
Cooperating Teacher / Demo Teacher :

(Aidai-GP Practice Teaching of Ehime University Students)
University of the Philippines Integrated School, Diliman, Quezon
City
January 18, 2014

Lecturer / Trainer : Ugnayan ng Pahinungod (Core Group Training
for Teachers), Tagkawayan Central Elementary School,
Tagkawayan, Quezon
April 10-13,2013

Speaker / Demo Teacher : Ikalawang Kumperensiya ng Pagtuturo
sa Filipino, Ateneo de Manila University, Quezon City
April 3-5, 2013

Cooperating Teacher / Demo Teacher :
(Aidai-GP Practice Teaching of Ehime University Students)
University of the Philippines Integrated School, Diliman, Quezon
City
January 16, 2013

Examiner, UP College Admission Test (UPCAT)
University of the Philippines, Diliman Quezon City
August 4-5, 2012

Judge : Paligsahan sa Pagsulat (Buwan ng Wika 2011)
University of the Philippines Integrated School, Diliman, Quezon
City
August 26, 2011

Judge: Timpalak sa Masining na Pagkukuwento (Buwan ng Wika
2010) Philippine Normal University, Taft Ave., Manila
August 20, 2010

Judge, Timpalak sa Talumpatian (Buwan ng Wika 2010)
Philippine Normal University, Taft Ave., Manila
August 16, 2010

Trainings and Seminars Attended

July 15-17, 2013	Mentoring the Mentors Program UP Integrated School Diliman, Quezon City
May 28-June 1, 2012	Teaching Effectiveness Course (TEC) UP Integrated School Diliman, Quezon City
November 28-29, 2011	Popularizing the Law (POPLAW): Seminar in Law-related Studies University of the Philippines Diliman Quezon City
November 4, 2011	Classroom Management Workshop UP Integrated School Diliman, Quezon City

September 19, 2011	Work Ethics Seminar-Workshop UP Integrated School Diliman, Quezon City
August 17, 2011	Child and Sensitivity Seminar UP Integrated School Diliman, Quezon City
July 16-17, 2011	Basic Leadership Training Course Quezon City GSP Council

Work Experiences

2011 - Present	Instructor II (Filipino Department) University of the Philippines Integrated School Diliman, Quezon City
2012 - 2013	Secretary, Faculty Club University of the Philippines Integrated School Diliman, Quezon City
2012 - 2013	Grade Level Coordinator University of the Philippines Integrated School Diliman, Quezon City
2013 - 2014	Adviser, Star Scouts University of the Philippines Integrated School Diliman, Quezon City
2011 - 2012	Adviser, Sangguniang Pangwika University of the Philippines Integrated School Diliman, Quezon City
2009 – 2011	Elementary and Secondary School Teacher (Filipino – Christian Living) School of Saint LaSalle of Quezon City Quezon City

Modules Written

Ningas: Modyul sa Pagtuturo ng Filipino 3 at 5
University of the Philippines Integrated School, 2011

Modyul sa Pagsulat
School of Saint LaSalle of Quezon City, 2009

Modyul sa Ibong Adarna
School of Saint LaSalle of Quezon City, 2009

Christian Living 1 Module
School of Saint LaSalle of Quezon City, 2010

**Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-komiks:
Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng
Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya**

**Mga Pinagbatayang Teorya,
Simulain at Pananaw sa Pagsusuri
ng Komiks**

- Kombinasyong Salita-Larawan (*Word-Picture Combinations*) Mc Cloud (1993;2006)
- Mga Elemento at Aspekto ng Komiks
 - Gimena (2011)
 - Valiente (2009)

**Mga Bahaging Sinuri sa mga
Obra Maestrang Isina-komiks**

- ugnayan ng mga salita at larawan
- transisyon ng mga eksena
- pangnilalamang elemento - banghay, tauhan, diyalogo o mga usapan, salaysay (*caption*), pananaw o POV (*point of view*), tema at estilo
- teknikal na aspekto – pahinasyon at kuwadro

**Mga Pinabatayang Teorya
Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng
Pantulong na Kagamitan**

- Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa (*Motivation Theory in Reading*) Guthrie & Wang (2004)
- Pangkalahatang Prinsipyo sa Pagbuo at Pagpili ng Pantulong na Kagamitan
 - Lardizabal et al. (2002)
 - Tomlinson (2001)

**Mga Krayterya sa Pagsusuri ng
Pantulong na Kagamitan**

- mga panloob (*intrinsic*) na motibasyon sa pagbasa (kuryosidad, kabahagi, preperensya sa mapanghamong materyal)
- kaangkupan ng materyal sa itinakdang paggagamitan nito
- pagiging akma ng materyal sa kakayahan ng mga mag-aaral
- kalidad ng materyal
- paghubog ng kamalayang kultural
- paggamit ng wika ayon sa konteksto
- paghahanda sa araling tatalakayin
- pagsasangkot sa mga gawaing pampagkatuto

**Nabuong Pamantayan
sa Pagsusuri ng
Komiks Bilang
Pantulong na
Kagamitan sa
Pagtuturo sa
Antas Sekundarya**

1.3 Paradigma ng Pag-aaral